ART: Hindi naman. I think it's helpful pa nga. Actually, complementing ang work ng isang president who is also governor. Tamo, madaling makuha ng Unibersidad ang mga kailangan nito.

LEA: With strings attached.

ART: E hindi mo maiiwasan 'yan. Ganun 'yun e. Eto ang hindi mari-realize ng mga mag-iimbestiga, lalong-lalo na 'yung kunyari ay maglilinis nitong institusyon.

LEA: Sina Atty. Javier.

ART: Alamo mo, being Governor and University President at the same time definitely has its advantages.

LEA: Like one position enhances the other.

ART: In another instance, sa atin. Don't you think our careers here have been, aaahhh, intricately linked ... complementary ... Like me helping you out and you helping me out. You bringing in the clients. I, facilitating the approval of their bids. The Department Chairman - Executive Assistant tandem. Both of us, mutually fulfilling each other's needs, professionally and ... otherwise. Marami rin tayong nagawa.

(Lalambingin. Hahalikan si Lea. Matitigil.)

LEA: I'd rather not talk about it.

ART: You have to admit it.

LEA: Tapos na e.

ART: Tapos na?

LEA: Palagay ko, ang desisyon natin ay ang gawing iba ang mga rota natin. You go your own way, I go mine. Art, dumating na tayo sa point na kelangang magdecide.

ART: Anong point? Point of no return ngayon. Hindi tayo puwedeng maghiwalayan.

LEA: Ayoko ng diskusyon.

ART: Hindi puwede. Hindi mo lang puwedeng daan-daanin ito sa mga snap decisions na katulad ng ginagawa mo ngayon.

LEA: Desisyon ko ito.

ART: And where does that put me?

LEA: Wala tayong pinag-usapan.

ART: Basta ba nating sasayangin ang dalawang taon? We can still work this out.

LEA: May chance ka pa sa labas. Wala ka nang magagawa rito.

ART: I still can work this out.

LEA: E sabit ka na. ‘Yung mga construction deals na pina-facilitate mo. Unliquidated cash advances. Electioneering. ‘Yung Student Union building na hindi matapus-tapos. Do I have to enumerate all of these? Practically damay ang lahat. Ang buong management. You’re with the whole bunch. Paano mong matatakanan ito? Whatever discriminating evidence there is are all over the place, not to mention witnesses to your overzealous openness of support to the top management. Marami ang matutuwang mag-witness laban sa iyo.

ART: Alam kong practical lang ang ginawa ko.

LEA: Noon. Hindi na papasa ngayon ‘yang definition mo ng “practical.”

ART: Ano ang pagkakaiba?

LEA: Marami. For one, iba na ang namamahala. Natural na ang mga tauhan nila ang papalit. That’s how the whole system works. The spoils to the victors.

ART: (*Tahimik. Pupunta sa may bintana, dudungaw sa labas.*)
Iba na ang panahon. Tag-init na, umiiksi ang gabi ngayon.

Nami-miss ko na tuloy ang fog.

LEA: (*Lalapit kay Art.*)

Ang sarap maglakad sa gitna ng fog. Tuwing hapon kung makapal na ito, nawiwiligan ang mukha mo ng mga patak. Pag sumasama ang loob ko, lumalabas akong nag-iisang naglalakad sa gitna nito. Hindi mahahalata ang mga luha ko kapag naghahalo ito sa mga patak ng panahon. Madalas mangyari ito. Nakaka-miss din ano?

ART: Madalas ba tayong mag-away?

LEA: Hindi naman sumasama ang loob ko 'pag nag-aaway tayo. Kasama 'yun e.

ART: Lagi naman kitang sinusundan.

LEA: (*Ngingiti.*)

Alam ko. You wanted to make me feel good. Gusto rin kitang pasayahin. At least hindi ako guilty dahil binigay ko rin ang gusto mo. Minsan, naiisip ko, why of all people, ikaw pa. Despite your quirks, mabait ka rin sa akin.

ART: Dahil restricted ba ang mga galaw natin?

LEA: Siguro. Siguro ang childhood ko. Siguro nagse-self pity lang ako. I don't know.

ART: At least, kahit na nagyayakapan tayo, hindi napapansin ng iba. Kahit ano pa ang gawin natin. Parang kulambo kasi e. Pero ngayong lumilitaw na ang mga bundok. Napapansin mo na ang lawak ng golf course.

LEA: Ang daming nagde-date.

ART: Mamaya, unti-unting mawawala ang mga 'yan. D'yan na sila magtatago sa mga puno. Sigurado kong nami-miss din nila ang fog. Wala na silang ibang matataguan pa.

LEA: Romantic ba? Alam mo, ito ang first impression ko noong unang dating ko rito. November noon. Dahil sa fog, siguro. Pero nawala rin 'yung impression kong 'yon.

ART: Ano'ng nangyari?

LEA: Wala. State of the mind lang 'yun e. Parang gusto ko lang isipin na romantic ang setting. After a few months, nawala rin. Realist lang siguro ako.

ART: (*Nakatingin sa malayo.*)
 Tingnan mo ‘yung dalawa o. Doon sa sand trap. Mautak din si lalaki. Hindi sila mahuhuli r’yan.

LEA: Di ba makati r’yan? How un-romantic naman.

ART: Wala nang makati-kati r’yan.

LEA: Basta’t iba ang kinakati ano?
 (*Tawanan.*)
 ‘Yung mag-holding hands at hanggang doon na lang, ‘yun ang romantic. But it doesn’t happen that way.

ART: Ganyan ka ba ka-naive noon?

LEA: Take note na nanggaling ako sa isang girls school sa Manila. On the brink of extinction na ang holding-hands-type.

ART: Hindi naman nahuhuli rito, di ba?

LEA: Minsan, sobra pa nga e. You taught me a lot of experiences.

ART: Mahusay kang estudyante—

LEA: I was a girl when I came here. Pero hindi naive. Furthest from that. I wanted a change in environment. Suffocating na kasi ang Manila. Marami akong plano, para sa sarili ko. I promised myself a year, maybe two, but I stayed for four. Ang tagal din ano? The last two years were really not the worst times of my life.

ART: Admin Assistant pa lang ako noon. Apat kayong nag-apply.

LEA: Oo nga pala. I really haven’t asked you. Seriously. Ba’t ako’ng napili?

ART: Merit.

LEA: Merit? H’wag mong sabihin sa akin ‘yan. I was a young college graduate, without honors, walang M.A. Sa Manila office pa ninyo ako nag-apply.

ART: I don’t know. Basta’t dumating na lang ang papers sa office. Tinanggap ka na raw. The next week, pinatawag ka.

LEA: Oh well, hindi ko rin masasabi na kabagut-bagut ang mga nangyari sa akin dito.
 (*Tatawa sa sarili.*)

Hindi ko rin masisisi ang mga colleagues ko sa kanilang inggit sa akin. They always say I'm close to the gods. True naman, hindi ba?

ART: *(Ngingiti.)*

You always got what you wanted.

LEA: But not without hard work.

(Yayakapin si Art mula sa likod. Dadaplis-daplisang ng halik ang batok at leeg ni Art.)

I really did have grandiose plans. Like one day, magiging boss ako ng isang daang tao, even more. Sa isang utos ko, yayanig ang buong opisina. At gusto ko, 'yun sanang bilib na bilib ang mga tao sa akin, lalong-lalo na kayong mga lalake. Gusto ko 'yung 100 employees ko lahat lalake para puro "yes M'am" ang maririnig ko. Pero hindi ko naman sila sasadistahin, pahihirapan ko lang. At kung hindi ko sila makikita, mararamdaman ko na panay ang tingin nila sa akin, para bang gusto nila akong angkinin. Gusto nila pero hindi nila masabi.

ART: Nagsisisi ka ba ngayon?

LEA: Ba't ako magsisisi? Darating din ang panahon at matutupad ang mga planong 'yan. Napatagal nga lang.

ART: Natupad din ang iba ng mga gusto mo, di ba?

LEA: Well, nakinabang din ako sa Unibersidad, pero small-time lang 'yun. Of course, hindi natupad 'yung pagiging boss ko ng isang daang lalake.

(Tatawa.)

ART: Anong i-expect mo sa four years? Marami nga r'yan magte-ten years ni hindi pa rin sumusulong.

LEA: Hindi sila marunong.

ART: You got your chairmanship in four years—

LEA: *(Sarcastic.)*

Big deal—

ART: Sa last four years, apat na beses kang na-promote. You receive honoraria for four various jobs. Free housing, regular travel. Not bad.

- LEA: Hindi ring masama ang nangyari sa ‘yo, di ba?
- ART: I had other plans. Malapit na sana maging akin ang Assistant Vice Presidency. Sabi ni Boss, OK na raw. Tapos ito.
(*Patlang.*)
Hindi yata matutuloy.
- LEA: E anong gusto mong mangyari ngayon?
- ART: Hindi ko alam. Hindi ko alam na ganito ang mangyayari. Wala akong plano.
- LEA: Pinaplano pa ba? Sa akin oido lang. Play by ear. Ang decision yata’y iniimpluwensya lang ng mga circumstances e. Alam mo, ‘yung pag-transfer ko rito, snap decision ko rin ‘yun e. Maraming hassles sa Manila. I supported myself through college working in a Government Housing Agency, sa department na nagbibigay ng mga kontrata. I had to support myself dahil Papa wasn’t too keen to see me through college. Tatlo kaming babae sa pamilya. He was living in with his third girl, after Mama. Naawa ako kay Mama, masakitin. Malaki rin ang sakripisyo niya para sa amin. Namatay siya noong senior year ko, three days before graduation day. So, maaga pa lang natuto na akong mag-survive.
- ART: Ba’t hindi mo pinagpatuloy ang trabaho?
- LEA: Wala kang future sa office na ganyan. Lahat ng privileges nadudugasan ng top management. Talamak ang pagkokomisyon. Minsan as high as fifty percent ng project cost. Hindi kami nagkasundo ng sadista kong boss. Quit ako.
- ART: E hindi ako pwedeng mag snap decision na tulad ng ginagawa mo.
- LEA: Dahil malaki ang puhunan mo, ‘no? Pero Art, hindi pa naman tapos e. Malay mo, masuwerte ka sa labas.
- ART: Hindi ganyan kadali. After this, magkaka-stigma na ako.
(*Saglit na katahimikan.*)
Sabihin mo sa akin, babalik ka ano?

(Dahan-dahang lalapit ang mga labi ni Art sa mga labi ni Lea. Kikilos ng pahalik si Art. Mukhantg sasagot si Lea. Biglang kakalas si Lea sa mga yakap ni Art.)

LEA: Huwag na tayong mag-sentimyento pa.

ART: Mukhang overwhelmingly important itong mga bagong plano mo. Si Javier.

LEA: Future ko ito, Art.

ART: Oo nga. Future mo nga. Hindi mo ba makita? Puwede ka niyang gamitin laban sa amin.

LEA: What do you mean?

ART: I mean puwede ka niyang ipa-reveal ng mga bagay-bagay tungkol sa amin.

LEA: At ano naman ang alam ko?

ART: It won't matter. Mga kuwento mo lang can lead her to suspect. The pieces of evidence merely follow. Ginagamit ka niya.

LEA: You think hindi ko ito mahahalata?

ART: Matalas siya. So that explains why all of a sudden, out of nowhere pops mysterious fairy godmother and offers innocent Cinderella a high-paying assignment. Gagamitin ka niya.

LEA: Hindi ako ganyang kababaw. Iniinsulto mo ako.

ART: E ano pa ang ibig sabihin ng bigla mong pag-alis. Habang kami ay maiipit dito dahil sa mabusising paghuhukay ng Atty. Javier na 'yan, bibigyan ka ng mataas na posisyon, on a silver platter pa. Wala nang ibang dahilan ang sudden interest niya sa 'yo. Hindi naman matalik ang pagkakaibigan n'yo. I should know. Lagi kitang kasama, and you never mentioned a word about her to me. What else explains your sudden change of plans? She's using you Lea.

LEA: *(Madiin.)*

Whatever dealings I have with her are purely professional.

ART: Hindi mo siya kilala.

LEA: So?

ART: Kung kilala mo nga ay passing acquaintance lang. OK, so you met in one conference. So what? By now she should have forgotten you. Sa mga ganyang klaseng tao, one meeting cannot make an impression. Unless may gusto siyang kunin sa 'yo. And this is it!

LEA: I met her in a conference several months before all these took place. But that was only the first time.

ART: You mean there were other times?

LEA: Director for Mindanao ako ng League of Filipino Women Educators. Siya ang National President. May board meetings kami twice a year.

ART: Kilala mo siya.

LEA: Bakit hindi? Surprised?

ART: (*Matitigil.*)
Matagal na kayong makakilala. Hindi ko alam 'yan.

LEA: Anything that has to do with women and their professional careers do not excite you. Other things about women do. So hindi ko na binanggit. Insignificant naman e.

ART: At matagal mo nang alam na siya ang magiging head ng investigating team.

LEA: Hindi mo naman malalaman kaagad ito. Iisang buwan pa lang naman ang Cory Government. Three weeks old pa lang ang pagpili kay Javier. That had to happen. Opposition siya noon e.

ART: (*Nagdududa.*)
Kelan siya darating?

LEA: Monday.

ART: Alam na alam mo a.

LEA: Of course. Nagsusulatan kami.
(*Tititig lamang si Art kay Lea.*)
Nakatunganga ka.

ART: May choice ba ako ngayon? May alam ka tungkol sa imbestigasyong ito?

LEA: Kaunti.

ART: Gaanong kaunti?

LEA: *(Manunuya.)*
Not enough to turn state witness.

ART: Sabihin mo sa akin.

LEA: Kelangan pa ba nating pag-usapan ito?

ART: Bakit hindi? Involved tayong dalawa. I'm going to sink down the drain, you're being promoted.

LEA: OK. Sinulatan ako tungkol dito.

ART: Kelan?

LEA: Hindi ko maalala?

ART: Kelan?

LEA: One of those letters, in passing.

ART: Sabihin mo sa akin. Kelan?

LEA: Three weeks ago.

ART: At hindi mo lang binanggit sa akin. Partner mo ako, hindi ba? O nakalimutan mo na 'yan? Lintik!
(Pupukpukin ng kamao ang mesa. Tatahimik si Lea. Malambing.)
Magkasama tayo ng dalawang taon. Kilalang-kilala mo ako, kilalang-kilala kita. We had great times together.
(Hahawakan si Lea sa balikat.)
Hindi mo mapagkakaila 'yan. Alam mo na pag kailangan mo ako, nand'yan ako. Masaya tayo. Exciting buhay natin. Dito mismo sa opisina mo, ginagawa natin. Mas exciting lalong-lalo na kung nagtatago tayo. Palihim. Sa classroom, once. Sa gitna ng lahat, kahit office hours. Mas exciting kung may dadaan sa labas, hindi ba? Hindi natin alam kung kakatok siya o hindi. Dito ka nate-turn on. At kung may kakatok man, bigla na lang tayo tatahimik. Humihingal pa man, pero parang walang tao sa loob. Hanggang mapapagod sa kakatok, at maririnig na lang nating paalis na kung sino man siya. Pagkatapos, arya na naman. Mas mainit. Walang pakialam sa mundo.

(Hahagkan si Lea. Kikilos ng pahalik. Papalag si Lea. Mapuputol.)

LEA: Sabihin mo na ang gusto mong sabihin.
ART: (*Tahimik.*)
Tutulungan mo ako.
LEA: Paano?
ART: Kaibigan mo si Javier, hindi ba?
LEA: (*Tititig kay Art. Sandaling pag-iisip.*)
Hindi ko gagawin ‘yan.
ART: Ano?
LEA: Hindi ko gagawin ang binabalak mo.
ART: Bakit?
LEA: Hindi ako magpapagamit.
ART: Hindi kita gagamitin. Tutulungan mo lang ako.
LEA: Ayokong maging instrumento ng mga plano mo.
ART: Hindi ka magiging instrumento. Natural lang na tutulungan mo ako. Hindi lang tayo magkaibigan, di ba?
LEA: Ba’t ayaw mong mag-give up?
ART: Ano bang nangyayari sa ‘yo?
LEA: Di ka pa ba naniniwala na mahirap matupad ‘yang mga binabalak mo?
ART: Matutupad ito kung gagawin mo. Malakas ka sa kanya, hindi ba?
LEA: If I say a good word about you, that doesn’t guarantee na libre ka na.
ART: Hindi ko alam kung ano ang gagawin mo, pero tutulungan mo ako. Kung papaano, ikaw ang bahala. Mahusay ka naman d’yan, hindi ba?
LEA: Kataksilan ‘yan.
ART: So what? Ang choice mo naman e siya o ako.
LEA: I can’t renege on someone who’s helping me.
ART: Pinipili mo siya?
LEA: Aabusuhin ko ang kagandahang loob niya sa akin?
ART: Tutulungan mo ako o hindi?
LEA: May delicadeza pa ako Art.

ART: *(Mahigpit na hahawakan si Lea sa balikat.)*
Kelan ka pa naging moral?

LEA: *(Papalag.)*
Hayup ka!

ART: Naiisip mo ang sarili mo, iniisip ko rin ang sarili ko. Patas. Hindi ba team tayo? Third person lang naman siya.

LEA: Anong team? We never were a team.

ART: Never a team? Remember, ikaw ang kumokontak sa mga prospective bidders sa Manila. Ako lamang ang nagpa-facilitate na matanggap ang kanilang kontrata. Nag-share tayo sa profits. Wala kang utang na loob.

LEA: Anong utang na loob? Wala tayong pinag-usapan na ganyan.

ART: You owe me and you know it.

LEA: Kung may utang man ako, nabayaran na kita.

ART: Hindi mo ako mababayaran. Natulungan kita. Natural lang na babayaran mo ako. Ngayon na ang best time.

LEA: Hindi ako magpapautos sa iyo.

ART: No! Susunod ka sa akin.

LEA: Natalo ka, Art. Hindi mo ba napapansin ‘yan?

ART: Hindi ako maggi-give up. Pinaghirapan ko ang pag-akyat sa position ko na ‘to. Ilang taon din akong sumipsip?

LEA: Inaamin mo.

ART: Achievement yan. ‘Yan ang reality, e. Kahit sa pagsisipsip, kelangang mo ng talent. Hindi madaling gawin ‘yan. Marami kang naaapakan. I worked hard. If things only worked out the way we expected them to be—

LEA: They didn’t—

ART: Alam mo naman ito—

LEA: Nakipaglaro ka sa kanila.

ART: I had to play their game.

LEA: At talo ka.

ART: Pero hindi pa tapos.

LEA: Play another game.

ART: Wala nang ibang laro. Win or lose, you're supposed to be with me. You owe that to me.

LEA: I promised nothing. Besides, my decision has nothing to do with you.

ART: After two years. Saan ang sense of gratitude mo? Hindi mo ba ako iko-consider? Aalis ka na lang?

LEA Ang sentimental mo naman.

ART: At ang manhid mo.

LEA: Ayoko na, e.

ART: After using me?

LEA: I never thought of it that way.

ART: E, ano pa?

LEA: OK. It was nice knowing you. Whatever happened between us... Well, happened between us. Period. 'Yun yon e. Now if you'll please excuse me? My plane leaves at nine tomorrow.

ART: Just like that. May utang ka. Inaasahan kong mababayaran ito.

LEA: Ganyan ba? Para kang batang gustong bawiin ang lollipop.

ART: Nagsakripisyo rin ako—

LEA: Sakripisyo.

ART: Naghirap.

LEA: Naghirap?

ART: E ano pa ang tawag doon? Pa hide-and-peek para maitago ang lahat kay Clara, sa buong campus.

LEA: Nakuha mo ang gusto mo.

ART: But not without risks. Alam mo nang pinagtsitsismisan na tayo. There were good things going for me. Respect. Prestige. The award. A scholarship to the U.K. The Assistant Vice Presidency. Akala mo bang madali ito?

LEA: Problema mo 'yan.

ART: Problema mo rin 'yan! E kung nagkabalgaran, e di iskandalo. Talsik tayong dalawa.

LEA: But you wouldn't stop. You couldn't stop.

- ART: Ginawa ko ito para sa iyo, hindi mo ba nakikita ‘yon? Para sa mga luho mo. Kaya hindi mo ako masisisi. Ginamit mo ako para sa ambisyon mo.
- LEA: Hindi natupad ang mga ambisyon ko. Kung ginamit man kita, kapalpakan ang kinalabasan.
- ART: Ayun. Ina-admit mo na.
- LEA: Kapalpakan mo. Hindi ko kapalpakan. H’wag mo akong idamay sa pagbagsak mo. You can leave me now.
- ART: You know what I had to go through para matupad lang ang mga ito? Para akong tuta. Chu-chu nang chu-chu sa kanila. binigyan ako ng assignment noong election, kelangan zero daw ang kalaban. Ginawa ko ang lahat. Kinumbinse ko’ng buong teaching staff bumoto sa kandidato nila. Bayaran ang mga tao kung puwede. At kung sakaling may magkamaling sumulat ng pangalan ng kalaban sa balota, siguraduhin na hindi ito mabibilang. Sinunog namin lahat ng mga legitimate na ballots. Pinalitan ng mga bago na na-fabricate sa office ko pa. Zero ang kalaban! Lintik!
- LEA: And you’re paying for that now! H’wag mo akong itali sa kasalanan mo.
- ART: You were with me all along. In effect, accomplice ka. Kasabwat!
- LEA: E di ibulgar mo. Sige. Ibulgar mo. Ano ang ikinatatakot mo? Alam mo, natatakot ka dahil wala kang real accomplishments, ‘di ba? Pati yung award mo—parang hindi ko alam kung papaano mo naistrok ‘yan. Nag-survive ka lang dahil sa patronage, paghihigup kay Boss. Kay Pres. Ngayon na mawawala na sila, wala ka na rin. Naiinggit ka sa akin dahil may trabaho ako. Dahil promoted ako. Hindi ba? Ngayon dahil wala ka nang ibang mapupuntahan, gusto mo akong gamitin. Gaya ng paggamit mo sa asawa mo para ma-employ ka rito.
- ART: Qualified ako. I’m a self-made man. Nandidito ako ngayon dahil sa merit at pagsisikap.
- LEA: Kung may merit ka man, hindi ka mahihirapan maghanap ng isa pang successful career sa labas.
- ART: I resent this. Ano ako, laru-laruan?

LEA: Tapos na ang mga laro. Practical ako. Ayokong ma tie-down.
ART: Pinaglaruan mo ako.
LEA: Go look somewhere else. Hindi ba, mas practical ka?
ART: There is nowhere else.
LEA: Then, talo ka.
ART: Don't you dare call me a failure! Natupad ang gusto mo dahil sa akin! Putang ina mo!
LEA: Hindi ako naniniwala that this one's coming from you. Someone who used to be so pragmatic is now suddenly breaking down.
ART: May relasyon tayo—
LEA: Our whole affair was a sham!
(*Katahimikan.*)
Gusto kong maalala kitang malakas, authoritative. Imposing. H'wag mong sirain ang impresyon ko sa 'yo, Professor. Lord and Master ka palagi, hindi ba? Kahit sa mga sex games natin. Ako 'yung mahina, babae, sweet virgin nakataling naghihintay sa kanyang Lord na magtatakas sa kanya mula sa sadista niyang Master. Mga impresyon na 'yun parang peklat na mahirap tanggalin. Parang mga pasa sa katawan ko dahil sa ating mga laro. Oo nga. Mga laro 'yun. Mahusay akong artista. Hindi na ito laro ngayon. Hindi na ako umaarte.
ART: You needed a good fuck, I gave it to you.
LEA: (*Tatawa.*)
Who needed the good fuck? Remember, you are the one married to an undersized bore.
ART: Putang ina. Malandi ka.

(*Hahalikan si Lea. Hahagkan. Masimbuyong halik. Walang reaksiyon si Lea.*)

LEA: (*Malamig.*)
Tapos ka na? Kung gusto mo pa, may isang gabi pa ako rito. Bukas pa naman ang alis ko.
(*Bubuksan ang blouse. Ipaasilip kay Art ang dibdib.*)

Ganyan ako magpakita ng gratitude. Bawian lang, hindi ba? Our lives have been intricately linked, one enhancing the other.

(Sa galit, sasampalin ni Art si Lea. Hindi kikibo si Lea, ngingiti lamang.)

Nakakalimutan mo, sanay ako sa mga parusa mo. Tapos ka na Professor Arturo Cortes. Tapos na ang pagsasadista mo sa akin. Tapos na rin ang career mo sa unibersidad.

ART: Tapos na kung tapos. Pero hindi ko palalampasin ito nang wala akong gagawin. Sisirain kita!

LEA: Gawin mo.

ART: Kung babagsak ako, isasama kita.

LEA: Kaya?

ART: Ang lakas ng loob mo. Pwede kong ibulgar ang mga deals mo rin dito. Sa bagay, sira na rin ako. Wala nang mawawala sa akin.

LEA: Magagawa mo kaya?

(Tatawa.)

Para ka palang bata.

ART: Dare me! Darating ang investigating team next week. Makikita ko si Javier. Babawiin niya ang rekomendasyon pagkatapos niyang mapakinggan ang sasabihin ko. Isasama kita sa basurahan.

LEA: *(Tatawa uli. Confident.)*

Kilala ko si Precy Javier. Actually, we've known each other for quite some time. She has her needs. I give them to her. Katulad ko, wala rin siyang asawa. Ayaw niya ng lalaki. May affair pa tayo, intimate na kami. She suggested na hiwalayan na kita. Pero sabi ko, h'wag muna. Hindi pa tama ang panahon. Not until now. Sige, subukan mo. Baka makinig siya sa iyo.

(Tahimik si Art. Sisindi ng sigarilyo si Lea. Hihitit ng malalim.)

Naaawa ako sa grupo niyo. Inutil kayo. Bulgar kasi kayong kumilos. Garapal. Bumalik ka na sa asawa mo. May gamit pa rin siya sa iyo. She can offer you some of her sympathies.

(Hihithit, bubuga, relaxed.)

Don't worry about me. I'm going places.

(Lalapit kay Art. Hahalikan siya sa labi. Walang kibo si Art.)

Sampalin mo pa ako, gusto mo? Nasa mood akong makipaglaro sa iyo ngayon.

(Itatapon ang sigarilyo sa sahi. Aapakan upang patayin ang sindi.)

Ayaw mo? Sige. Aalis na ako. Late na e. Marami pa akong gagawin.

(Ibubutones ang blouse. Magdadala ng bag. Tutungong pinto, titigil.)

Maraming opening sa Mondragon. Mag-mekaniko ka na rin, magtinda ng cosmetics o kaya Tupperware. Paki-lock ng office paglabas mo.

(Lalabas. Susundan ng tingin ni Art. Unti-unting didilim.)

Wakas

KUWATRONG KUWADRO

Jose Victor Z. Torres

MGA TAUHAN

Jessica

Albert

Marta

Bert

Allan

Lynette

Mitch

Lola Trining

Photographer

Unang Eksena

(Magbubukas ang ilaw sa entablado. Sa kuwarta ni Jessica. Umaga. Nakatayo si Jessica sa harap ng dresser niya. Naka-bathrobe lang siya at tsinelas na pambahay. May kausap siya sa cellphone. Sa kama niya ay makikita ang kanyang bridal gown at iba pang accessories.)

JESSICA: *(sa telepono)* Nine-thirty ang dating ng flight niya bukas. E alas-diyes ang kasal. Ang sabi niya he'll come straight from the airport. Ngayon tatawag siya sa inyo na delayed ang flight niya? Nasaan na ba siya? *(patlang)* Sinabi ko naman kasi sa kanya na

kumuha na siya ng mas maagang flight para makapagpahinga pa siya dito. O ngayon tignan mo ang nangyari. Saan daw na-delay ang flight? Doon pa lang sa point of origin? E paano na 'yan? Baka sa isang araw pa ang dating niya dito. Diyos ko naman si Daddy para naman hindi nag-isip. Bago pa siya makarating dito e tapos na ang lahat. Sinabi na kasi... e ano pa nga ba ang mangyayari? E di walang maghahatid sa akin sa altar. Alanganin naman pauwiin ko at pabalikin kinabukasan ang guests, ang caterer, at ang pari? (*bubuntunghininga*) Kung bakit naman kasi... O sige, sige na, Tita Adel. May appointment pa ako. Bahala na kung anong mangyayari bukas.

(Papatayin ni Jessica ang cellphone at ibabato ito sa kama.)

Anong malay ko ba kung wala siyang balak dumating.

(Uupo si Jessica sa harap ng salamin ng dresser at titingnan ang sarili.)

Ikaw kasi. Ikaw kasi. Naniniwala ka pa kasi sa kanya. Gusto mo pa rin sundin ang wishes niya. Naniniwala ka pa rin ba na ihahatid ka sa altar tulad ng pinangako niya sa 'yo more than ten years ago? Kahit na naghiwalay na sila ni Mama? O, asan ka na ngayon? Wala kang magagawa if he wanted to do things his way. Tigas kasi ng ulo. ito na ang napala mo. Magmamartsa ka ngayon mag-isa sa altar. Buti pa itong si Alex, kasama ang nanay at tatay. Si Kuya Bert na lang ang alternative. Tapos, kapag nagkuhanan ng litrato, kulang na naman. Dati either wala si Papa o si Mama. Kaming magkakapatid lang with friends and relatives. How many family portraits do we have through the years? Four.

(May bubuksan si Jessica na drawer sa dresser at maglalabas ng isang album na sukat ng isang hardbound na libro.)

Nakakatawa isipin, no? Ang kuwento ng aking pamilya ay puwede mabuo lang sa apat na litrato. Apat na litrato ng iba't ibang okasyon na nakumpleto tayo kahit sandali. Maingat kong tinago ang mga ito. Yung file ng mga kuhang iyon pinagkaingat- ingatan kong i-store sa hard disk ko at sinigurado kong may hard copy at soft copies. Ayaw ko kasing mawala. Inisip ko kasi... kung mawala ang kahit isa nito ay parang nawala na isang bahagi ng paglaki ko.

(Unti-unting magdidilim ang entablado sa bahagi ni Jessica. Sa isang projection screen ay makikita ang unang litrato sa apat na binabanggit ni Jessica. Makikita dito ang mga kapatid na lalaki ni Jessica na si Bert at Allan; ang mga magulang nila si Marta at Albert; at ang Lola Trining nila. Maririnig ang pagkanta ng "Happy Birthday".)

Ikalawang Eksena

(Magbubukag ang ilaw sa entablado. Sa bahay ni Lola Trining. Hapon. Ika-75 na kaarawan ni Lola Trining. May hawak si Marta na birthday cake na may nakasinding mga kandila. Matatapos na ang pagkanta nila ng "Happy Birthday." Hihipan ni Lola Trining ang mga kandila. Magpapalakpakan sila.)

MARTA: Anong wish niyo, Ma?

BERT: Oo nga, Lola. Anong wish niyo?

LOLA TRINING: Setenta'y singko na ako. Ano pa ba ang mahihiling ng isang matandang tulad ko?

ALLAN: Aba, marami pa, Lola.

ALBERT: Tulad ng?

ALLAN: Good health, Dad.

BERT: Wealth

MARTA: Parang ilang taon nang meron ganyan ang Lola niyo.

BERT: Puwedeng world peace?

(Magtatawanan sila.)

ALLAN: Boypren, Lola.

BERT: Puwedeng isa pang apo. Para naman masira ang trend ng pagkakaroon ng unica hija sa pamilyang Sison.

MARTA: Hoy, kayong dalawa. Tama na ‘yan.

ALLAN: Puwede pa naman magkaroon ng boypren si Lola, a.

BERT: Hindi naman siguro niya nami-miss.

LOLA TRINING: Ang mga batang ito! Ang babastos!

BERT: Joke lang, Lola

MARTA: Ikaw talaga, Alberto Sison, Jr., pareho kayo ng tatay mo.

ALBERT: O, nasama ako sa usapan na ‘yan

ALLAN: Mga green-minded daw kayong mag-ama.

BERT: At ikaw?

ALLAN: I’m the fun-loving son.

MARTA: O, siya, siya. Tama na ‘yan at naghihintay na ang pagkain sa mesa.

ALLAN: Teka, picture muna.

ALBERT: Bago kasi ang kamera.

ALLAN: Oo. And the perfect time to use it is this occasion.

BERT: Teka. Hindi tayo kumpleto.

ALLAN: Hayaan mo na ‘yan. Humabol na lang siya.

LOLA TRINING: Asan si Jessica?

ALBERT: Nag-overnight sa best friend niya. May tinatapos silang school project.

LOLA TRINING: Dumaan si Jessica dito kaninang umaga para tumulong sa pagluto. Babalik ba siya, Marta? Hindi mini-miss ng apo ko ang birthday ko.

MARTA: Darating ‘yon, Ma. ‘Wag kayong mag-alala. Baka na-traffic lang ‘yon.

ALBERT: Alam niyo naman na mahal kayo ni Jes.

LOLA TRINING: Huwag muna tayong magkuhanan habang wala pa si Jessica.

ALBERT: Magkuhanan na lang tayo pagkatapos.

ALLAN: Kung makakarating pa si Jes by that time.

BERT: Darating ‘yon.

(Maririnig ang pagkatok sa pintuan.)

BERT: Nakita mo na? Siya na ‘yon

(Lalabas sandali si Albert at pagbalik ay kasama si Jessica.)

JESSICA: I’m here.

(Lalapit si Jessica kay Lola Trining at yayakapin ito.)

JESSICA: Happy birthday, Lola.

BERT: *(kay Allan)* Sinabi ko sa ‘yo, e.

LOLA TRINING: Akala ko hindi ka na darating.

JESSICA: Nanay Trining naman. Alam niyo naman kayo ang favorite lola ko. *(May ilalabas na regalo sa bag at iaabot kay Lola Trining)*
Eto. I made this just for you.

LOLA TRINING: Salamat. Ano ito?

JESSICA: A string bracelet. Gawa ko ‘yan.

ALLAN: Hu! Sipsip. Buti kung gawa mo nga. E binili mo lang ‘yan sa gift shop sa harap ng school.

JESSICA: Hoy, big brother! Special parati ang regalo ko kay Lola.

ALLAN: O, sige na. Sabi mo e.

LOLA TRINING: Mga batang ito. Salamat uli, apo.

MARTA: Puwede na ba tayo kumain?

JESSICA: Ano ang handa?

LOLA TRINING: Kunwari ka pa. E di ang ginawa nating pastel de lengua.

JESSICA: Let’s go!

ALLAN: Takaw.

BERT: Dalian na natin at baka ubusin pa ni Jes lahat ‘yan.

JESSICA: Che!

(Lalabas ang pamilya papunta sa dining room nang tutunog ang cellphone ni Albert. Sasagutin niya ito at maiiwan siya sa entablado.)

ALBERT: Hello? Ano ang kailangan mo? Not today. Birthday ng mother-in-law ko. I'll see you later, ok? Tatapusin ko lang itong party then I'll go there. Siguro in half an hour. Ok? Sige. Bye.

(Habang may kausap si Albert ay hindi niya mapapansin na pumasok si Marta at pinagmamasdan siya. May hawak na pinggan ng pagkain si Marta.)

MARTA: Sino 'yon?

ALBERT: Ha? A, wala. Opisina.

MARTA: Bakit daw?

ALBERT: Trabaho.

MARTA: Trabaho?

ALBERT: Oo. Aalis ako kaagad pagkatapos kumain.

MARTA: Ikinuha na kita ng pastel. Mauubusan ka ng mga anak mo.

(Kukunin ni Albert ang pinggan at kakain.)

ALBERT: Masarap itong pastel.

MARTA: Si Jes tumulong sa pagluto niyan. (*patlang*) Puwede mo bang tapusin ang selebrasyon bago ka umalis? Matagal na rin tayong hindi nagsamang pamilya. Panay trabaho kasi 'yang inaatupag mo.

ALBERT: Pinag-usapan na natin ito dati. Nung kinuha ko ang promotion, binigyan ako ni Mr. De Jesus ng mas malaking responsibilidad katumbas ng malaking suweldo. It meant going from place to place for the projects.

MARTA: Hindi ko naman inaasahan na every week.

(Sa labas ay maririnig si Jessica at Allan na nagsisigawan.)

JESSICA: Allan, ano ba? Sa akin 'yang huling piece ng chicken.

ALLAN: Sorry ka.

JESSICA: Akin 'yan!

ALLAN: Aray! Wala naman kurutan!

(Papasok si Jessica na kinakain ang isang chicken leg. Mapapatigil nang makitang nag-uusap ang mga magulang niya. Lalapit siya kay Albert.)

JESSICA: You liked it?

ALBERT: Ang alin?

MARTA: Si Jessica ang tumulong sa pagluto ng lengua

JESSICA: Nagustuhan mo ba?

ALBERT: It's good. I liked it.

JESSICA: Thanks, Daddy.

MARTA: Magpaalam ka na sa Daddy mo muna.

JESSICA: Aalis ka na?

ALBERT: Oo. Work. Sorry.

(Sandaling katahimikan)

JESSICA: (kikibit ng balikat) Work is work. (patlang) Pero I've been you missing for a while.

ALBERT: (yayakapin at hahalikan si Jessica) I know. Sorry. Di bale, pag napromote uli ako, sisiguraduhin ko na ang oras ko ay atin.

JESSICA: It's ok.

MARTA: Magkuhanan na tayo bago ka umalis. (tatawag) Allan!

(Papasok si Allan)

ALLAN: Yes, Mommy?

MARTA: Magkuhanan na tayo. Paalis na Daddy niyo.

ALLAN: Work again?

ALBERT: Ano pa nga ba?

MARTA: Tawagin mo na si Bert at si Mama.

(Lalabas si Allan sandali at babalik na kasama si Bert at si Lola Trining.)

MARTA: Sorry, Ma. Kailangan umalis ni Albert. Trabaho.

ALLAN: O, puwesto na lahat.

(Pupuwesto ang mga tauhan tulad nung kuha sa litrato. Paandarin ni Allan ang timer ng kamera at pupuwesto. Makukunan ng litrato ang pamilya. Hahalikan ni Albert si Marta at si Jessica at pagkatapos si Lola Trining. Lalabas si Albert.)

ALLAN: O, portrait shot si Lola Trining.

(Pupuwestuhin ni Bert si Lola Trining habang inaayos ni Allan ang kamera. Si Jessica at si Marta ay nakatingin sa papaalis na si Albert.)

JESSICA: *(Bubuntong-hininga)* Panay naman trabaho.

(Sandaling katahimikan.)

MARTA: Trabaho nga ba?

(Unti-unting mamamatay ang ilaw sa entablado hanggang sa makikita muli ang larawan ng unang litrato sa screen. Mamamatay ang ilaw sa entablado habang magbubukas ang ilaw sa panig uli ni Jessica.)

Ikatlong Eksena

(Sa kuwarto ni Jessica. Hawak niya ang unang litrato. Ibabalik niya ito sa album.)

JESSICA: May suspicions na nun si Mommy na nakikipagkita ka sa ibang babae. *(Mangingiti.)* Women's intuition, Dad. Lumang style na rin daw ang overtime work. Mabubuking ka din sooner or later. *(Patlang.)* Mahirap din ang mga unang taon. Ang sabi ng mga friends ko it's always like that. Especially when you love both your parents. Especially kapag sinusubukan mong i-balance ang bagong relasyon sa kanila. *(patlang)* Ano pa nga

ba ang magagawa ng mga anak kung gano'n na nga lang ang mangyayari sa mga magulang? Puwede na kaming makialam. Or we can just stand by and watch. Sinubukan namin ayusin magkakapatid. Ayaw nilang makinig sa amin. Si Kuya Bert nagtiyaga. Nag-away lang sila ni Papa. After that, tumahimik na lang ako. Isang bagay lang muna ang pumasok sa isip ko nung time na 'yon: Ano ang mangyayari sa aming magkakapatid matapos ang lahat na ito?

Si Kuya Bert na lang ang nag-ayos ng lahat. Sinabi niya sa amin ni Allan Kaya ko kayong suportahan. I'm working and I'm not married. Pero kung gusto niyong mamili kung kaninong magulang titira, hindi ko kayo pipigilan.

Susulentuhan daw kami ni Daddy at Mommy while we're living apart from each other. I'm about to enter college. Walang nang father figure. Si Kuya Bert na lang. My eldest brother will be the father of the family. (*Patlang.*) Alam niyo, parang niloko talaga ako ng tadhana. Hindi ko alam kung sino ang mas strikto. Si Daddy o si Kuya Bert. Para naman kasi habang buhay ako magiging baby sister sa mga kapatid ko. High school graduation. Ako lang sa batch namin ang hindi nakapunta sa prom. Ayaw ni Kuya Bert. Anong dahilan? Bata pa daw ako para sa mga ganyan. Naisip ko tuloy... kung bata pa ako sa pagdating ko ng college... ano na kaya ang matanda para kay Kuya?

(Unti-unting mamamatay ang ilaw sa panig ng entablado ni Jessica. Sa projection screen ay makikita ang pangalawang litrato. Sa graduation ni Jessica. Nasa gitna siya ng litrato na nakasuot ng toga at hawak ang diploma. Nakagitna siya kay Bert at Allan. Si Marta at Albert ay nasa magkabilang panig ng grupo.

Magbubukas ang ilaw sa entablado. Sa labas ng auditorium ng high school ni Jessica. Naka-tableau ang mga tauhan tulad ng nasa litrato. Kinukuhanan sila ng official graduation photographer.)

PHOTOGRAPHER: O, smile.

(Kukunan sila ng litrato.)

- ALBERT: Salamat. I'll order mga limang kuha niyan. Pati na rin yung solo niya.
- JESSICA: It's ok, Dad. Package deal 'yan.
- MARTA: Package deal yung graduation photos. May set 'yan plus yung framed formal photograph.
- ALBERT: A. Walang nagsabi sa akin tungkol do'n. Sino nagbayad?
- BERT: Ako, Dad.
- ALBERT: Sana sinabi niyo sa akin para may contribution naman ako sa graduation ni Jes.
- BERT: Ok lang, Dad. Ok lang naman ang expenses.

(Sandaling katahimikan)

- JESSICA: Teka lang, ha. Puntahan ko lang ang barkada.
- ALLAN: Samahan na kita. Ipakilala mo naman sa akin yung Maritess.

(Lalabas sina Allan at Jessica.)

- BERT: May kukunin lang ako sa kotse.

(Lalabas si Bert. Maiiwan si Albert at Marta. Tahimik na magtititigan ang dalawa. Sandaling katahimikan. Bubuntong-hininga si Albert.)

- ALBERT: Inimbita ako ni Jes, ok? Besides, I have every right to be here.
- MARTA: Oo nga. Mabuti naman nakarating ka.
- ALBERT: I won't miss Jes's graduation. O kahit anong event habang lumalaki siya.
- MARTA: Well, na-miss mo na rin ang third year at fourth year high school niya. Konsolasyon na siguro na nakarating ka dito.

(Hindi kikibo si Albert.)

MARTA: At least ginawa mo ang share mo para ipatuloy ang high school niya.

ALBERT: And college. Tulad ng pinag-usapan natin. Saan ba siya papasok?

MARTA: Sa UST siya pumasa.

ALBERT: That's good. Business Ad?

MARTA: Gusto ni Jes ang Communication Arts daw.

ALBERT: I'd prefer that she enters a business-related course.

MARTA: Wala naman tayong say dito kung ano ang gusto niyang kurso.

ALBERT: Tayo naman ang magbabayad ng tuition.

MARTA: Naiwan na kay Bert 'yon. Tumutulong na lang tayo.

(Sandaling katahimikan)

MARTA: Sasama ka ba sa kainan?

ALBERT: Inimbita rin ako ni Jes. Pero pag-iiisipan ko pa. Saan ba?

MARTA: Gusto ni Jes sa Dad's sa West Avenue.

ALBERT: Sounds good. Jes always liked buffets. It will be good for her.

MARTA: Hindi ko alam kung ano sasabihin ni Bert at Allan kung sasama ka.

ALBERT: Papayag ang mga 'yon para kay Jes.

MARTA: They'll do anything for Jes. (*patlang*) Hindi naman kita pipigilin kung gusto mong sumama. After all, tatay ka niya.

ALBERT: At ikaw ang nanay.

MARTA: Dalawang bagay na lang 'yan sa atin. Pero, it still means a lot for them. (*Patlang.*) 'Wag na natin pag-usapan. It's Jes's day. And I'm proud of her.

ALBERT: We're proud of her. Sino ba ang hindi?

(Sandaling katahimikan.)

ALBERT: Sino naging date niya sa prom? Nalaman mo ba?

MARTA: Hindi siya pumunta

ALBERT: Bakit?

MARTA: Hindi siya pinayagan.

ALBERT: Hindi mo siya pinayagan?

MARTA: Si Bert. Di siya pinayagan. Nalaman ko din lang nung sinabi ni Jes sa akin.

ALBERT: Ano ba naman ‘yang anak mo! High school kids look forward to that occasion. Papayagan ko siya pumunta kung nagpaalam siya sa akin.

MARTA: Baka kasi nakakalimutan mo. Si Bert ang nagsisilbing tatay ni Jes nung umalis ka.

ALBERT: At kumonsinti ka naman.

MARTA: Bert was being protective.

ALBERT: Overprotective ang sabihin mo.

(Papasok si Bert.)

ALBERT: *(kay Bert.)* Ano itong nalaman kong hindi mo pinayagan si Jes pumunta sa prom?

BERT: It was for the best.

ALBERT: Anong ibig mong sabihin diyan?

BERT: Desisyon ko ‘yon, Dad.

ALBERT: Na ano? Gusto mong maging madre kapatid mo?

BERT: Studies first. ‘Yan naman ang parating sinasabi mo.

ALBERT: Hindi gano’n ang ibig kong sabihin. Marami ka pang kelangang alamin para maging ama.

BERT: Siyempre kelangan ko kasi matuto lahat first hand.

ALBERT: Kasalanan ko ngayon.

BERT: *(kay Marta)* Since when siya nagkaroon ng desisyon ngayon dito sa pamilyang ito?

ALBERT: Tatay mo pa rin ako.

(Hindi nila mapapansin na pumasok uli si Jessica na kasama si Albert at pina-panood sila.)

ALBERT: Papayagan ko siya kung tinanong niya ako.
BERT: She did, Dad. Out of the country ka daw nung time na 'yon sabi ng sekretarya mo.
ALBERT: Hindi dahilán 'yon, dahil madali akong tawagan.
JESSICA: Hindi ko na sinubukan, Dad. Useless naman e. Masyado kang malayo. Thailand, di ba? Or was it sa U.S.? Anyway, wala na 'yon. (*Patlang.*) It's my day today, ok? At gusto kong magkasama tayo when I celebrate it.

(*Sandaling katahimikan*)

BERT: Pupunta tayo sa Dad's. (*kay Albert*) Gusto ni Jes mag-buffer. (*Kina Jessica at Allan.*) Maghintay na lang kayo dito. Kukunin ko ang kotse.
ALLAN: Samahan na kita.

(*Lalabas si Allan at Bert. Maghihintay ang tatlo.*)

MARTA: Mas mabuti yata na dun na tayo pumunta. Baka matagalan lang siya lumabas sa parking area. Maraming tao.

(*Lalabas si Marta. Sandaling katahimikan*)

JESSICA: Sasama ka, di ba?
ALBERT: Inimbita mo ako, hindi ba?
JESSICA: (*Patlang.*) Pero hindi kayo pupunta, ano?
ALBERT: After what happened, baka lang masira itong araw. It's your special day. At least nakita na kita nag-martsa at lahat. (*Yayakapin si Jessica.*) I'm proud of you.
JESSICA: Thank you, Dad. At least may kuha uli tayo na buo tayo. Padalhan kita ng kopya, don't worry.
ALBERT: I know you will. Teka, may mga plano ka ba sa summer?
JESSICA: May mga lakad kami ng friends ko... (*patlang*) Pero hindi pa sure. So far, wala. Bakit?

ALBERT: Pupunta ako ng Cambodia sa summer. Business trip. Gusto mo sumama. I can always find time to go around.

JESSICA: Why not?

ALBERT: Consider it a graduation gift.

JESSICA: Ok. (*yayakapin uli si Albert*) Thanks for coming. I'm glad nagkita uli tayo.

(Hahalikan ni Albert si Jessica, yayakapin muli at aalis. Unti-unting mama-matay ang ilaw sa entablado. Makikita uli ang litrato ng graduation photograph ni Jessica. Magbubukas ang ilaw muli sa panig ng entablado ng kuwarto ni Jessica.)

Ikaapat na Eksena

(Tinitignan ni Jessica ang graduation photo niya sa album.)

JESSICA: Nung college, tinanong sa akin ng isang kaklase ko: "Saan ginawa ang prom niyo?" Sinabi ko na lang, "Ewan ko." E sa hindi naman ako pinapunta e. Hindi ako pinayagan ni Kuya. Nung isang beses, sinabi sa akin ng barkada kong si Marie, "Tara, punta tayong Tagaytay." Isang spontaneous, out-of-the-blue road trip. Ang sagot ko, "Pass ako diyan." Alam ko naman pagagalitan lang ako ng kapatid ko. The first and only time na nag-MOA ako na hindi nagpaalam, grounded ako for one month. One month for malling! Paano pa kaya kung road trip sa Tagaytay. Mula high school hanggang college bahay-eskuwela lang ang biyahe ko. (*Patlang.*) Hindi ko alam kung paano nalalaman ni Kuya Bert ang mga lakad ko. Feeling ko tuloy may sumusunod sa aking hidden camera. Nakakaparanoid. Bakit ako lang kasi ang pinupuna ang ginagawa? Dahil unica hija ako? Baka sa pagiging strict sa akin ng ganito e pagkatapos ng college e hindi traje de boda ang isusuot sa akin kundi belo at abito ng madre. At since nag-aaral ako sa isang Catholic school, hindi ako magugulat. Buti na lang naging concession natin na huwag akong ipasok sa all-girls school. (*Patlang.*) Did you know I missed half my life just

because of all of this strictness? Actually it was more than half of my life. Milagro na itong nakilala ko si Alex, at mabuti na lang nandito na kami at nagbibilang ng oras bago maglakad sa altar ng simbahan. At ngayon, mukhang hindi siya darating. Ako pa naman ang kahuli-hulihang ihahatid. (*Patlang.*) Sana nandito ka. Mabuo lang ang natitira sa ating pamilya. Tulad nung kasal ni Allan. Kahit naman may ilang nangyari na hindi maganda, nagkasama pa rin tayo.

(Unti-unting mamamatay ang ilaw sa panig ng entablado ni Jessica. Makikita ang ikatlong litrato sa projection screen. Ang kasal ni Allan. Naka-wheelchair na si Marta at katabi niya si Allan na nakaputing barong at ang asawang si Lynette na naka-wedding gown. Sa kabilang panig ni Marta ay si Jessica na katabi si Bert. Katabi ni Lynette si Albert.)

(Magbubukas ang ilaw sa entablado. Sa lobby ng hotel sa labas ng isang reception area. Sa background ay maririnig ang isang wedding reception. Makikita si Jessica na may kausap sa cellphone. Nakabihis siya ng pang-bridesmaid na gown.)

JESSICA: Hi, Alex? Oo, medyo maingay. Nasa reception pa ako. It's going ok. Malapit na rin matapos. You should see me today. I look fabulous. E, ano pa nga pa e di bridesmaid. Uhm, beige. E yun ang gusto ng dalawa e. Ang suggestion ko nga ay puti e. Masyado daw virginal. E baka kasi yung bride hindi na. I know si Allan, oo. (*Matatawa.*) Actually, kaya ako tumawag... nabo-bore na ako dito. I miss you. Hmph. Bola. E, bakit hindi ka pumunta dito para sunduin ako? E magagalit nga si Kuya Bert. But I'll pass you off as a friend. Not a boyfriend. Tingnan natin sasabihin ni Kuya Bert. Mahirap paniwalain 'yon kung sasabihin kong kaibigan lang kita. (*Tatawa.*) Kita tayo bukas? Saan pa e di dun sa dating lugar? I'll tell Kuya Bert na may gagawin akong research report. Basta magkita tayo. Then... dating gawi... let's go some place. (*Patlang.*) Oy, teka. Tinatawag yata ako. Sige na. Love you.

(Papatayin ni Jessica ang cellphone. Pabalik na siya sa reception area nang pasok si Albert na may dalang regalo. Kasama niya ang bagong asawa niyang si Mitch.)

ALBERT: Jes!

JESSICA: Hi, Dad.

(Lalapitan ni Jessica si Albert at hahalikan. Mapapatigil sandali si Jessica nang makita si Mitch)

JESSICA: Oh. Hi. Mitch?

MITCH: *(Tatango.)* Hi, Jes.

JESSICA: Jessica. *(kay Albert)* Just in time for the cake cutting. Sabi mo hindi ka darating?

ALBERT: Dumaan lang ako para ibigay itong regalo. How was the wedding?

JESSICA: It was ok. Nandiyan pa si Allan at Lynette. Tara, pumasok ka na.

ALBERT: Uhm, hindi ko puwede iwan dito si Mitch.

JESSICA: *(Patlang.)* Ok. Pero sana makita mo sina Allan. Nandiyan din si Nanay Trining. Si Kuya Bert...

ALBERT: Next time na lang, Jes. Pakibigay na lang itong regalo.

MITCH: Albert, I'll just wait for you sa lobby.

ALBERT: Mitch...

MITCH: It's ok. Walang problema. *(kay Jessica)* Nice meeting you, Jessica.

JESSICA: Thank you.

(Lalabas si Mitch. Sandaling katahimikan.)

ALBERT: Di ako puwedeng magtagal.

JESSICA: Ok lang.

ALBERT: Kumusta na Mommy mo?

JESSICA: Doing ok. Next week ang tapos ng last set ng chemo session niya. Nakakakain naman siya. She promised Allan kasi na magpapalakas siya para maka-attend ng wedding niya. Kaya ayun. Tinupad naman niya.

ALBERT: That's good. Mabuti naman at ok siya.

JESSICA: It's not yet a remission but the doctors are hopeful. Naka-wheelchair silang dalawa ngayon ni Nanay Trining. Balak ko na nga ipag-karera ang dalawa para makita nila kung sino ang mas malakas.

(Tatawa silang dalawa. Sandaling katahimikan.)

ALBERT: You look good, anak.

JESSICA: Thanks, Dad. I like the design but I hate the color.

ALBERT: Well, hindi kasi ikaw ang ikinasal. So, no choice. Kumusta na boyfriend mo?

JESSICA: *(Magugulat.)* Paano mo...?

ALBERT: *(Matatawa.)* Lucky guess.

JESSICA: Grrr. I hate you, Dad.

ALBERT: At your age, Jes. Hindi mo kelangan sabihin sa akin. And knowing your brother, sekreto mo talaga 'yan.

JESSICA: Don't tell anyone, ha?

ALBERT: No problem, Jes. *(Iaabot ang regalo.)* Iabot mo na lang ito kay Allan. Sabihin mo na lang galing sa akin.

JESSICA: *(Kukunin ang regalo at aalugin.)* Ano ito? Ang bigat a.

ALBERT: Blender. Actually, osterizer. Hindi ko alam ang pinagkaibahan.

JESSICA: Para saan? Para kung wala nang pera sina Allan e fruit at pearl shakes na lang ang iinumina nila?

ALBERT: Ewan ko. It's important daw for baby food. Si Mitch ang pumili niyan. Ang sabi niya, natural is always the best.

JESSICA: *(Magkikibit ng balikat.)* Junk food is always the best for me.

ALBERT: Hm. Nakaka-detect ba ako ng kaunting jealousy diyan?

JESSICA: No. Junk food is always the best.

ALBERT: E, kahit ano naman kakainin mo.
JESSICA: I'm a die-hard foodie, Dad.
ALBERT: Kinain mo na siguro lahat ng pagkain diyan sa reception.
JESSICA: Ok naman ang food. Kung hindi ka pa nakakatikim ng buko pandan na kulay blue, you can get it here. Huwag mo nang itanong kung bakit. Nagkamali yata ng food coloring tapos they passed it off as something special. But the barbecued ribs are ok.
ALBERT: Maniniwala ako sa ekspert.

(Sandaling katahimikan.)

JESSICA: Ikaw, Dad? Kumusta ka na?
ALBERT: Been busy.
JESSICA: Always naman e. I mean with Mitch. Masaya ka?
ALBERT: Yes.
JESSICA: You seem to be.
ALBERT: Jes...
JESSICA: Huwag kang mag-alala, Dad. Tanggap ko rin na naman.
ALBERT: Mabait sa akin si Mitch.
JESSICA: Pakakasalan mo ba siya?
ALBERT: Di ko pa alam, Jes. Masyado pang maaga.

(Patlang.)

JESSICA: Alex pangalan niya.
ALBERT: Mabait?
JESSICA: I don't know if you'll like him.
ALBERT: As long as you're happy.

(Sandaling katahimikan. Maririnig ang palakpakan at hiyawan sa reception.)

JESSICA: Pumasok ka na. Magpakita ka naman sa kanila. Just tell Mitch to wait a bit. O di kaya send her shopping diyan sa mall. Unlimited credit card access.

ALBERT: (*Matatawa.*) Ang sama mo talaga.

JESSICA: Nagmana ako sa ‘yo.

ALBERT: O, sige, sige. Sandali lang. I’ll text Mitch.

JESSICA: Thanks, Dad.

ALBERT: Besides, kelangan ko makita ang itsura ng blue buko pandan.

(Lalabas si Albert at Jessica. Unti-unting mamamatay ang ilaw sa entablado. Makikita muli ang larawan ng kasal ni Allan. Magbubukas ang ilaw sa panig ng entablado ni Jessica.)

Ikalimang Eksena

(Itatabi ni Jessica ang pangatlong larawan.)

JESSICA: Namatay si Mama two years after nag-asawa si Allan. Wala ka sa libing niya. Nung una, hindi ko maintindihan. Kahit hiwalay kayo, at least you cared for each other. Pumunta ka dapat. Pero naisip ko din. Pamilya mo kami pero hindi mo asawa si Mommy. (*Patlang.*) Masaya ka na. ‘Yon naman ang hinahanap mo, di ba? Ang pagiging masaya. (*Patlang.*) Sa burol ni Nanay Trining ang huling litrato natin na magkasama. Buhay pa si Mama pero mahina na siya no’n. Naging magkaibigan na kayo ni Mama no’n. Tanggap ko na rin na you’re both better off without each other. I never liked the tension. Then, matagal-tagal na, ayoko na kayong makita na magkasama sa isang lugar or event. You were just both... cold to each other. Ang biro nga ni Allan nung kasal niya ay hinihintay na lang kayong dalawa sumabog nung nagkita kayo nung kasal niya. My fault, actually. Dapat nga siguro hindi nangyari ‘yon.

(Unti-unting magdidilim ang entablado sa panig ni Jessica. Makikita ang pang-apat ng litrato sa projection screen. Magkasama ang apat. Si Albert ay nasa likod ni Marta na naka-wheelchair. Katabi ni Albert si Jessica at Bert. Sa kabila ay si Allan at Lynette. Magbubukas ang ilaw sa entablado.)

(Sa bahay ni Marta. Nakaupo siya sa wheelchair at nakaharap sa bintana. Nakasuot siya ng itim. Papasok si Albert. Nakabarong siya na may itim na ribbon sa braso.)

ALBERT: Marta.

(Lilingon si Marta at titingnan si Albert.)

ALBERT: Are you ok?

MARTA: Oo.

ALBERT: May kelangan ka ba?

MARTA: Wala naman. Kung meron man, tatawagin ko lang ang nurse.

ALBERT: Ok. (*patlang*) Maganda ang misa sa burol.

MARTA: Kelan ba naging hindi maganda ang isang burol? (*patlang*) Mabuti't nakarating ka.

ALBERT: Naging nanay ko rin naman si Nanay Trining.

(Sandaling katahimikan)

MARTA: It was hard.

ALBERT: I'm sorry.

MARTA: Mahirap din itong baldado ka na tapos nag-alaga ka pa ng nanay na tumanda at tumanda. It was hard. Nahirapan din si Jes. Minahal din niya lola niya. Naging support din niya ang matanda. Nagpapasalamat lang naman ako na tahimik umalis si Nanay. Sabi nga ni Jes, "ripe old age." Ang biro pa nga niya sa akin ay wala na akong kalaban sa karera ng wheelchair. Natawa ako dun. (*Patlang.*) Hindi na bata si Jes. She understands. Pati si Allan. Pati rin si Bert. Maiitindihan na rin nila pag sumunod ako kay nanay. So far, lumagpas na ako sa taning na binigay ng mga doktor. So things are going well. Kahit sandali lang. (*Patlang.*) Kailangan mo din kausapin si Jes. She still loves you very much. Alam mo ba sinabi niya sa akin dati, ihahatid mo siya sa altar. Magagawa mo ba 'yon?

ALBERT: Oo.
MARTA: You promised her. Dapat magagawa mo ‘yon.
ALBERT: I promise.
MARTA: Make sure you keep that promise. Marami din tayong mga pangako sa sarili na hindi natupad.

(Hindi kikibo si Albert.)

ALBERT: I’m sorry.
MARTA: Para saan, Albert? Sa nangyari sa atin? Sa nangyari sa family natin? Hindi mo nagustuhan ang obligasyon na ito, bakit ka pa magbibigay ng sorry? The children are all grown up na. Even with all the promises of “through sickness and in health.” Hindi mo magugustuhan ito. So don’t be sorry. *(Patlang.)* Because I’m not. *(Patlang.)* Nakita kong lumaki ang mga anak natin. We made them responsible dahil sa ginawa natin. Siguro they could’ve been better pero hindi naman tayo perpekto. But I had something to live for.
ALBERT: Nag-sorry ako... siguro para lang matapos ang lahat na ito. Itong away natin.
MARTA: Wala naman tayong away, Albert. I just chose not to care anymore. Wala nang pakialamanan. Except for a few instances na siguro nagtulungan tayo. Hanggang do’n na lang.
ALBERT: So... friends?
MARTA: Siguro... magkakakilala na lang. After all, we share the same children.
ALBERT: Magandang dahilan ‘yon.

(Tatawa ang dalawa. Papasok si Jessica.)

JESSICA: Magpapaalam na daw sina Allan. Request niya... actually ako din... na since everyone is here, kung puwedeng magkuhanan tayo. Pero medyo inappropriate yata... pero...
MARTA: Sige. Kailangan ko lang ng kaunting tulong dito sa wheelchair.

ALBERT: Ako na.

(Sisimulan itulak ni Albert ang wheelchair.)

JESSICA: Teka. Am I missing something?

ALBERT: It's not what you're thinking.

MARTA: Masasabi mo lang siguro... mas kalmado na siguro ang lagay ngayon.

(Lalabas silang tatlo. Unti-unting magdidilim ang entablado. Makikita uli ang litrato ng pamilya. Magdidilim ang entablado habang magbubukas ang ilaw sa panig ni Jessica.)

Ikaanim na Eksena

(Tinitignan ni Jessica ang huling litrato bago niya isasara ang album. Tutunog ang cellphone at sasagutin niya ito.)

JESSICA: Hello? Dad? *(Patlang.)* You're not going to make it, aren't you? *(Bubuntong-hininga.)* No. No. I understand.... No, I actually don't understand. *(Patlang.)* Puwede ka ba makarating kahit sa reception man lang... Yes. Well, subukan niyo lang. *(Patlang at bubuntong-hininga.)* It's ok. Well, sino ba naman ang mag-aakala na maiipit ka ng snow diyan. Blame it on climate change. It's ok. I'll see when you get here. Bye.

(Papatayin ni Jessica ang cellphone at titingnan ang album.)

Pumasok din sa isip ko na hindi mo rin matutupad ang pangako mo. Ganyan naman ang buhay hindi ba? Habang tumatanda tayo, nag-iiba ang mga pananaw natin. E dito pa lang, sino maniniwala na ang buhay ng pamilya natin ay umiikot lang sa apat na litrato. At some point, may sisimulan na akong bagong kuwento. At sisiguraduhin ko, na ang kuwento ng pamilya ko ay hindi lang sa iilang litrato lang.

(Bubuntunghininga si Jessica at itatabi ang album. May kakatok sa pinto ng kuwarto niya.)

Sino ‘yan?

BERT: Jes? Si Bert.

JESSICA: Pasok ka na.

(Papasok si Bert.)

BERT: Anong balita kay Daddy?

JESSICA: Hindi daw siya makakarating. Malabo daw.

BERT: So ang lagay ngayon... ako na maghahatid sa ‘yo.

JESSICA: Mukhang gano’n na nga ang sitwasyon.

BERT: So that means papalitan ko ang damit ko from a plain polo to a formal barong. At kailangan ko nang humiram.

JESSICA: Sigurado ka ba sa gagawin mo? Baka naman pagdating sa altar e irapan mo si Alex.

BERT: Baby sister, I always liked Alex. And I will be proud na ihahatid kita sa altar.

JESSICA: Salamat, Kuya.

BERT: No problem. Got to go. Magkita tayo bukas sa altar.

JESSICA: Me appointment lang ako with a friend. *(Patlang.)* Don’t be late.

BERT: Huwag mong asahan ‘yon.

(Susuntukin ni Jessica si Bert sa balikat bago niya yayakapin.)

JESSICA: Thanks for everything, Kuya Bert.

(Lalabas si Bert. Unti-unting mamamatay ang ilaw sa entablado habang makikita ang isang litrato sa projection screen: Ang kasal ni Jessica.)

(Magdidilim ang entablado.)

TABING

SA ISANG HINDI NATATANGING UMAGA, AT ANG MGA ULAP AY DAHAN-DAHANG PUMAIBABAW SA NABUBULOK NA LUNGSOD

Allan B. Lopez

MGA TAUHAN

MEG Babae, 31 at 36

AJ Lalaki, 35 at 40

TY Lalaki, 32 at 37

ILANG TALA

Bagamat ang dula ay may limang bahagi na nagaganap sa iba't-ibang panahon, intensyon ng mandudula na ito'y itanghal ng halos walang pagitan sa pagpapalit ng mga eksena. Maaaring gumamit ng mga malikhaing transisyon.

Sa unang produksyon nito, halimbawa, ang tanging gamit sa entablado ay isang mesa, dalawang upuan, at mga gumagalaw na frame ng bintana at pintuan. Sa bawat pagpalit ng tagpo, inaayos na lamang ang mesa't mga upuan para magbigay ng hint tungkol sa lugar. Ginamit ang mga frame ng pinto at bintana bilang biswal na metaphor sa paglipas ng panahon—unti-unti silang lumiligid sa perimeter ng entablado sa direksyong pa-clockwise, parang mga kamay ng orasan.

Siyempre, maaaring gumamit ng iba pang creative na paraan ang sinumang magtatanghal ng dulang ito. Pero mahigpit na ihinahabilin na kailangang

mabilis at malinis ang palitan ng mga eksena—mahalagang bahagi ng design ng dula ang biglaan, mabilis (mas akma siguro tawaging “marahas”) at walang babalang paglipas ng panahon.

I

Silid. Alas nuwebe ng umaga.

Nakaupo si MEG sa harap ng isang vanity table.

Naka bra at palda lamang. Inaayusan ang sarili.

Lalabas mula sa banyo si TY.

Ilalapag nito ang salamin sa mata sa harap ni Meg.

TY: Aalis ka na naman na walang nakikita.

(Yayakapin si Meg, hahalikan sa batok) Bati na tayo, ha?

MEG: Thank you. Mamaya na lang, Papa. I'll be late.

TY: Nakatulog ka kagabi?

MEG: Yes.

TY: Nagalit ang daddy mo?

MEG: Hindi naman magsasalita 'yun.

TY: *(Muli, hahalikan sa batok ang asawa. Affectionately.)*

I love you, Ma.

MEG: Papa, stop.

Hihimasin ni Ty si Meg, mapang-akit. Patuloy na hahalikan.

Walang imik si Meg.

Kukunin ni Meg ang salamin sa mata.

Ilalagay ito sa bag.

Hihawalay si Ty.

- TY: Burara ka rin kung minsan, ano?
- MEG: Papa, too early.
- TY: Nasaan na ang case ng salamin mo?
- MEG: Naiwan ko sa opisina.
- TY: Ang mahal-mahal niyan, nakalagay lang sa bag mo.
Malabo ba ang mata ng bag mo?
- MEG: Ayoko ng may salamin kapag nagcocommute, ok?
- TY: You're impossible, you know? Malabo ang mata mo, ayaw mo mag-salamin.
- MEG: I have a long day ahead at work. Ok? Enough na. Nai-stress ako sa boses mo, Papa. Kagabi ka pa. I like it kapag nag-uusap tayo, ok? I like it. I miss it. I don't want to tune you out. Please lang. Please. Not this morning
- TY: Ok. We're going to stay quiet. May biyahe ako sa Pangasinan later pala.

(Saglit.)

- So mamaya, gusto ko eksaktong alas nuwebe nasa house ka na.
- MEG: I'll try my best.
- TY: Best? Do it.
- MEG: Paano naman kung hindi ko maabutan ang last shuttle?
- TY: Umalis ka kasi on time.
- MEG: Paano naman kung may kailangan akong tapusin?
- TY: You have to manage your time.
- MEG: Manager na rin kita ngayon, ganoon?
- TY: Basta I want you here by nine. Tatawagan kita.
- MEG: I'll do my best.
- TY: Don't do your best. Do it.
- MEG: Bahala ka sa buhay mo.

- TY: Bawasan mo kasi ‘yang kadaldalan mo. Wala ka ng ginawa kundi makipagtsismisan sa mga kaopisina mo.
- MEG: Again, Papa? Nine-thirty lang naman ako inabot kagabi, ‘di ba? What’s your big problem?
- TY: My big problem is minsan nakakalimutan mo na may asawa kang tao. May pamilya. Alam mo namang wala ako dito most of the time.
- MEG: You’re like a caveman, sometimes. Pareho lang tayong nagtatrabaho.
- TY: Kapag umarte ka parang wala kang anak. You should be here. Kung lagi kang wala, sayang lang ang oras ko sa katse-check kung nasaan ka. Kung simpleng oras ko, hindi mo mairerespeto, irespeto mo naman that I have to go on overtime lagi because I’m trying my best to give you your kitchen.
- MEG: (*Gigil, pipihit para harapin ang asawa*) Iyong kitchen na naman ba ang pag-aawayan natin? Bakit ka ba galit na galit?
- TY: Magbihis ka na. Maleleyt ka na.
- MEG: Sobra ka na, Papa. Sobra na. Gigil na gigil na ko sa ‘yo.
- TY: Tumino ka kasi kaya?
- MEG: (*Babatuhin ng suklay ang asawa*) What do you want ba?
- TY: Stop it.

Babatuhin pa ng ilang maliliit na gamit ni Meg si Ty.

Gigil na gigil, lalapit ito sa may kama at kukuha ng unan.

Paghahampasin niya ng unan ang asawa.

Uupo siya at isisiksik sa unan ang mukha.

Sisigaw siya.

Sisigaw ng sisigaw — hanggang hingalin, hanggang tuluyan ng umiyak na nakasiksik ang mukha sa unan.

Saglit. Katahimikan.

MEG: I hate you. Nakapag make-up na 'ko.

TY: Sino ba nagsabing magsisisigaw ka diyan?

MEG: Ano'ng gusto mo?

TY: 'Di sumigaw ka.

MEG: Gusto mong sumigaw ako?

TY: Sige lang. Para sugurin tayo dito ng Daddy mo. It's not like hindi pa 'yun galit sa akin by now.

MEG: Ang init kasi sa sala.

TY: Magiinarte ka tapos hindi mo matitiis ang walang aircon.

MEG: Papa. I'm tired. Gusto ko lang pumasok sana. Wag na tayo mag-start, please?

TY: Dapat lang pumasok ka ng maaga. Alam mo namang hindi ka puwedeng umuwi ng late, papasok ka ng late. On time ka dapat. Kung ginagamit mo sana 'yang isip mo.

MEG: I'm sorry na. 'Yun ba ang gusto mo marinig?

TY: Ang gusto ko marinig, 'yung magiging mas responsable ka na. Para hindi na kita kailangang bantayan.

MEG: Thirty-minutes. Thirty-minutes lang ako late kagabi, alright? It's not the end of the world.

TY: Thirty-mintues din ang nasayang sa oras ko sa katetext at katatawag sa iyo.

MEG: Ano ba'ng gusto mo? Sabihin ko sa driver ng van na paliparin ang shuttle para hindi matrapik dahil nagagalit na ang asawa ko?

TY: Dapat kasi umalis ka on time. Sakto lang naman ang isang oras para umuwi sa 'tin. Eight ang uwian mo. Hindi eight-fifteen, hindi eight-thirty.

MEG: Iniwan nga ng boyfriend niya si Cherry Lou!

TY: Bakit mo problema 'yon?

MEG: Ano ba naman ang makinig ako sa rant niya maski fifteen minutes? She's my only friend sa office, Papa.

TY: Uunahin mo pa ba ang kaibigan kesa sa mga anak mo?

MEG: Andirito naman sina Mommy at Daddy.

TY: So hindi mo rin masagot ang mga tawag ko?

MEG: Kausap ko nga si Cherry Lou!
TY: Hindi ka na dalaga. May I remind you.
MEG: She's my one and only friend sa office, Papa!
TY: May pamilya kang tao.
MEG: 'Yun ba ang ibig sabihin noon?
TY: 'Yun dapat.

Saglit.

Matagal na katahimikan.

Meg, surrendering, stands up.

Isusuot niya ang kanyang blouse. Pupunasan ang mukha.

Ipapasok lahat ng gamit sa bag.

MEG: Papasok na ko.
TY: Don't be late.
MEG: I won't. Magtataksi ako.
TY: Tawagan mo ko 'pag nakasakay ka na ng taksi.
MEG: Yes, Papa.
TY: Saka pagdating mo sa opis. Galing sa landline mo.
MEG: Yes, Papa.
TY: Lalo na mamaya, mahalagang makarating ka ng nine. Eksakto. Dahil bukas, bago ka pumasok, kailangan mong daanan 'yung house. Check mo kung ok sa'yo 'yung ginagawa ng contractor sa kusina mo.
MEG: Do you know I regret ever pointing out those tiles?
TY: Na tatlong beses na mas mahal kesa sa ibang tiles? Ano'ng problema mo, binigay naman sa'yo?
MEG: I don't like those tiles. Now.
TY: Gusto mo 'yun, di ba?
MEG: Papa... papasok na ako.
TY: Magmadali ka na. Kanina pa hindi maganda ang panahon. Lagi mo kasing nakakalimutan salamin mo kaya maski weather hindi mo napapansin.

Saglit.

Lalapit si Meg sa asawa para halikan ito sa pisngi.

Lalabas ng kuwarto.

Hihinga ng malalim si Ty.

II

Mesa sa isang restawran.

Alas sais.

Katatapos lamang kumain nina Meg at AJ.

MEG: ...Noong bata pa kasi ako, we'd always be on vacation sa province kapag walang school. Like iniiwan lang kami doon. Then we'd spend the entire summer playing with our cousins lang. Kala mo naka-heels ako everyday right, kala mo city girl lang talaga ako? No, in those days naranasan ko rin 'yung mag climb ng tree, then buong afternoon na kaya doon, or mag swim sa stream. Tapos mag play with the chickens saka mga goats. 'Yan ang na-appreciate ko sa husband ko e. Kasi may province din sila. 'Yun ang gusto ko maranasan ng mga boys. Every summer. 'Yung magkaroon sila ng break. Na province ha. Break sa province. Ikaw ba may province ka?

AJ: Well, mother ko taga-Davao.

MEG: Pumupunta rin kayo doon?

AJ: Never. Except one time. Noong may namatay.

MEG: Oh. But you know what I mean, right?

AJ: Not exactly, pero I guess I appreciate it.

MEG: It's fun kasi. Iyong ganoon. I want my boys to experience that. Kaya I appreciate na husband ko has a province... I mean, I appreciate him for many more reasons, pero isa na 'yun.

AJ: You talk a lot, ano?

MEG: I do?

AJ: Not that I mind.

MEG: Diyosko, sorry. I mean, so sorry. I didn't want to dominate our conversation naman.

AJ: I don't mind. I like it.

MEG: Talaga lang ha.

AJ: Seryoso.

MEG: So ikaw naman. Tell me about yourself.

AJ: What do you want to know?

MEG: Ikaw. First lunch natin ito. Introduce yourself, Mr. Martinez.

Saglit.

Matatawang bahagya si AJ.

Kukunin niya sa bulsa ang wallet. Maglalabas ng tarheta.

Iaabot ito kay Meg.

AJ: Andiyan job title ko, saka 'yung office cellphone. Nickname's AJ. Pero you know that already.

MEG: What's this?

AJ: Introduction kamo.

MEG: Are you that boring? (*Pabirong ibabato kay AJ ang tarheta*) Kidding aside, tell me something about yourself.

AJ: Wala naman yata akong masasabi. Medyo boring nga ako.

MEG: Tell me about your family.

AJ: I have a mother. She's old. Gusto ko magka-kotse kaya I took this job.

MEG: You don't have a girlfriend?

AJ: Meron. Dati.

MEG: Naghiwalay kayo?

AJ: Patay na.

MEG: Oh. Seriously?

AJ: Alangan namang mag-joke ako?

MEG: Oh. Sorry ha.

AJ: Ok lang. Hindi naman ikaw ang pumatay.

MEG: Pinatay siya?
AJ: No. Suicide.
MEG: You serious? I mean, sorry. Sorry ha. I know naman no one would make jokes about things like that. Ano ba 'ko. Sorry ha. I talk too much, you see. Apparently, I talk too much and ask the wrong questions. All the time.

Saglit.

Ngingiti lamang si AJ.

AJ: Chill ka lang.
MEG: Sising-sisi ka na siguro na inaya mo kong mag-lunch ano?
AJ: Isn't it the other way around?
MEG: Really?!
AJ: Kumukuha ako ng tubig kanina. I was trying not to be obvious that I noticed you noong nag-xerox ka. Sabi mo, hey. Sabi ko rin, hey. Sabi mo, grabe ang dami ng work ano, you're so hungry na. Sabi ko, ako rin. Sabi mo, when are you having lunch. Sabi ko, ngayon ngayon. Sabi mo, gusto mo mag-eat out.
MEG: Well. Oo nga naman.
AJ: Sabi ko nga.
MEG: Uy, don't take this wrongly ha. Alam mo na naman siguro ako maski one week pa lang. I mean, na-notice na naman siguro ang ugali ko. Ayoko ng merong na-a-out of place. Ganoon lang ako. Just in case, don't end up thinking na I asked you out, ha? I mean, this is a friendly lunch sa labas ng isang magkaopisina.
AJ: Ano naman ngayon?
MEG: What do you mean, ano naman ngayon?
AJ: I mean, bakit mo ine-explain 'yan that way? Ang daldal mo.
MEG: I just don't want you to get the wrong ideas. Ibig ko sabihin, about me. I'm a married woman, and I act like one. Friendly lang ako.

AJ: Huwag ka mag-alala. Hindi naman ako tanga. I won't assume na may malisya ka. Hindi naman ako bobo. Quiet type lang. (*Saglit*) Madaldal kang tao, ano?

Bahagyang magkakatawanan ang dalawa.

MEG: Hingin na natin ang cheque.

AJ: Ako na ang bahala.

MEG: Split tayo.

AJ: Ako na. Singilin natin sa opisina.

MEG: It's not an hour yet.

AJ: What's not an hour?

MEG: Technically, it's not going to be an hour. Kasi kanina, kasama natin si Ben bumaba at naglakad hanggang diyan sa parking. Parang meeting na rin 'yun, kasi we were still talking about operational stuff. Kaya technically, it's only been thirty-five minutes. Meron pa tayong kalahating oras.

AJ: Ay. Uso ba ang bilangan ng lunch break sa opis?

MEG: Actually, no.

AJ: Ibig sabihin, we have all the time in the world.

MEG: Not quite. But yeah.

AJ: Tinatamad ka pang umakyat ano?

MEG: Sort of.

AJ: Bakit?

MEG: Siguro dahil ang kulimlim. It's not exactly the type of day na nakakasipag mag-work, right?

AJ: I hate days like this.

MEG: Why?

AJ: Ang init. Pinagpapawisan ako.

MEG: Is that why ayaw mong magpahawak sa braso kapag naglalakad.

AJ: Ayoko lang talaga. Period. Besides, ayoko sa clingy.

MEG: Hindi naman ako clingy. Medyo mataas lang talaga ang heels ko.

AJ: 'Di sana nag-flats ka.

MEG: Taray mo naman.

AJ: Kidding aside, though, bakit nga ayaw mo pang bumalik sa opisina?

MEG: Sabihin na lang natin na gusto kong mag-blow ng steam.

AJ: Blow some steam!

MEG: How?

AJ: Paano ba mag-blow ng steam? Magkuwento ka. Just be your normal, adorable talkative self. Ano man 'yang gusto mo ikuwento.

MEG: Huwag na lang. Let's just stay here for a while.

AJ: Ano ba ikukuwento mo? Marital problems?

MEG: Why'd you think I have those?

AJ: Wala lang.

MEG: If indeed I had those, hindi naman kita ibo-bore ng ganoon. Saka hindi pa tayo close, let me remind you. Ganito na lang. Tell me a few interesting things about yourself. Halimbawa, how'd you end up working as a business development manager? Fancy title. Iyan ba ang passion mo?

AJ: No. Ang passion ko actually, magturo.

MEG: Really?

AJ: Well, yeah. Noong college, meron kaming org na nagtuturo kami ng magbasa saka magsulat sa mga matatanda na. Kunwari, sa mga tinderer saka tintera na hindi marunong. Ganoon.

MEG: Paano ka naman napadpad sa business development?

AJ: Kailangan ko ng malaking sweldo. Pang support sa nanay ko. Twice na kasi nagka-cancer yun. Parang hobby lang yata niya magkasakit. Medyo nalubog kami sa utang.

MEG: Why this line of work then?

AJ: I don't know. Dito lang ako napadpad. I guess dahil magaling ako sa math saka mag-stalk ng kung ano-ano saka sino-sino sa internet.

MEG: Oh.

AJ: Bakit gusto mo malaman?

MEG: Naitanong ko lang naman. Getting to know you. Saka ang daldal ko nga masyado kanina, hindi ba? So may balak kang mag asawa, mag-family someday?

AJ: Wala na siguro. Magpapakamatay na kasi ako on my 40th birthday. Siguro naman patay na ang nanay ko noon. So bale, meron pa akong five years. 35 na ako ngayon e.

MEG: Grabe, ang morbid mo naman.

AJ: I'm kidding.

MEG: (*Kakatok sa mesa*) Don't say jokes like that. It's not very good.

AJ: Jokes are half-meant.

MEG: Loko ka. Tara na nga. Ayoko ng usapang ganito.

AJ: Bakit?

MEG: Siyempre. Ayokong mamatay ka.

AJ: Bakit naman?

MEG: Sino ba naman ang may gustong may mamatay?

AJ: But you don't know me.

MEG: AJ!

AJ: You don't know me from Adam. (*Kukunin ang tarhetang binatang pabalik ni Meg kanina*) You don't even have my card.

MEG: (*Kukunin ang card*) Akin na nga 'yan.

AJ: My number's there. At the back, my personal. Do you really want to get the cheque?

MEG: No. If you promise not to be weird.

AJ: I'll try my best. Pero I won't promise. I promise a lot of things, pero not those I know I won't be able to give.

Saglit.

Magdidilim.

III

Dalawang upuan. Lobby ng isang ospital.

Nakaupo si AJ.

May hawak na cellphone na nagri-ring.

Darating si Ty. Pupuntahan si AJ.

- TY: Brad, ikaw ‘yung officemate ni Meg?
- AJ: Yes. (*Iaabot kay Ty ang cellphone*) O, telepono ng asawa mo.
- TY: Salamat ha. Pasensiya na sa abala. Nasaan na ba siya?
- AJ: Pinapupunta siya doon sa taas for some testing. Ewan ko. Dugo yata.
- TY: Oh. Maga ba ang mukha?
- AJ: Oo. Saan ba siya allergic?
- TY: I don’t know this time. Marami kasing allergy ‘yan. Pasensiya ka na ha, naabala ka pa.
- AJ: Hindi, ok lang. Ako lang kasi ang manager na nasa office kanina. Sa akin tinawag ng nurse. (*Iaabot ang kamay kay Ty*) AJ pala, pare.
- TY: Oh. Ikaw si AJ? (*Kakamay*) Tyrone Huxley Benavidez, pare. Attorney ‘din. Saang law school ka nga?
- AJ: Ay, hindi ako abogado.
- TY: Ah, oo nga pala. Ikaw nga pala ‘yung bago ano? ‘Yung sa business development?
- AJ: Hindi naman gaano bago. Apat na buwan na rin ako.
- TY: Ikaw ‘yung boyfriend ni Cherry Lou.
- AJ: Boyfriend?
- TY: Oo. Kayo daw ni Cherry Lou, ‘di ba?
- AJ: I guess.
- TY: Nice girl. I met her once. Lasengga lang. Umiinom pa rin ba?
- AJ: I guess so.
- TY: Ah. Ok. Pre, dito daw ba siya babalik? Let me text her lang, ha?

*Uupo si Ty. Magtetest sa cellphone.
Tutunog ang isa pang hawak na cellphone.
Patawa-tawa.*

- TY: Ayan. Para kunwari nagagalit ako. Don't tell.
- AJ: Ok. Pre, do you mind kung babalik na ako sa office?
- TY: Dala ba niya ang bag niya?
- AJ: Oo.
- TY: Taga Las Piñas ka rin, hindi ba? Sabay ka na sa amin.
- AJ: May mga tatapusin pa ako.
- TY: Are you sure?
- AJ: Yes.
- TY: Ok. Ingat ka pare. Were you able to tell her na natawagan mo na ako before she left for the tests?
- AJ: Hindi. Pasabi na lang na may hinabol ako. Hindi na ako makapagpaalam.
- TY: She is expecting you when she comes back?
- AJ: Hindi naman siguro. Nagkataon lang kasi na ako ang pinaka-senior sa office.
- TY: Ang galing, ano? Ikaw ang pinaka senior e hindi ka naman abogado, at abogado ang lahat ng empleyado?
- AJ: What do you mean?
- TY: Wala. I was kidding. Ingat ka pare.
- AJ: Sige. Ingat din kayo.
- TY: Regards kay Cherry Lou.
- AJ: Who?
- TY: Cherry Lou. "Girlfriend" mo.
- AJ: What do you mean?
- TY: Nothing, brad. Nothing.
- TY: Ok.

Saglit.

*Lalabas si AJ.
Magdidilim.*

IV

*Isang bahay sa Las Piñas.
Limang taon ang makalipas.
Isang mesa, mga upuan.
Wala ng ibang kagamitan.*

*Inilalabas ni Meg ang ilang cupcake mula sa isang kahon. Inaayos ito sa mesa.
Nakatayo sa hindi kalayuan si AJ, may hawak na garbage bag.*

Saglit.

Ilalapag ni AJ sa upuan ang garbage bag.

Uupo. Sa malayo.

Tableau.

- AJ: Paano mo naman ie-explain ang pagbabalik ng mga damit na ‘yan? Hindi ba nag-iimbentaryo ng damit ang asawa mo?
- MEG: Kasya pa kaya sa akin ang mga ito?
- AJ: Kasya na ulit sa ‘yo. Ang bilis mong pumayat. Ilang buwan na ba ang baby mo?
- MEG: Apat.
- AJ: Wow.
- MEG: May hiwa na ako sa tiyan.
- AJ: Malamang.
- MEG: Hindi na makinis ang tiyan ko.

AJ: Normal lang naman ‘yan. Keloidal ka ba?
MEG: I don’t think so.
AJ: Ok lang ‘yan. Kikinis ka rin ulit.
MEG: Sana.
AJ: Ano ang excuse mo today?
MEG: Excuse saan?
AJ: Sa asawa mo.
MEG: Wala. Pumasok sa office.
AJ: Hindi ba gusto noon tinatawagan mo siya halos oras-oras?
MEG: Actually, tuwing break at tuwing lunch lang naman.
AJ: O, paano ‘yan?
MEG: Wala na. Kinakutsaba ko na si Cherry Lou. Told her na sagutin ang phone tapos sabihin nasa mahabang planning meeting ako.
AJ: Kawawa naman si Cherry Lou.
MEG: Bakit?
AJ: Ang dakilang piping saksi.

*Matamlay na magkakatawanan ang dalawa.
Saglit.*

MEG: Bakit hindi mo siya niligawan?
AJ: Sino?
MEG: Si Cherry Lou. Single siya.
AJ: Bakit ko naman liligawan?
MEG: Single ka rin naman.
AJ: E hindi ko naman siya gaano gusto.
MEG: Maganda naman siya.
AJ: Hindi naman porke maganda liligawan mo na agad.
MEG: Crush ka noon dati.
AJ: Noong bago pa lang ako?
MEG: Hindi. Tayo na noon. Noong pumayat ka.
AJ: Ah. Crush ko rin ang sarili ko noong pumayat ako.

MEG: Tanong nga siya nang tanong sa akin noon. Hindi ko nga masabi.

AJ: Nalaman ba niya eventually?

MEG: Babae rin 'yun. Hindi naman 'yun tanga.

AJ: Kunsabagay. Piping saksi nga.

MEG: You know what, part of me noon, I was imagining, sana ligawan mo si Cherry Lou. Magkatuluyan kayo. Ganoon. Then you can get me bilang ninang ng baby n'yo. Or something. Basta, something like that.

AJ: May fetish ka sa kumare-kumpare sex?

MEG: Para 'tong sira.

AJ: Bakit bigla mong binubugaw si Cherry Lou?

MEG: Hindi naman. Hindi ko naman tinuloy, di ba?

AJ: I would have done it. I would have done it kung gusto mo. Pogi din naman ako. Maski papaano.

MEG: I know. (*Matatawang bahagya*) Pero alam kong hindi ka magiging masaya doon.

AJ: Well, oo nga. To be completely fair.

MEG: Minsan, I was thinking, you liked me too much. Way too much for your own sake.

AJ: Like?

MEG: Oo. You liked me. Same way I liked you.

AJ: Na-demote na ako sa pagiging liker mula pagiging lover?

MEG: Hindi naman sa ganoon.

AJ: Nagbibiro lang ako.

MEG: Gusto ko lang naman kasi noon, maging masaya ka.

AJ: Kaya ko dapat ligawan si Cherry Lou?

MEG: Yeah.

AJ: Akala ko ba alam mong hindi ako magiging masaya kay Cherry Lou?

MEG: Oo.

AJ: Ang gulo mo kausap.

MEG: Are we fighting? Pumunta lang naman ako para batiin ka ng happy 40th birthday.

AJ: We're not fighting.

MEG: Galit ka.

AJ: I'm not.

MEG: Galit ka, eh.

AJ: I'm not.

MEG: Bakit hindi ka galit?

AJ: Bakit ako magagalit?

MEG: Hindi ka ba galit maski konti?

AJ: Hindi.

MEG: Hindi ka ba nalungkot when we weren't seeing each other anymore?

AJ: Nalungkot. Konti.

MEG: Konti? And then what?

AJ: And then what? What was I supposed to do?

MEG: Kumain ka ng cupcake.

AJ: Kumain ka ng cupcake? That was what I WAS supposed to do?

MEG: Oh. I misheard. Kala ko "am." Pinasalubungan kasi kita ng cupcakes. Might as well eat it.

AJ: I don't want cupcake.

MEG: Kumain ka ng cupcake.

AJ: Hindi na nga ako kumakain ng cupcake. Diabetic na ako.

MEG: Maski isa lang! Kumain ka ng cupcake. Please. Please! Sugar-free 'yan. At yes, alam kong diabetic ka. Para kang tanga.

Trying to be sweet, lalagyan ni Meg ng cupcake ang palad ni AJ.

Saglit.

Muling ilalapag ni AJ ang cupcake sa mesa.

AJ: If you have to know, yes. Nalungkot ako noong hindi na tayo nagkita. Malungkot naman ang buhay ko dati. Hindi ko lang alam. Sabihin na lang natin na malungkot na siya dati pa by

default. Noong nawala ka, bumalik lang sa normal ang buhay ko.

MEG: Maniwala ka man sa hindi, I was always worried about you.

AJ: You needn't worry. Natatandaan mo ang motto ko sa buhay?

MEG: Chill lang.

AJ: Oo. Chill lang.

MEG: Noong namatay ang mother mo, I wanted to see you.

AJ: Why?

MEG: Alam kong mag-isa ka na lang.

AJ: She's been senile for a decade. Mag-isa talaga ako sa buhay way longer than that. Ok din ang timing noong namatay siya. Kaaalis mo lang noon para sa maternity leave mo e. So at least, for two weeks—isang lingo siya sa ospital tapos isang lingo na nakaburo!—hindi kita iniisip.

Saglit.

MEG: I wanted to see you. Hindi ko lang talaga kaya pa.

AJ: Well, hindi naman ako tanga. I knew that.

MEG: I wanted to see you many times after that.

AJ: It's nice to know.

MEG: Noong sabi ni Cherry Lou na nag-resign ka, gusto kitang puntahan. Maski tawagan lang.

AJ: You could have, you know. It would have been just a conversation. Hindi ka na sana bumili pa ng cake. It's for your own peace of mind lang naman, 'di ba?

MEG: I didn't have the courage to. Gusto ko harapan tayong mag-usap.

AJ: Bakit hindi mo ginawa?

MEG: Hindi ko alam ang ipapaalam sa asawa ko.

AJ: Kunsabagay. Hatid-sundo ka na niya ulit araw-araw, 'di ba?

MEG: Unfortunately, yes.

AJ: Unfortunately?

MEG: You know what I mean.

AJ: I will make a note of that. Sasabihin ko sa notebook. Huwag makipagrelasyon sa nasa iisang building. Kumplikado.

MEG: Nakukuha mo pang magbiro.

AJ: Totoo naman. Kapag lumipat sa kalapit na building ang asawa ng karelasyon, hiwalayan mo na agad.

MEG: Serious ako.

AJ: Masyado ngang serious.

MEG: Hindi ko lang siya karelasyon after all. Asawa ko siya.

AJ: Alam ko. That's what you made me feel everyday.

MEG: What do you mean?

AJ: Literal. Everyday. Sa tuwing nagmamadali kang umuwi. Sa tuwing pasilip-silip ka sa cellphone mo tuwing magkasama tayo. That was your message. Your meta-message. Alam mo naman ang ibig sabihin ng meta, hindi ba? Contracts lawyer ka naman, siguro naman ok vocabulary mo.

MEG: AJ, hindi ako pumunta dito para makipagtal.

AJ: I know. Kaya nga kakainin ko ang maski isang cupcake. Chill lang. Pero iuwi mo na lang ang iba. Wala na akong ref. If you didn't notice. Wala na. I'm leaving tomorrow. Kailangan mong dalhin 'yang cupcake mo pabalik ng office. Or else masasayang lang. (*Saglit.*) Alam mo nga pala, FYI, kaming mga diabetic minsan ayaw ng kahit anong sugar-free. Who eats that shit anyway? Wala pa kong natitikmang sugar-free cake na matatawag na masarap. Ang tamis-tamis masyado. Hindi tulad ng normal. Unfortunately nga lang, bawal.

Katahimikan.

MEG: Do you recall our first date?

AJ: Vaguely.

MEG: You were saying something silly. Para ka lang tanga. Sabi mo, kapag mag-isa ka na lang sa buhay, magpapakamatay ka at age 40.

- AJ: Hindi ako magpapakamatay. Pupunta ako ng Hong Kong bukas. I took a job there, kung hindi pa nasasabi sa iyo ng piping saksi na si Cherry Lou.
- MEG: Nasabi niya sa akin.
- AJ: So alam mo naman pala. After five long years, genuinely, biro lang 'yun.
- MEG: That wasn't what I was driving at?
- AJ: What were you driving at?
- MEG: Gusto ko lang ikuwento, merong mga panahon noon, lagi kong iniisip, kung sakali lang, kung sakali lang na totohanin mo, baka magpakamatay na rin ako.
- AJ: Ulol. Hindi nakakahawa ang pagiging suicidal. Hindi naman 'yun kuto.
- MEG: That was the time that I felt so trapped. At ikaw lang naman ang nakaintindi noon.
- AJ: Ako lang? Ang dami mo kayang fans. You were entertaining all of them.
- MEG: Remember what I said kapag nagseselos ka ng ganyan dati?
- AJ: You just need warmth?
- MEG: Oo.
- AJ: Sa taba ko dati, my warmth wasn't enough, ano?
- MEG: Para kang sira. Huwag ka na magselos. Wala na silang lahat. Maski isa, hindi ko na kinakausap. I figured, hindi naman pala warmth ang hinahanap ko. Understanding. You figured it out before I did. Tama ka.
- AJ: I know. Too late though.
- MEG: You're an asshole now.

Matatawa ng matamlay si AJ.

Saglit.

- AJ: Don't think things like that. Maski joke. Lalo na ngayon, tatlo na ang anak n'yo.

MEG: Hindi ko naman siguro tototohanin. Pero lagi kong iniisip.
AJ: Bakit mo pa kinukuwento?
MEG: Sabi ko nga—I was driving at something?
AJ: What?
MEG: Na naging mahalaga ka noon sa akin.
AJ: Anong point na malaman ko ‘yan?
MEG: Dahil I want you to feel special.
AJ: Ano’ng praktikal na silbi noon sa akin? Siopao ba ‘ko, na mas mataas ang presyo kapag special?
MEG: Gusto ko lang maging malinaw sa iyo na malaking bahagi ka ng buhay ko.
AJ: I already knew that.

Hahanapin ni AJ ang kahon ng mga cupcake.

Ipapasok muli ang cupcake na binigay sa kanya ni Meg.

Isasara niya ang kahon—with difficulty.

Mapipikon si AJ na hindi niya maisara ng maayos.

Uupo ito. Si Meg ang magsasara ng kahon.

Nakangiti itong bahaging naglalambing bahaging nang-aasar.

Magkakatawanan sila ng bahagya—iyong tawanan na bigla na lang matitigil dahil hindi dapat.

Saglit.

AJ: You better go. Makulimlim. Baka abutin ka ng ulan nagbabaha diyan sa Zapote.

(Kukunin ang kahon, ilalagay sa kamay ni Meg. Lilipat sa malayong bahagi ng mesa)

You know what part of you I like the most? Physical part, yung bahagi ng legs mo na malapit sa puwet. Ang lambot kasi. Emotional part, ‘yung pagiging bully mo. Napapangiti na lang ako noon sa tuwing binu-bully mo ako. Lalo na kapag kumakain

tayo sa labas, tapos o-order ka ng napakarami, tapos pipilitin mo akong ubusin kasi sasabihin mo maraming mahirap sa Pilipinas. Ang tanga-tanga mo lang. Ang illogical. Saka tumataba ako. Partly, minahal kita ng dahil doon, maski naging chubby ako dahil sa 'yo. Sabi ko noon, kung sakali lang na mamulat ka at iwan mo 'yang asawa mo, 'yang buhay mong hindi masaya, ok lang siguro maging hen-pecked husband ako. Ok lang. Noong nag-aaway na kayo ng matindi kasi nasaksak ang boypren ni Cherry Lou at ni hindi ka makapunta sa burol dahil pinagbawalan ka ng asawa mo—sorry ha kung hanggang ngayon hindi ko pa rin mabanggit ang pangalan niya—tapos nagwawala ka at galit na galit ka, at sabi mo gusto mo iwan na ng tuluyan, umalis na lang, maski lumabas kang masamang tao, iyon ang nasa isip ko e, noong sabihin kong sige, umalis na lang tayo, magtago tayo sa Hong Kong, maski maubos pa ang konting ipon ko, mapagpakatotoo na tayo. Sabi ko, maski maging hen-pecked husband pa ko. Ok na sa'kin 'yun. Pero I guess that was a banal thing to think, dahil you're stupid and you'll never leave you're husband.

MEG: Bakit mo sinasabi sa 'kin 'yan?

AJ: Pagbigyan mo na ko. Gusto lang kitang tawaging stupid bago ka umalis.

MEG: Am I?

AJ: Are you what?

MEG: Stupid?

AJ: Hindi naman siguro. Magulo ka lang kausap.

Bahagyang magkakatawanan ang dalawa.

Katahimikan.

Akmang lalapit si Meg kay AJ.

AJ: No hugs. Ayoko ng senti. Just walk out like you've walked out many times before, na parang babalik ka bukas.

MEG: Babalik nga ba ako bukas?

AJ: Alam mo namang wala kang babalikan, right?
MEG: Yeah.
AJ: At least we have some bit of dignity intact, right?

*Meg blows AJ a flying kiss.
Tatalikod ito para umalis.*

AJ: Meg. (*Saglit*) Good luck sa buhay.

*Ngingiti si Meg. Aalis na ng tuluyan.
Magdidilim.*

V

*Silid ni Meg at Ty.
Nakaupo si Meg sa isang upuan, nakaharap sa veranda, balot ng kumot.
Lalabas ng banyo si Ty.*

TY: Ma, I don't want to be late tomorrow.
MEG: Sabi mo nga.
TY: Nabilinan mo ba si yaya?
MEG: Baon natin?
TY: Yeah.
MEG: Yeah.
TY: Sinabihan mo bang mag-ingat?
MEG: Why?
TY: Nabagsak niya 'yung isang plate. Nabasag 'yung tiles sa tabi ng lalagyan ng sabon.
MEG: Oh. Hayaan mo na. Tiles lang naman 'yun.

Hihiga na si Ty.

TY: Gusto mo mag-sex?
MEG: Puwedeng bukas na lang?
TY: Ok. I'm tired din naman.
MEG: Did you check on the kids?
TY: Of course.
MEG: Ty...
TY: Yes?
MEG: Matutulog ka na?
TY: Oo.
MEG: Ok. Good night.
TY: Bakit?
MEG: Wala.
TY: Bakit nga?
MEG: I was going to tell you something sana.
TY: What was it?
MEG: Nagbago na ang isip ko.
TY: Para kang tanga. Huwag ka ngang buwisit. Ano nga?
MEG: Huwag ka na magalit. It's not important. May naisip lang ako ikuwento. About Cherry Lou. Pero hindi naman mahalaga, so huwag na lang.
TY: Ayoko diyan sa kaibigan mo.
MEG: Cherry Lou?
TY: Oo. Kulot saka ang laki ng buhok. Sabi ng mga matatanda sa amin noon, kapag kulot saka malaki ang buhok, ibig sabihin maraming sikretong alam. Ibig sabihin tsismosa. Huwag ka nga sama ng sama diyan.
MEG: She's my only friend in the office.
TY: Hindi mo naman kailangan ng friend. You're a married woman. Tama na ang pamilya mo.
MEG: Ok.
TY: Matulog ka na.
MEG: Papa, I think it's going to rain na.
TY: Sara mo 'yang bintana mamaya.

MEG: Ok. (*Saglit*) It's starting na.
TY: Sara mo na. Mababasa tayo.

Maririnig ang unti-unting pagbuhos ng ulan.

Malalaking patak, tapos biglang buhos.

Maigsing tableau.

Tatayo si Meg para isara ang bintana.

Unti-unting magdidilim para sa pagwawakas ng dula.

WAKAS

DALAWANG GABI

Maynard Manansala

Mga Tauhan:

Ma'am Debbie - gurong nasa late 30s, cute na chubby, kuwela kahit nagdadrama

Lester - estudyanteng 20 y/o, katamtaman ang katawan at itsura, seryoso ang aura kahit nagpapatawa

Tagpuan at Panahon:

Sa faculty room. Kasalukuyan.

UNANG GABI.

Mangyayari ang dalawang magkahiwalay na gabi sa isang faculty room. Nakababa ang blinds. May bulletin board na natatakpan ng itim na tela. May body-length mirror sa isang tabi. May isang mesa. Nasa ibabaw ang ilang libro at papel, (o anumang bagay na magsasabing guro ang gumagamit nito.) Nasa ibabaw rin nito ang di-nakasinding kandila, Novellino red wine at dalawang plastic cup. Tutunog ang bell.

(Titingin si MA'AM DEBBIE sa relo, sa paligid. Lalapit siya sa switch ng ilaw, pipindot-pindutin ito. Medyo magiging dim.)

MA'AM DEBBIE: 'Yan! Para hotel ambience.

(Pipindutin pa ulit ang switch. Magpapatay-sindi ang ilaw, na parang nanganganib mapundi, hanggang sa bumalik sa normal na liwanag.)

Joke lang po Lord! Ang chaka, ang liwanag! Parang may show.

(Huhubarin ni MA'AM DEBBIE ang suot na uniporme o pormal na damit, at isasampay sa upuan. Gamit ang cellphone, patutugtugin niya ang "If I'm Not In Love" ni Faith Hill. Sandali niyang pagmamasdan ang katawan sa harap ng salamin. Ilalabas sa bag ang itim na dress. Isusuot ito. Sasabayan pa niya ang ilang linya ng kanta.)

Every time I think about you, baby, why else do I want you like I do...

(Mapagtatanto niyang masikip na ang itim na dress. At halos pabulong...)

Ay. Parang tumaba ako... Push!

(Uupo si MA'AM DEBBIE sa harap ng mesa. Gamit ang isang desk mirror, lalagyan niya ang mukha ng makeup. At parang pinalalakas ang loob...)

Adele...

(Sasampal-sampalin ang mukha.)

Is that you?

Maririnig ang tatlong katok. Papasok si LESTER, nakauniporme ng isang nursing student, may dalang paper bag na may lamang test paper. Ilalapag ito sa mesa.

LESTER: (*Titingnan nang kakaiba si MA'AM DEBBIE.*)
Anong meron?

MA'AM DEBBIE: (Magmamaang-maangan.)
Ha?

LESTER: O, ulol!

MA'AM DEBBIE: Ano, nagagandahan ka na naman sa 'kin?

LESTER: Saan ang ballroom?

MA'AM DEBBIE: 'Wag ka ngang panira!

(*Tatapusin ang paglalagay ng makeup.*)

Matatahimik. May binabasang mensahe si LESTER sa cellphone niya. Mabilis siyang pipindot ng sagot.

MA'AM DEBBIE: (*Ilalabas ang mga test paper sa paper bag.*) Uy, salamat.
Ilang sem mo na akong pinagtsetsek, Les.

Tatango lang si LESTER. Seryoso ang mukha.

MA'AM DEBBIE: May bumagsak ba?

LESTER: May bumabagsak ba sa 'yo?

MA'AM DEBBIE: Parang ang baba ng energy mo, Les. Kunsabagay, kahit naman dati ganyan ka na. Kahit nagjo-joke ka, para ka pa ring nagre-recitation. Pag nagagalit ka naman, para ka lang nag-opening prayer.

Pilit ang ngiti na mapapailing si LESTER.

MA'AM DEBBIE: Ito naman. Nagtatampo ka na ba, na lagi kitang pinagtsetsek?

(*Lalapitan si LESTER. Aabutin at titingnan ang kamay nito.*)

Kinalyo ka na naman.

Babawiin ni LESTER ang kamay.

MA'AM DEBBIE: Hayaan mo, malapit nang matapos ang kalbaryo mo. Hindi na magkakalyo 'yang daliri mo. Ang sabi ni Sir Bau, makakabili na raw ng Scantron ang pobreng college natin. Finally!

LESTER: Sus, wala 'yon.

MA'AM DEBBIE: Ang Scantron?

LESTER: Tange. Ang pagtse-tsek.

MA'AM DEBBIE: 'Yon naman pala. E, bakit ganyan ka? Natatae ka ba? Nando'n ang...

LESTER: Ang lakas mo ring mang-trip, 'no.

MA'AM DEBBIE: Kaya nga wiling-wili ka sa 'kin.

LESTER: Oo, ang lakas kasi ng topak mo.

MA'AM DEBBIE: *(Itatali ang buhok saka magpo-pose.)*

Wala kang naaalala?

LESTER: Cherry Pie Picache?

MA'AM DEBBIE: Gago! Adele 'yan!

LESTER: Remind lang kita ha, bata pa po 'yon.

MA'AM DEBBIE: Bakit, mukha na ba akong matanda?

LESTER: Bakit, maganda rin naman si Cherry Pie, a!

MA'AM DEBBIE: O, di sa bibig mo rin lumabas.

LESTER: Na?

MA'AM DEBBIE: Maganda ako.

Titingnan ni LESTER ang dalawang magkalayong hintuturo, pagsasalubungin pero hindi magtatagpo.

MA'AM DEBBIE: *(Ngingiti.)*

Mamaya na tayo umuwi, a.

Kinakalikot muli ni LESTER ang cellphone niya.

MA'AM DEBBIE: Hoy, Les! Ano ba 'yan? Uyyy! May konsepto na siya ng textmate.

LESTER: Hindi, hindi. Wala.

MA'AM DEBBIE: Ang sabi ko, Mamaya na tayo umuwi.

LESTER: Tayo?

MA'AM DEBBIE: Oo! Di ba sabay tayo uuwi? Di ba, sabay tayo umuuwi?

Hindi makakasagot si LESTER.

MA'AM DEBBIE: So, totoong may problema, Les?

LESTER: (*Halos mabulol.*)

Wala naman. A... Ano lang...

MA'AM DEBBIE: Ano?

LESTER: Kailangan ko nang mauna.

MA'AM DEBBIE: Ay. Bakit? Nagpa-deliver nga ako ng pizza. 'Yong Hawaiian. 'Yong gusto mo.

Ilang sandaling magtitinginan sina MA'AM DEBBIE at LESTER. Uupo si MA'AM DEBBIE sa harap ng mesa. Bubuklatin ang mga test paper.

MA'AM DEBBIE: Bongga! Ang tataas. At highest si Marlon Baldomero. Complete package ang lolo. Cute na, matalino pa.

LESTER: (*Akma nang aalis, papunta sa pinto.*)

Mauna na 'ko, Ma'am Debs.

MA'AM DEBBIE: Nag-usap kami ni Inang nu'ng isang gabi, Les.

LESTER: (*Mapapaharap muli kay MA'AM DEBBIE.*)

Kumusta na si Inang?

MA'AM DEBBIE: Kinukumusta ka nga. Anyway, nag-usap nga kami. Ang sabi niya, hindi na raw ako bumabata. Bumibigat lang. Ilang taon na raw ako'ng nag-aalaga sa kanya. Biro ko nga, ang drama naman niya. Ilang taon na raw ang dumaan, 'yong mga estudyanteng tinuruan ko, nagsipag-abroad na, kung hindi nag-asawa. Ako, nandito pa rin. Single.

LESTER: Anong ginagawa ni Sir Sam sa computer lab.

MA'AM DEBBIE: (*Tatawa.*)

In fairness, Les, 'yan ang pinaka-effective mong joke. Anong pagkukuwentuhan namin ni Sam, storage capacity ng usb stick? Ano ang bonding namin, pagtutulungan naming i-troubleshoot ang computer?

LESTER: O di ba, astig. Bagay kaya kayo.

MA'AM DEBBIE: Tinanong ni Inang kung hindi na raw ba ako mag-aasawa. Kumbaga sa exam e, pass your papers na raw. Ang sabi ko, "Wala na Inang. Bokya na."

LESTER: Ang sabi mo dati, pag umabot ka ng kuwarenta, suko ka na.

MA'AM DEBBIE: Wala pa akong kuwarenta, Les.

LESTER: Wow...

MA'AM DEBBIE: Tinanong ni Inang kung ano raw ba kita?

LESTER: (*Parang medyo natensiyon.*)

A... Former student? Kaibigan?

MA'AM DEBBIE: Les, naman e. Matalino ka naman. Sa class dati, malakas lagi ang loob kong magtanong dahil kung walang makasagot, lagi kang magtataas ng kamay.

Mapapayuko si LESTER, parang estudyanteng sinesermunan ng guro.

MA'AM DEBBIE: Kailangan pa ba nating i-charades 'to?

(*Aarte na parang may pinahuhulaan.*)

LESTER: Ma'am Debs naman e.

MA'AM DEBBIE: (*Lalapit sa mesa.*)

Kaya nga tingnan mo, o. May kandila. Bumili pa ako ng red wine. Novellino nga lang.

LESTER: At plastic cups talaga?

MA'AM DEBBIE: Di ba ang romantic lang, Les?

LESTER: Oh, no!

MA'AM DEBBIE: Oh yes!

LESTER: 'Wag mo sabihing...

MA'AM DEBBIE: Sasabihin ko.

LESTER: This can't be.

MA'AM DEBBIE: 'Wag kang mag-Ingles, hindi ka artista.

LESTER: Hindi puwede.

MA'AM DEBBIE: So, mali pala ako? 'Yong hinahawi mo ang buhok ko pag napupunta sa mukha ko, ano pala 'yon?

LESTER: Siyempre magulo kaya inaayos.

MA'AM DEBBIE: E 'yong hindi mo inaalís ang braso mo pag sumasagi sa bubelya ko, pag nanonood tayo ng sine?

LESTER: Ikaw naman pala 'tong... Natural, masikip sa sine. Normal na magkabunguan ng katawan. Isipin mo na lang kung ilang libong tao ang nagkakahipuan sa MRT araw-araw. Ang hirit nga ng isang ale di ba, buntis na siya pagbaba niya.

MA'AM DEBBIE: E 'yong pagte-text natin araw-araw, 'yong pagtatawagan natin? 'Yong alam mo ang mga problema ko, alam ko ang mga problema mo, wala lang din?

LESTER: Ma'am Debs, ganyan ang kahit na sinong magkakaibigan.

MA'AM DEBBIE: Tinanong ni Inang kung boyfriend kita. Ang sabi ko, ayaw kong ako ang magsabi. Pero ang sabi ko, tuwing kinukuha mo ang mga test paper para ikaw ang magtsek, kinikilig ako. Pakiramdam ko, ayaw mong kalyuhin ang daliri ko. Di baleng daliri mo na ang magkakalyo. Pakiramdam ko, ma...

LESTER: Ma'am Debs, please. Kahit naman nu'ng estudyante mo pa 'ko, tsinetsekan ko na.

MA'AM DEBBIE: Pero hindi na kita estudyante.

LESTER: Mahalaga ka sa buhay ko Ma'am Debs... Ma'am Debbie. Nu'ng panahong nanliliit ako tuwing papasok sa classroom dahil pakiramdam ko hindi ko kakayanin, ikaw ang nagpapalakas ng loob ko. Nu'ng naging prof kita sa psych, inspired na inspired ako. Sabi ko, ang sarap palang mag-aral. You bring out the best in me, Ma'am Debs. Pero 'yong sinasabi mo...

MA'AM DEBBIE: Dahil ba mataba ako?

LESTER: Wala akong sinasabing ganyan. Alam mong umaatak tayo kung saan may unli rice.

MA'AM DEBBIE: Um-order na nga ako kay Ma'am Bañares ng slimming tea. Sexy na ako in one month.

LESTER: Wala kang kailangang gawin, Ma'am Debs. Delikado pa ang mga slimming tea na ganyan.

MA'AM DEBBIE: O sige. Nag-sign up na ako sa pa-zumba ng barangay namin. Gusto mo sabayan ko pa ng yoga.

LESTER: Gawin mo 'yan para sa kalusugan mo.

MA'AM DEBBIE: Dahil ba sa age gap natin? Hindi naman halata, a. Pareho naman ang mga pagkaing gusto natin. Pareho ang jokes na pinagtatawanan natin. Nasasakyan natin ang mga topak ng isa't isa.

LESTER: Ma'am Debs, Ma'am Debs, please...

MA'AM DEBBIE: Kasi naman, Les. Hindi mo ba nakikita? Wala ka ba talagang nararamdaman? Lahat ng natutuhan ko sa teaching strat at kung ano-ano pang strat, ibinuho ko na dito.

(Hihilahin ang telang nakatakip sa bulletin board. Mababasa ang: MAHAL KITA LESTER!!!)

LESTER: Sorry.

MA'AM DEBBIE: So all this time, nag-iilusyon lang pala ako. Na kahit ang tagal na rin nating ganito, si "Ma'am Debs" lang talaga ako. Personality development coach mo. Teacher, mentor, ano pa?

LESTER: Kami na ni Trisha.

MA'AM DEBBIE: *(Parang nabingi.)*

Ano?

LESTER: Kami na ni Trisha. Si Trisha, Trisha Catacutan.

MA'AM DEBBIE: *(May kaunting gigil.)*

Oo, kilala ko siya. Magkaklase kayo sa akin dati. Bakit Lester?

LESTER: Anong bakit, Ma'am Debs? Lalaki ako. Babae siya.

MA'AM DEBBIE: At ako ano?

LESTER: Babae rin. Babaeng teacher.

MA'AM DEBBIE: Di ba dati, pag nag-roll call ako, marinig mo lang ang apelyidong Catacutan, napapayuko ka na? Parang bahong-baho ka.

LESTER: E ano, hindi ko pala siya dapat katakutan. At mabango siya.

MA'AM DEBBIE: Saka natatandaan ko, ang sabi mo, nate-turn off ka sa Catacutan na 'yan. Kahit ang dali-dali ng exam, pasang-awa pa rin.

LESTER: Puwede ko naman siyang turuan. Nag-improve na siya. Tinulungan nga niya akong magtsek ng mga test paper mo.

MA'AM DEBBIE: Ano, pinag-tsek mo siya?

LESTER: Oo. Bakit?

MA'AM DEBBIE: Ay naku, ire-recheck ko nga. I'm sure maraming corrections.

LESTER: Sobra naman, Ma'am Debs.

MA'AM DEBBIE: (*Mapapatingin lang.*)

Kailan pa kayo?

LESTER: Monthsary namin bukas.

Sandali ng katahimikan. Magsisimulang ligpitin ni MA'AM DEBBIE ang kandila, bote ng Novellino at dalawang plastic cup. Isa-isa na rin niyang tatanggalin ang mga letrang MAHAL KITA LESTER sa bulletin board.

LESTER: Ma'am Debs... Sorry.

MA'AM DEBBIE: Ang unfair naman, Les. Ni hindi mo man lang sinabi. Kung hindi pa 'ko nagtapat ngayong gabi, baka nabalitaan ko na lang sa kung sino diyan ang tungkol sa inyo ni Trisha. Akala ko pa naman magkakampi tayo. Akala ko, kaya nating maging tapat sa isa't isa. Kahit pala sa bagay na 'yon...

LESTER: Sasabihin ko rin naman. Saka tingnan mo, tingnan mo ang reaksiyon mo.

MA'AM DEBBIE: Sige na, Lester. Ang sabi mo kanina, kailangan mo nang mauna.

LESTER: (*Bantulot sa pag-alis at pagsasalita.*)

Paano ka?

MA'AM DEBBIE: (*Ngingiti.*)

Ito naman, para kang tanga, parang hindi mo 'ko kilala. Ako pa! Sa ganda kong 'to! Sa suot kong 'to!

LESTER: Ma'am Debs naman e...

MA'AM DEBBIE: (*Parang normal na lang. Parang nakabalik agad sa masiyahing disposisyon.*)

May girlfriend ka na, huy! Dali na! Dali na! Happy monthsary! Best wishes! Sweet dreams! J-A-P-A-N! Just always pray at night! I-T-A-L-Y! I trust and love you! K-A-Z-A-K-H-S-T-A-N! Ay puta, ang hirap na.

LESTER: Nakakainis ka naman.

MA'AM DEBBIE: Dali na! Bago pa magbago ang isip mo.

Nakayukong lalabas ng faculty room si LESTER.

MA'AM DEBBIE: (*Huhuni ng "If I'm Not In Love" ni Faith Hill. Dadamputin ang cellphone sa mesa. May tatawagan.*)

Hello, yes. Wala pa 'yong pizza? Kanina pa 'yon, a. Nalipasan na 'ko ng gutom. Hindi, hindi. Alam mo, ate, i-cancel mo na. Paasa ka! Bye!

Mapapanood sa screen projector ang isang dokumentaryo. (Walang anumang musikang ilalapat dito.) Nasa ganitong ayos ang sequences:

- 1 - Mababasa ang: *TRISHA & LESTER A LOVE STORY.*
- 2 - Mula sa dulo ng isang madilim na pasilyo (sa eskuwelahan), makikita ang isang lalaking naglalakad, nakasuot ng uniporme ng nursing student. Si *LESTER.*
- 3 - Mula sa kabilang dulo ng madilim na pasilyo, makikita ang isang babaeng naglalakad, nakasuot ng uniporme ng nursing student. Si *TRISHA.*
- 4 - Magtatagpo sina *LESTER* at *TRISHA* sa gitna ng pasilyo. Maghahawak-kamay. Magliliwanag.
- 5 - Magbibigay ng testimonyo ang isang *BABAENG* nasa mid 50s. Nasa tabi siya ng isang photocopying machine. Habang nagsasalita ang babae, mababasa sa ibaba ng screen ang: *ATE UPENG* aka *MANANG XEROX.*

ATE UPENG: A... Siyempre haping-hapi ako. Madalas sa akin noon ‘yang si Lester. Lagi ‘yan, siya ang unang nagpapa-xerox pag may readings. Napakasipag na bata. Kaya lang mahiyain. ‘Yon bang palay na ang lumalapit e, siya pang umaayaw. Buti nga nakapag-asawa na.

6 - *Magbibigay ng testimonyo ang isang LALAKING mukhang kaedaran nina LESTER at TRISHA. Nasa loob siya ng isang laboratoryo. Habang nagsasalita ang lalaki, mababasa sa ibaba ng screen ang: MIKKO, DATING CLASSMATE.*

MIKKO: Ang tagal, pare. Halos pigain ko ‘yang lokong ‘yan para magkuwento. Ang sabi, dito daw sa lab nagsimula ang lahat. Sabi ko nga, “Talaga lang, a!” Nakabasag ng test tube si Trisha. Mangiyak-ngiyak. Ito namang si Lester, to the rescue. (*Mapapakamot ng ulo.*) Destiny na nga siguro. Kasi ang alam ko kay Lester, lagi ‘yang may kasama dati e...

7 - *Magbibigay ng testimonyo si TRISHA. Nakaupo siya sa isang bench ng school quadrangle, nakasuot pa rin ng uniporme ng nursing student.*

TRISHA: Actually, we’re classmates na since freshman days pa lang. At first, I didn’t think I’d like him. You know, mukha kasi siyang nerd. At least, dati. And he’d always hang out with this teacher. What’s her name again? The psych prof... (Biglang maaalala at halos maisigaw ang pangalan.) Ms. Debbie! Ma’am Debs!

Magkakaroon ng technical glitch, Mamamatay ang dokumentaryo.

PANGALAWANG GABI

Sa puntong ito, nakapagpalit na muli si MA’AM DEBBIE ng uniporme o mas pormal na damit; nagbalik na rin sa karaniwan ang makeup niya. Nakaupo siya sa mesa, nagtsetsek ng mga test paper.

Tutunog ang bell. May maririnig na tatlong katok. Papasok si LESTER, nakasuot ng stylish polo shirt.

LESTER: Excuse me, nandiyan po ba si Cherry Pie, este, si Adele?

MA'AM DEBBIE: (*Masosorpresa pero kontrolado.*)

Lester!

LESTER: Nagbakasakali lang akong dumaan e. Ang sabi sa baba, maaga ka na raw lagi umuuwi, Ma'am Debs.

MA'AM DEBBIE: (*Titingnan ang mesa, kasama ang tsinetsek na papel.*)

Hindi. Ang daming trabaho, o.

LESTER: E, Ma'am, baka hindi ka na talaga makapag-asawa niyan.

Titingnan lang ni MA'AM DEBBIE si LESTER. May sandali ng pagkaasiwa.

MA'AM DEBBIE: Anong meron? Nabisita ka...

LESTER: Ayaw mo yata akong makita.

Hindi kikibo si MA'AM DEBBIE, tuloy lang sa pagtse-tsek.

LESTER: Nag-request ng recommendation letter.

MA'AM DEBBIE: Para saan?

LESTER: Sa work. Sa call center.

Mapapatingin si MA'AM DEBBIE kay LESTER.

LESTER: Kinagat ko na rin, Ma'am, habang naghihintay sa mahabang pila ng aplikante sa ospital. Para makaipon din ng pang-training. Kung tutuusin, mas maganda pa nga ang kita. Napapraktis pa ang English ko.

(*Mapapansin ang tambak ng test paper sa mesa.*)

Akala ko, may Scantron na?

MA'AM DEBBIE: Meron. Pero hindi maasahan. Nu'ng una, ang instruction, dapat buong-buong ang pag-shade ng mga bilog sa answer key para basahin ng machine. Tapos, nagkaro'n ng issue. Pinapakita raw nitong si Sam ang answer key sa mga kaibigang estudyante. Hanggang isang beses, habang may ini-scan na answer sheets,

tumirik ang machine. Nang imbestigahan, second-hand pala ang binili.

LESTER: Kaya ba narinig ko rin sa baba, wala na raw dito si Sir Bau?

MA'AM DEBBIE: Oo. Ang dami na pala niyang kaso.

LESTER: Nakasalubong ko pala sa gate si Sir Palubs.

MA'AM DEBBIE: Binati mo ba? Birthday ng mokong na 'yon ngayon.

LESTER: Hindi. Okeylang. Ako nga, pangalan ko na lang na pagkasimple-simple, hindi pa niya maalala.

MA'AM DEBBIE: Hindi mo pa rin makalimutan 'yan.

LESTER: Lester na nga lang. Buti man lang sana kung ang pangalan ko, Nebuchadnezzar.

MA'AM DEBBIE: 'Yon na nga ang point, masyadong simple kaya hindi maalala.

LESTER: Isang beses, nagkasabay kami niyan sa jeep. Ang yabang ko pa, sabi ko, "Sir Palubs ako na 'to." Nilibre ko ng pamasaha si loko. Kuwentuhan kami nang kuwentuhan. Nakitsismis sa mga kaklase ko; kung sino raw ba ang syota ng babaeng malusog ang dibdib sa first row, kung tibak daw ba talaga 'yong kaklase kong parang hindi nagpapagupit. Basta ang dami. Tapos mayamaya ang tanong ba naman, "Saan ka bababa, Leslie?"

MA'AM DEBBIE: (*Medyo matatawa.*)

At least, tama ang first syllable.

LESTER: Kung sabagay. E si Ma'am Alma, nandito pa rin?

MA'AM DEBBIE: (*Mapapakunot ang noo ni MA'AM DEBBIE, saka maaalala kung sino ang tinutukoy ni LESTER.*)

A! Si Virginia Ajero!

LESTER: Oo, tama. Ang babaeng may koleksiyon ng Alma Moreno jokes. Pag ramdam niyang bored na ang klase sa lecture, lagi siyang may nakahandang Alma Moreno joke. Paborito ko 'yong umoorder daw si Alma ng Big Mac, e di ang tanong ng crew, "Ma'am, is it for dine-in or for take out?" Nagalit daw si Alma at ang sagot, "No! It's for Vandolph!"

Sabay na tatawa sina LESTER at MA'AM DEBBIE.

MA'AM DEBBIE: Ano ka, di ba nga kahit dito sa faculty room, binebenta niya ang jokes na 'yan? Kasama raw ni Alma ang isang kumare niya sa McDo. Si Alma lang ang kumakain. Big Mac. E, di siyempre nailang si Alma, kaya inalok ng Big Mac ang kasama. "Thanks, I'm a vegetarian," sagot daw nito. Nanlaki raw ang mata ni Alma at ang sabi, "Oh, I'm a Capricorn!" Anyway, hindi na affiliated dito si Ma'am Alma mo na 'yan. Wala raw career growth sa eskuwelahang ito.

LESTER: Mabuti na rin. Para mapakinabangan naman ng ibang estudyante ang Alma Moreno jokes niya.

(Mag-iisip na parang may inaalala pa.)

E si... Sino na nga ba 'yon? Si Ma'am Filipino?

MA'AM DEBBIE: Si Jelly Vinta.

LESTER: Oo, 'yon nga! Aliw na aliw ako sa class no'n dati e.

MA'AM DEBBIE: Talaga? Di ba ang boring ng taong 'yon? Basa lang nang basa. Ang best friend niya, libro.

LESTER: Hindi. Naaaliw ako kasi, kahit nagsasalita siya para siyang tumutula. Isang hapon ba naman, kakapasok lang niya sa classroom, ang banat, "Class napagmasdan n'yo na ba ang langit bago bumagsak ang ulan? Hindi ba, para siyang pisnging may pasa?"

MA'AM DEBBIE: *(Sa tonong nang-aasar.)*

How witty!

LESTER: Sira! Minsan, diniscuss sa klase ang "Veneration Without Understanding" ni Constantino. Ang sabi ni Ma'am Vinta, "Kung lilimiin natin ang sinasabi ni Constantino, hindi si Rizal ang kabuuan ng rebolusyon. Kumbaga sa isang polo, butones lang si Rizal. Hindi siya ang mismong polo." Sinusulat ko lagi sa notebook ang quotable quotes niya.

MA'AM DEBBIE: Ang tanda ko, 'yan 'yong notebook na hindi tayo umuwi hanggang hindi natin nahahanap, nu'ng nawala mo. Natakot ka sigurong mabuking lalo ng makapulot ang kawirdohan mo.

LESTER: Oo na! Sige na! Pero siyempre, walang tatalo sa aking Psychology professor. 'Yong kakambal ni Adele. The best kaya 'yon! Ang astig sa klase!

MA'AM DEBBIE: Tantaran mo 'ko, Lester Quizon.

LESTER: Wow, buong pangalan.

MA'AM DEBBIE: At least, hindi Leslie.

LESTER: *(Bubuwelo. Poporma.)*

Wala ka bang napapansin, Ma'am Debs?

MA'AM DEBBIE: *(Titingin. Sa tonong nang-iinis.)*

Wala naman masyado.

LESTER: *(Hihimasin ang polo.)*

Hindi nga?

MA'AM DEBBIE: A! 'Yan ba? Oo nga. Parang may iba sa porma.

LESTER: Ang guwapo ko, di ba?

MA'AM DEBBIE: Sa'n ang audition, kuya? Saan ka mag-eekstra?

Ngingiti lang si LESTER. May lungkot sa ngiti.

MA'AM DEBBIE: *(Titingin sa relo. Kay LESTER.)*

Hindi ka pa ba aalis? Gumagabi na.

LESTER: Sandali lang.

MA'AM DEBBIE: Bakit ka ba talaga nabisita?

Pupunta si LESTER sa mesa ni MA'AM DEBBIE, pakikialaman ang mga test paper.

LESTER: *(Itataas ang isang papel.)*

Ito ba ang answer key?

Tatango si MA'AM DEBBIE.

LESTER: Ang dami kong na-miss. 'Yong pagkain diyan sa caf na lasang rasyon sa mga pasyente. 'Yong pag-upo ko sa corridor habang hinihintay ang next class, 'yong wala akong pakialam kahit marumihan pa ang puting uniporme. 'Yong amoy ng talipapang nadadaan pagpasok at pag-uwi. Namiss...

(Titingnan ang test paper na hawak-hawak.)

MA'AM DEBBIE: Kumusta na ba, Les?

LESTER: Paanong kumusta?

MA'AM DEBBIE: Ikaw.

LESTER: Ang galing naman nitong tsine-tsek ko. Wala pang mali.

MA'AM DEBBIE: Napansin ko, kanina ka pa masalita. At alam ko tuwing kailan ka ganyan.

LESTER: Okey ako, Ma'am Debs. Masaya ako.

MA'AM DEBBIE: *(Lalapit sa mesa, kukunin ang bag at akma nang aalis.)*

Good. Mauna na ako, Les. Puwede namang tumambay ka lang muna dito.

Abot na sa may pinto si MA'AM DEBBIE.

LESTER: Ang hirap pala.

Hihinto si MA'AM DEBBIE, mapapaharap muli kay LESTER.

LESTER: 'Yon, may anak na kami ni Trisha, magdadalawang taon na.

MA'AM DEBBIE: That's great. Masaya nga. Kita mo ako, kinatandaan na ang pag-aalaga sa mga pamangkin. Nakakalibang din kasi. Lalo pa 'yan, anak mo talaga.

LESTER: Masaya, kasi madaldal na rin kahit utal-utal.

MA'AM DEBBIE: 'Yon naman pala.

May sandali ng katahimikan.

LESTER: Pero si Trish...

MA'AM DEBBIE: Ano si Trish?

LESTER: *(May pagbabantulot.)*

Hindi kami masaya. Hindi naman kami 'yong mag-asawang nagbabatuhan ng plato pag nag-aaway. Ang totoo nga, mabibilang ko sa limang daliri kung kailan kami nagkataasan ng boses. Pero alam ko, ramdam ko, hindi kami masaya.

MA'AM DEBBIE: Give it time, Les. Siguro, nag-a-adjust pa rin kayo sa isa't isa.

LESTER: Ewan ko, Ma'am Debs. Pag naglalakad kami sa mall, magkaiba ang mga bagay na tinitingnan namin.

MA'AM DEBBIE: Natural lang 'yon, lalaki ka, babae siya. Mas kabahan ka kung pareho.

LESTER: Hindi naman ‘yon e. Ako, masaya na ‘ko sa simple, sa mumurahin. Ang sosyal niya. Itong polong ‘to, pinilit niyang bilhin namin. Para fashionable naman daw akong tingnan.

MAAM DEBBIE: E sabi mo naman, ang guwapo mo sa polong ‘yan. Ang sabi mo.

LESTER: (*Iirap kay MAAM DEBBIE, bahagyang mapapangiti.*)

Pag nanood kami ng rom-com, excite na excite na ‘ko sa eksena, blangko lang siya.

MAAM DEBBIE: E kasi nga, pag ma-excite ka, hindi halata.

LESTER: Pag dinala naman niya ‘ko sa mga art film niya, wala pang sampung minuto, knockout na ‘ko. Ang bisang pampaantok talaga. Kahit siguro lumaklak pa ‘ko ng Cobra.

MAAM DEBBIE: Ang dami namang reklamo.

LESTER: Hindi pa ‘yan. Sa pagkain. Ang gusto ko, unlimited rice alam mo ‘yan; ang gusto niya puro salad. Putsa, siya yata ‘yong kaibigang vegetarian ni Alma Moreno sa joke ni Ma’am Ajero e.

MAAM DEBBIE: Ganito ‘yan, Les. Balikan mo ang mga dahilan kung bakit mo siya nagustuhan. Ang sabi mo dati, hindi mo pala siya dapat katakutan kahit Catacutan ang apelyido niya. Sabi mo, handa kang alalayan siya kung hindi man kayo magka-wavelength.

LESTER: Hindi pala gano’n kasimple. Isang beses nahuli niya akong tulala, ang lalim daw ng iniisip ko. Hanggang umabot sa nagtanong na siya, may problema raw ba?

MAAM DEBBIE: Anong sinabi mo?

LESTER: Ang sabi ko, wala. Anong sasabihin ko? Paano ko ba ipapaliwanag sa kaniya? Parang ‘yon bang may masakit sa ‘yo pero hindi mo maituro kung saan. Hindi mo ma-describe. Hindi naman dahil lang sa differences namin, pag nasa labas, pag nanood ng pelikula, pag kumakain. Kababawan lang ang mga ‘yon.

MAAM DEBBIE: Hindi ko na alam ang sasabihin ko Les.

LESTER: Basta, ang dami kong na-miss. Na-miss ko ‘to. ‘Yong pupunta ako dito tapos mag-uusap tayo. Na sa pag-uusap natin, umabot na sa alam na natin ang magiging reaksiyon ng isa’t isa. Alam

na alam na natin kung saan tayo parehong matatawa, mababad trip o matatameme. ‘Yong kahit ulit-ulitin natin ang isang joke o kuwento, hindi pa rin nakakasawa.

MA’AM DEBBIE: (*Pipiliting magpatawa kahit o dahil nagsisimula nang mailang. Gagayahin si Kris Aquino.*)

Touched ako. I hate you na, Boy.

LESTER: Alam mo, Ma’am Debs, nu’ng hiningan ako ng recommendation letter sa trabaho, ikaw agad ang naisip kong lapitan. Pero naisip ko rin agad na ‘wag na lang. Ano bang masasabi mo do’n? To whom it may concern, nakilala ko po si Lester Quizon nu’ng freshman pa lang siya, nu’ng anti-social pa siya. In-approach ko po siya. Kinaibigan. Hanggang sa unti-unti, natulungan ko siyang maniwala sa sarili niya, sa potentials niya. Hanggang sa lumabas na ang galing niya sa klase. Naging aktibo na rin sa college. Matulungin ‘yan. ‘Yan ang taga-tsek ko ng test paper. Mas magaling pa ‘yan sa Scantron. Pero hanggang sa pagtsetsek lang ng test paper. Dahil sa iba pang bagay, pareho lang sila ng segunda-manong Scantron. Nakamarka na ang sagot, hindi pa rin mabasa. Tumitirik. Nang-iwan sa ere.

MA’AM DEBBIE: ‘Wag na nating buksan, Les. Dalawang taon na rin ang nagdaan.

LESTER: Na-pressure ako, Ma’am Debs.

MA’AM DEBBIE: Tama na!

LESTER: Alam ko naman e. Nararamdaman ko naman. Pero iniwasan ko. Para akong estudyanteng takot na takot sa exam kahit memoryado ko ang sagot.

MA’AM DEBBIE: Ano ba!

LESTER: Natakot ako. Kaya binaling ko ang atensiyon ko kay Trisha, sa kagandahan niya. Patol kung patol ako sa mga kababawan. Pagyayabang ko sa sarili ko no’n, iisipin ng batch namin, ang astig ko pag naging girlfriend ko siya. Akala ko, pag naging kami, pag nakasal pa kami, makakalimutan kong...

MA’AM DEBBIE: Lester!!!

LESTER: ...Mahal kita... Sorry, Ma’am Debs.

MA’AM DEBBIE: ‘Yan ka na naman. Si sorry. For once in your life, Les,

manindigan ka naman. Okey na 'ko. Akalain mo. Oo, nu'ng gabing 'yon, galit na galit ako. Sa 'yo, sa sarili ko. Galit ako kung bakit ako mataba, kung bakit 38 years old na 'ko. Galit ako kung bakit teacher ako at estudyante ka. At kung bakit sa dinami-dami ng lugar, dito pa tayo nagkakilala. Pero nagdaan ang gabing 'yon, ang maraming gabi, at nalaman kong wala akong pagsisisi. Wala akong pagsisisi sa ginawa ko at kung ano ang nangyari. Hindi man naging tayo, sapat na sigurong nasabi kong...

Lalapit si LESTER kay MA'AM DEBBIE at hahalikan ito sa labi.

LESTER: Mahal kita, Ma'am Debs... Mahal kita, Debbie.

Ilang sandali silang matitigilan.

MA'AM DEBBIE: *(Isusukbit ang bag sa balikat. Tatalikod kay LESTER.)*

Kailangan ko nang mauna.

(Sa gitna ng daan papuntang pinto, hihinto ng ilang sandali. Halatang naiiyak pero kontrolado ang sarili. Halatang gustong humarap muli kay LESTER. Halatang pinipigilang may lumabas na salita sa bibig.)

Ikakasal na nga pala ako, Lester. Sa isang buwan. Hindi na nga ako umaasa, e. Forty years old na rin kasi ako. Pero 'yon, dumating siya. Hindi ko nga lang siya napagtsetsek ng test paper. E ano na ba naman... Kung... Sige.

(Lalabas.)

May ilang sandaling mapapatingin si LESTER sa pinto. Mapapahakbang ang isang paa ngunit babawiin din agad. Pupunta siya sa mesa. Itutuloy ang pagtse-tsek ng test paper. Sisipol ng ilang linya mula sa "If I'm Not In Love" ni Faith Hill. Didilim.

- WAKAS -

SI NELSON, ANG NANAY, ANG PANCIT CANTON

Vlad Gonzales

Mga Tauhan:

NELSON - isang binatang nasa mid-20s, artist

NANAY - ina ni Nelson

Mga taong naglalabas-pasoksa eksena

Tagpo:

Sa isang bahay sa Bay, Laguna. Gabi.

—

Makikita ang isang kama sa gitna ng entablado. Sa isang dulo ay may maliit na mesang may estatwa ni Mother Mary, may nakalapat na ilang rosaryo. Papasok si NELSON, may dalang backpack, hawak ang cellphone. Maririnig ang tunog ng cellphone na papatayin ni Nelson. Umuulit ang tunog, uulitin lang din ang pagpatay. Mauupo siya sa kama, ibababa ang bag sa sahig.

Nakatingin siya sa cellphone, mukhang may iniisip na isulat. Tutunog uli ito at may pipindutin siya para mawala ang tunog. Papasok ang NANAY. Hindi magtitinginan ang dalawa maliban sa isang bahagi ng dula.

NANAY: Naku anak, ayan na nga ang sinasabi ko, sarado na kina Aling E kang. E lumuwas pala kaya nagsara nang maaga, pupunta ng San Pablo. Gusto mo ba lumabas tayo? Maaabutan pa natin

yung Jollibee sa Junction. (*Hinahalukay ang bag.*) Saan ba yung marumi dito?

Mabilis na titingnan ng Nanay ang laman ng bag, nagmamadali.

NELSON: OK na po, Mommy, nagmeryenda na ako sa Cubao bago mag-DLTB. Bukas na lang po.

Maglalabas-pasok ang Nanay habang nagsasalita.

NANAY: Ikaw naman kasi bigla-biglang uuwi, di nagpapasabi, ano ba naman yung isang text ano? Akala ko next Monday ka pa babalik dito, may exhibit pa kayo sa Sunday, di ba? Sunday yun, ano?

NELSON: May show pa nga po , Mommy, pero nabigay ko na sa gallery yung work, hindi naman po kami required sa opening.

NANAY: (*Offstage.*) Magkano nga bayad diyan?

NELSON: (*Iritable.*) Mommy... (*Tutunog ang telepono. Papatayin ito.*)

NANAY: Ay, nak, natatandaan mo yung anak ni Ninang Ronah mo, yung tagadun sa IRRI? Ayun magdo-doktor na... hindi pa naman talaga doktor, pero tapos na yung lahat sa course, exam na lang ang kulang. Kinakamusta ka nga kasi di ba kaedad mo halos yung anak nun, ano nga ba pangalan nun?

NELSON: Zion. (*May binabasa sa telepono.*)

NANAY: Yung panganay yun. Si ano 'to. Si Jolinarose. Naku, anak kung nag-Biology ka, siguro doktor ka na rin ngayon.

NELSON: Mommy, ayan ka na naman.

NANAY: Wala naman akong sinasabi. (*Onstage, ipapakita ang hawak na pancit canton.*) Ay, anak may pancit canton nga pala tayo o, gusto mo? Nakuha ko yan sa exchange gift namin kahapon. Yung Tita Daisy mo talaga, madaya. Usapan, 500 ang presyo sa exchange gift. E wala pa yatang 300 'to, e. Di bale, pa-retire na naman siya. Anak, chilimansi 'to o, yung paborito mo.

NELSON: Hindi po ako nagkakalamansi.

NANAY: Ano ka ba, paborito mo kaya 'to. Di ba dati, nung birthday mo, ang sabi mo, "Mommy, gusto ko ang handa natin, chilimansi."

Tapos, yung gift na gusto mo, e coloring book na Ninja Turtles.

NELSON: Hindi na nga po ako nagkakalamansi, Mommy.

NANAY: A, bahala ka. Basta lulutuin ko na 'to.

Lalabas ang nanay. May dadaan na isang TAO sa likuran ng dalawa. Nababalutan/napapatungan ng pira-pirasong mga papel ang tao. Bahagyang mapapaligon si Nelson pero hindi niya lubusang titingnan ang dadaan. Tutunog ang cellphone. May pipindutin si Nelson. Babalik ang nanay, may aayusin sa lamesang may rebulto ni Maria.

NANAY: Hinahanap ka pala ni Tita Daisy mo. Sabi kasi, “Pakisabi kay Nelson, yung picture natin sa block rosary di pa naa-upload sa FB, one year na yun ha.” E sabi ko, syempre busy ka sa exhibit mo. Alam mo naman yun, laging atat. Ang kulit nu’n, ano? ‘Pag nakabenta ka nga sa exhibit mo, ibili na natin ng sariling digicam para matahimik. Hay naku, ito pa nga, tinatanong nga niya kung may libreng painting ka. E sabi ko, di naman painting ang ginagawa mo. Sabi ko decoupage, yung paper tote. E di naman alam ng tita mo yung paper tote na yun, medyo tanga yun, e.

NELSON: Paper tole po.

Tutunog ang telepono, may dadaang dalawang taong nababalutan ng papel sa likuran.

NANAY: Ano ‘yon, anak?

NELSON: Paper TOLE po, ‘My. Yung ginugupit-gupit na pictures, tapos papatong-patong.

NANAY: Patong-patong, parang decoupage nga di ba?

NELSON: Iba po yun.

NANAY: Anak, kanina pa nag-iingay ang cellphone mo, sira ba ‘yan?

NELSON: Kanina ko pa nga sina-silent ‘to, laging bumabalik sa loud. Ewan ko nga po dito.

NANAY: Naku, e patingin mo na ‘yan. Ayun nga, si Tita Daisy, yung pictures daw sa block rosary i-upload mo na. E sabi ko, busy ka

nga, bihira ka ngang umuwi kako dito sa Bae. E alam mo yung tita mo, ang kulit-kulit. Nasabi ko bang may boyfriend na yung si Jolinarose? Aba yung kapanget-panget na yun nagkanoby, ano ha? Di ba anak, nung binisita kita tapos nag-Divisoria tayo, may Badjao na namamalimos sa jeep, di ba kamukha 'yon ni Jolinarose, ano?

NELSON: Oy Mommy, kaunting preno naman!

NANAY: Ay, kumukulo na yata ang tubig. Sandali.

Lalabas ang nanay. Tutunog ang telepono, may dadaang mga tao sa likod. Babalik ang nanay na may dalang isang platong pancit canton. Mabilis niyang ipapatong sa kama, hindi pa rin tumitingin kay Nelson.

NELSON: O, bakit n'yo pa pinasok dito?

NANAY: E dito ka na kumain, may nilalampaso pa ako dun sa labas. Sige lang, anak. Ay anak, napanood mo ba sa TV yung Mer-nel's? Na-feature sila kay Kris Aquino nung isang araw, a.

NANAY: Nagsalita yung mag-asawa, yung may-ari, tapos pinakita yung Mer-nel's Chocolate Cake...

NELSON: 'My?

NANAY: ...nakakatuwa nga, kasi nag-bake pa sila habang kinukuwento yung love story nila... Dapat daw, pag nagluluto, may isang tasang lambing, tatlong kutsaritang katapatan, isang kurot ng kilig... Ay, nakakatuwa!

NELSON: 'My..

NANAY: Syempre, si Kris walang pakialam. Daldal lang nang daldal. Hay, napakataklesa nun... Alam mo na, walang pakialam.

NELSON: Mommy!

NANAY: Anak.

NELSON: May ibang tao po dito sa bahay.

Tutunog ang telepono.

- NANAY: Ay, oo anak. Matagal na ‘yan. Hayaan mo lang sila.
- NELSON: Kilala nyo ‘tong mga ‘to?
- NANAY: Oo, medyo. A, basta. Hayaan mo lang sila, hindi ka naman nila aanuhin. Basta takpan mo lang pag nawawala yung balot, ha. Kawawa naman, baka lamigin.
- NELSON: Hindi nila kayo ginugulo?

Isa-isang hahatak ng mga naglalakad na tao ang nanay.

- NANAY: Ay, hindi! Sa totoo lang, mas masaya kasi hindi ako nag-iisa ‘pag asa QC ka, ‘pag gumagawa ka sa mga exhibit mo. Saka mga kilala mo ‘to, di naman sila ibang tao talaga. Ito, itong isa, roommate mo sa boarding house nung nag-first year college ka.
- TAO1: Kung sa ‘yo, laro-laro lang ‘to, ako, seryoso! Sige, mang-iwan ka. Susulatan ko nanay mo. Tangina mo, alam ko bahay nyo!
- NANAY: Itong isa, art teacher mo nung high school.
- TAO2: Shhh... Don’t cry, Nelson. Baka na-misinterpret lang ni Terence yung ginawa mo. You said hindi mo naman siya kiniss, di ba? I believe you. Sige, show me. Pakita mo kung ano yung ginawa mo sa kaniya. Shhh... Halika...
- NELSON: Mommy...
- NANAY: Ayan. Ito, ito naman. Kaklase mo nung elementary. Yung magandang sabi mo crush mo.
- TAO3: Bumbero... Panglalake! Sastre...Pambabae! Di-tiyak... Di-tiyak... Ay, Ma’am, si NELSON po naggugupit ng paper doll sa likod, o! Di-tiyak si NELSON! Di-tiyak! Di-tiyak! Di- tiyak!

Katahimikan. May isang tao na mahahablot ang nanay.

- NANAY: Ito, itong isa ang pinakapaborito ko.

Aalisin ng nanay ang balot na papel. Ang makikitang tao ay nasa anyo ng isang batang lalaki.

NANAY: Ito. Ikaw, grade 2 ka nito. Naglalaba ako sa labas, dumaan ka sa akin, sa may poso. Tanda mo yun, anak? Papunta ka sa on-the-spot poster-making contest nyo. Sinabi mo pa nga yung theme ninyo, e. Buwan ng Kalusugan, natatandaan mo ba? Yung theme, ano nga ba?

NELSON AT NANAY (*Medyo matatawa.*) “OMG, No to MSG.”

NANAY: Oo, ayun nga! Tapos, niyayaya mo na ako, sabay na tayo. Sabi ko, mauna ka na anak, tatapusin ko lang yung nilalabhan ko. Pupunta ako.

NELSON: Napaaga yung contest, inuna kami imbes na yung quiz bee.

NANAY: Hindi ko naman alam na maagang matatapos. ‘Pag di naman ako nakalaba, e wala kang uniform kinabukasan. Nakalimutan ko pang magpaalam sa office, nakitawag pa sa kay Aling E kang Pagkatawag ko, sinabon pa ng chairman. ‘Asan daw yung minutes of the meeting, kailangan na. Sabi ko, “Ma’am, sa ibang staff na lang po muna, may contest lang po yung anak ko. Ako lang po ang kasama niya.” Hay naku, andami pa niyang sinabi.

NELSON: Naabutan ko kayo sa kuwarto. Dito pa yung kuwarto nyo at di pa tayo nagpaparenovate. Diyan kayo sa likod ng pinto, nagmamadaling magbihis nung blouse nyong orange na may polka dot na itim. Nagulat kayo nung dumating ako. Dala-dala ko yung certificate. Ma, second place.

NANAY: Akala ko, aabot ako.

NELSON: Di ko naman maintindihan, nanalo naman ako, pero bakit ang lungkot-lungkot ng mata ninyo.

Maluluha ang nanay pero agad na babawi.

NANAY: May sinasabi ka, anak?

NELSON: Wala po akong sinasabi.

Madaling maglalakad palayo ang batang lalaki. Tutunog ang telepono. Babalik sa pagmamadali ang nanay.

NANAY: Ay teka, anak. Wala ka palang tinidor. Ang tanga-tanga ko talaga, teka lang ha...

Aalis ang nanay, maglalabas-pasok ang mga lalaki. Tutunog nang tutunog ang telepono. Babalik ang nanay na may isang tray ng mga tinidor.

NANAY: Ito, anak. Di ko kasi alam kung alin ang gusto mo. Dinala ko na lang lahat, pili ka na lang...

Mapapatid ang nanay at tatapon ang mga tinidor. Naglalakad-lakad pa rin ang mga tao habang tinutulungan ni Nelson pulutin ang mga natapong kubertos.

NANAY: Naku anak, ang tanga-tanga talaga ng nanay mo. Naku alam mo ba, di ba sabi ng iba, pag may bumagsak na tinidor, maraming bisita? Naku, kaya lang mahirap maniwala sa sabi-sabi...

Mag-aabot ang kamay ni Nelson at ng nanay, magkakatinginan sila. Hahawakan ng nanay ang pisngi ni Nelson at magkakatinginan sila nang mata sa mata sa unang pagkakataon.

NANAY: Ang laki-laki na ng anak ko.

Mag-iwasan uli ng tingin ang dalawa. Kukunin ng nanay ang mga naayos na tinidor.

NANAY: Sa labas na lang tayo anak, may maaabutan pa tayo sa Junction.

NELSON: (Ngingiti habang naririnig sa background ang ring ng cellphone.) Parang na-miss ko po ang lasa ng chilimansi.

NANAY: (Mapapangiti.) Magdadasal tayo pagkatapos mo kumain?

NELSON: Lagi naman po tayong nagro-rosaryo bago matulog di ba?

Ngingiti ang nanay at lalabas. Magri-ring ang telepono ni Nelson. Sasagutin niya ito.

NELSON: Hello. (Patlang.) Tapos na tayo.

Sa isang panig ng entablado, makikitang may lalabas na isa pang tao, isang lalaking may hawak na telepono, na maya-maya'y babalutan ng papel ng nanay. Maglalakad ang lalaki kasama ng ibang taong naglalabas-pasok sa entablado.

NANAY: Anak, tayo na.

Lalabas ng entablado ang nanay. Hindi na magsasalita si Nelson at may pipindutin sa telepono bago ito ibaba at iwanan sa kama. Lalabas si Nelson sa entablado. Unti-unting mawawala ang ilaw habang patuloy na nagri-ring ang telepono at naglalakad ang mga nakabalot na tao. Huling maiilawan ang rebulto ni Mother Mary bago mawala ang liwanag.

Billboard

Adrian Crisostomo Ho

Mga Tauhan:

EMONG	40s, isang karpintero, dalawampung taon nang naninirahan sa Maynila
CALOY	early 20s, kapitbahay ni Emong, bagong salta sa Maynila
JENNY	16, estudyante, pabebe
MAYNARD	16, estudyante, masugid na manliligaw ni Jenny
MAGBABALUT	30s, lasinggero
ALING PRECY	50s, chismosang labandera na social media savvy
KA BRITNEY	40s, punong barangay, tomboy
KREZTA	20s, ang ate ni Jenny na call center agent

Panahon:

Kasalukuyan. Alas dos y medya ng madaling araw.

Tagpuan:

Sa itaas at ibaba ng isang billboard sa gilid ng South Luzon Expressway.

Dalawa ang eksena: sa isang squatters' area sa ibaba ng billboard kung saan nag-uusap ang nagliligawang mga teenager na sina JENNY at MAYNARD, at sa itaas ng istruktura ng billboard kung saan kinakalas na nina EMONG at CALOY ang tarpaulin ng hubad na si Derek Ramsay para sa Century Tuna.

Dahil real time ang mga pangyayari sa dula, maghahalinhinan ang dalawang eksena: itaas at ibaba. Titigil ang aksyon ng mga tauhan sa ibaba kapag lilipat na ang eksena sa itaas, at vice versa. Maaari ding maging hudyat ang ilaw sa tanghalan kapag maglilipat na ng eksena.

IBABA

Maririnig ang mabilis na harurot ng mga sasakyan sa highway. Magkatabing nakaupo sa isang bangko sina JENNY at MAYNARD. Nakatingala si JENNY sa billboard ni Derek Ramsay.

JENNY: Kailan ko kaya mami-meet ang Derek Ramsay ng buhay ko?

MAYNARD: Ouch! Ang sakit mo namang magsalita!

JENNY: O bakit, anong masama sa sinabi ko?

MAYNARD: Anong masama? OK ka lang? Kitang nililigawan kita tapos ganiyan ang sasabihin mo! Parang sinabi mo na ding ayaw mo sa 'kin. It hurts! Tagos dito (*Hahawakan ang dibdib*)... sa heart.

JENNY: 'Wag mong sabihing nagseselos ka kay Derek?

MAYNARD: E sino bang hindi? Pinapangarap mo si Derek. Ako, wala lang sa 'yo.

JENNY: E sino bang babaeng hindi pinapangarap maging boyfriend si Derek?

MAYNARD: Bakit ako, hindi ko naman pinapangarap si Kathryn Bernardo, a. Ikaw ang pinapangarap ko. Hashtag: dreamgirl, hashtag: only you.

JENNY: Asus! Hashtag: antok lang 'yan. Matulog ka na kasi. Sabi ko naman sa 'yo, 'wag mo na 'kong samahang mag-antay kay ate.

- MAYNARD: Eh anong oras ba dadating ang ate mo? Alas dos na ng madaling araw.
- JENNY: Two-thirty ang labas nun sa call center. Mga alas tres, dadating na 'yun.
- MAYNARD: Dapat kasi natulog ka na lang muna. Tapos gumising ka na lang ng alas-tres.
- JENNY: Eh may tinapos pa nga kasi akong assignment, 'di ba? Al-una na 'ko natapos. Kapag natulog na 'ko, tatamarin na 'kong bumangon. E kailangan kong humingi ng pera kay ate pambili ng paninda ni nanay. Didiretso na 'ko sa palengke pagkakuha ko ng pera. Hay naku, dami mong reklamo. Matulog ka na kasi.
- MAYNARD: Hindi na. Sasamahan na kita sa palengke.
- JENNY: Sure ka? Tapos, aawayin mo na naman ako.
- MAYNARD: 'Di naman kita inaaway ah. Bakit naman kita aawayin? Lab kaya kita.
- JENNY: (*Hahampasin sa balikat si MAYNARD.*) 'Yang mga hirit mo ha!
- MAYNARD: Tootoo 'yun, promise! Hashtag: cross my heart, hashtag: hope to die.
- JENNY: (*Mapapansin ang pagkatanggal ng bahagi ng billboard ni Derek*) Ay, tinatanggal na nila si Derek. Papalitan na siya. Sad face.

Mapapabaling din si MAYNARD sa billboard. Makikita sa itaas ng billboard sina EMONG at CALOY na abala sa pagkalas ng tarpaulin.

- MAYNARD: Ay, salamat naman! Masyado ka nang matagal na nakabalandra diyan, Derek!
- JENNY: Sino kayang ipapalit nila? Baka si Alden. (*Kikiligin.*) Joke!
- MAYNARD: Ayan ka na naman! Si Alden naman ngayon! Ano, feeling mo si Yaya Dub ka?!
- JENNY: Alam mo ikaw, napaka-seloso mo! Hindi pa nga kita sinasagot, ganyan ka na. Paano pa, 'pag sinagot kita?
- MAYNARD: Sinasagot mo na 'ko?
- JENNY: Hindi ah. Asa ka pa.

MAYNARD: Aray. (*Muling hahawakan ang dibdib.*) Ang heart ko, bugbogsarado na.

Saka may dadaang MAGBABALUT na susuray-suray sa paglalakad; lasing. Sisigaw ng...

MAGBABALUT: Baluuuuuuut. (*Saka didighay nang malakas.*)

JENNY: Gutom lang ‘yan. Magbalot ka muna.

MAYNARD: Oo nga. Sigmura ko pala ang masakit, hindi ang heart ko. (*Ililipat ang kamay mula dibdib papunta sa tiyan. Tatawagin ang MAGBABALUT.*) Boss, balut nga. Dalawa.

MAGBABALUT: (*Lalapit sa dalawa.*) Dalawa lang? Pakyawin niyo na para makauwi na ‘ko. Sakit ng ulo ‘ko eh.

MAYNARD: Naku, wala kaming pera para pakyawin ang tinda mo. Puwede ba lista?

MAGBABALUT: ‘Toy, ‘di ako tumatanggap ng credit card. Wala akong pangswipe. (*Aktong matutumba sa kalasingan.*)

JENNY: Kuya, mukhang nakainom ka a.

MAGBABALUT: Oo. Merong may bertdey diyan sa kabilang kanto. Pinatagay nga ako, pero humingi naman ng kapalit. Sampung balut. ‘Naknampucha, wala na talagang libre ngayon.

Saka magpi-freeze ang mga tauhan sa paglipat ng eksena.

ITAAS

Magkatulong sina EMONG at CALOY sa pagkalas ng tarpaulin ni Derek Ramsay.

CALOY: Buti pa ‘tong si Derek ‘no? Papogi-pogi lang at pakita ng abs, may kita na agad! At ang laki pa sigurado! Milyones, malamang. Sana ako na lang siya. (*Patlang.*) Ano kayang pakiramdam nang maging pogi at mayaman, no?

- EMONG: Huy, Caloy! Mag-pokus ka sa ginagawa mo! Hindi 'yung kinikilatis mo ang kapogian at kayamanan ni Derek!
- CALOY: E napapaisip lang naman ho ako. Kayo ba, hindi n'yo ni minsan naikumpara ang sarili niyo sa mga naglalakikihang mga artistang nakapaskil sa mga billboard na 'to?
- EMONG: Bakit ko pa gagawin 'yun? Para saan pa?
- CALOY: Wala lang ho. Ilang taon na ba kayong suma-sideline sa pagbi-billboard?
- EMONG: Maglilimang taon na.
- CALOY: Limang taon. Matagal-tagal na din. E 'di ang dami niyo nang nakitang mga artista nang malapitan gaya nitong si Derek? Mga maganda't pogi, sikat, mayaman, iniidolo ng marami.
- EMONG: Bakit kung ano-ano 'yang pumapasok sa isip mo? Nasisiraan ka na ba? Kung magsalita ka, akala mo, totoo 'tong mga artistang 'to! Piktyur lang 'to, Caloy!
- CALOY: Piktyur nga lang ho. Pero mas malaki pa sila sa totoo! Mas mapapaisip ka lalo, 'di ba ho? ! Harap-harapan, kitang-kita mo kung gaano sila kalaki at kataas. Ga-langgam lang tayo kumpara sa kanila.
- EMONG: Hoy, hindi biro ang trabahong 'to! Kitang halos beinte palapag ang taas natin. Puro ka kahibangan! E kung mahulog ka?! Patay kang bata ka! At ako, patay sa nanay mo!
- CALOY: E pasensiya na ho, Mang Emong. Ang katunayan niyan, nililibang ko lang ang sarili ko. Natatakot ho kasi ako sa ginagawa natin. Ngayon lang ako nalagay sa ganitong sitwasyon. 'Yung nagtatrabaho nang ganito kataas.
- EMONG: Aba, tinanong kita kung kaya mo. Sabi mo, oo!
- CALOY: E 'di ko naman ho akalain na nakakanerbiyos pala dito sa taas. Nakakalula. Ang lakas ng hangin, parang nanunulak! Pati 'yung ingay ng mga sasakyan, nakakakaba!
- EMONG: Kaya kailangan mong mag-pokus. Hindi ka puwedeng magpaapekto sa lula o sa lakas ng hangin o sa ingay ng mga sasakyan. Bigatan mo ang tindig mo. Timplahin mo ang mga kilos mo. Siguraduhin mong balansiyado ka.

- CALOY: Hindi pala ganoon kadali ‘tong trabahong ‘to. Akala ko n’ung una, sisiw lang.
- EMONG: Ano, ayaw mo na? Suko ka na?
- CALOY: Hindi naman ho. Sayang naman ang wan-payb na kita sa magdamagang trabaho lang. Inaasahan na ni nanay ang kikitain ko dito. Ilang buwan na kasi kaming hindi nakakabayad sa tinutuluyan namin. Kapag hindi kami nakapagbayad ngayong araw, tutuluyan na daw kaming palayasin. Eh saan kami titira ‘pag nagkataon?
- EMONG: ‘Yun naman pala eh. Ayusin mo ang trabaho. Tandaan mo, hindi lang pambayad sa upa niyo ang dapat mong isipin. Buhay natin ang nakataya dito, bata. Isang maling galaw, tepok ka! Naisip mo ba ‘yun?
- CALOY: Sorry ho.
- EMONG: Siguro naman ayaw mong matulad sa tatay mo.
- CALOY: (*Mabibigla.*) Alam niyo ho ang nangyari kay itay?
- EMONG: Nasagap ko lang ang balita. Kung hindi mo pa alam, maraming tsismosa sa lugar natin.
- CALOY: E simula nung namatay si tatay, nagkaletse-letse na ang lahat. Tumigil ako sa pag-aaral at lumuwas dito sa Maynila para tulungan si nanay. Wala naman siyang ibang aasahan kundi ako dahil ako ang panganay.
- EMONG: E ano ba talaga ang nangyari sa tatay mo?
- CALOY: ‘Wag na lang ho nating pag-usapan.

Katahimikan. Magpapatuloy sa pagtatrabaho ang dalawa. Biglang maririnig ang malakas na sigaw ng nagkasalpukang bakal at semento.

- EMONG: Ay, putangina! Ano ‘yun?

Freeze ang dalawa.

IBABA

Isang malakas na tili ang maririnig sa tanghalan—ang takot na sigaw ni JENNY. Mapapatayo sa gulat si MAYNARD at mabibitawan naman ng MAGBABALUT ang hawak na basket ng mga balut. Titilapon ang mga balut sa lupa.

MAYNARD: Ano ‘yun?!

MAGBABALUT: (*Pupulutin ang ilan sa mga nahulog na balut.*) Ang mga balut ko!

MAYNARD: Hindi ‘yang mga balut ang tinutukoy ko! ‘Yung ingay! Parang may banggaan!

MAGBABALUT: Aaaah ...

Nang maririnig ang isa pang malakas na pagsalpok.

JENNY: (*Muling mapapatili sa takot.*) Aaaah!

Mapapabaling ang tatlo sa pinanggalingan ng ikalawang ingay. At doon, matatanaw nila ang isang delivery truck na nahulog sa ibaba mula sa Skyway.

MAYNARD: Nahulog ‘yung trak ng gulay sa Skyway!

JENNY: Oh my God!

Sandaling hindi makakakibo ang tatlo dahil sa sobrang pagkabigla. Katahimikan.

MAGBABALUT: Sayang naman ‘yung mga tumilapong gulay! Ilang chopsuey at pinakbet din ‘yun!

JENNY: Ayos ka lang, Kuya?

MAYNARD: Oo nga, nauna mo pang naisip ‘yung mga gulay kaysa dun sa mga nakasakay sa trak?

MAGBABALUT: ‘Di naman sa ganun. Nanghinayang lang.

MAYNARD: Ilang kaya ang sakay nung trak? Buhay pa kaya sila?

MAGBABALUT: Tingnan natin! (*Kikilos papunta sa kinabagsakan ng trak.*)

MAYNARD: Tara! (*Susunod sa MAGBABALUT.*)

JENNY: Tekang lang, sandali!

MAYNARD: Bakit?

JENNY: Hindi ba delikado?

MAGBABALUT: Hindi 'yan. Kawawa naman 'yung mga nakasakay.

MAYNARD: Oo nga. Baka buhay pa.

JENNY: Pero...

MAYNARD: Pero ano?

JENNY: Natatakot ako.

MAYNARD: Dito ka na lang. 'Wag ka nang sumama.

Nang darating ang isang matandang babae—si ALING PRECY, humahangos, may dalang mumurahing tablet.

ALING PRECY: Anong chismis? May banggaan na naman ba? Asaan? Bibiduhan ko para ma-post ko sa Pesbuk ko!

JENNY: Aling Precy! May trak ng gulay na nahulog mula dun sa Skyway! Ayun, o!

ALING PRECY: (*Tatanawin ang nahulog na trak, mag-aantanda.*) Por Diyos por Santo! Kamalas-malasan naman talaga, oo! Sayang ang mga gulay!

MAGBABALUT: (*Kina MAYNARD at JENNY.*) Sabi sa inyo e!

Mapapakamot ng ulo si MAYNARD at mapapailing si JENNY.

ALING PRECY: Lasing siguro 'yung drayber.

MAGBABALUT: Hehe. Baka napatagay din. Titingnan ho namin kung buhay pa. (*Kay MAYNARD*) Tara na, 'toy.

Buong tapang na tutunguhin ng MAGBABALUT at ni MAYNARD ang bumagsak na trak. Pero mga ilang hakbang lang...

ALING PRECY: Ingat lang kayo. Baka sumabog ‘yang trak.

Pagkarinig nito, biglang aatras at sabay na babalik ang dalawa—takot.

MAGBABALUT: Sabi ko nga!

MAYNARD: Ano ho? Sasabog ‘yung trak?

JENNY: Sumasabog ho ba ang trak kapag nabangga?

ALING PRECY: Aba oo, possible ‘yun!

MAYNARD: Paano niyo ho nalaman, Aling Precy? Baka tsismis na naman ‘yan ha?

ALING PRECY: Hindi, no! Napanood ko sa Youtube. Nung nakaraang taon, sa Russia, may nakuhanang video ng trak na bumangga, tapos nagsilapitan ‘yung mga tao para tulungan ‘yung drayber, tapos paglapit nila, bilang sumabog ‘yung trak! Ayun, patay sila!

MAGBABALUT: Talaga? Totoo ba ‘yan?

ALING PRECY: Totoo! Gusto mo search ko sa Youtube? Eto, teka...
(*Magbubutingting sa tablet niya.*)

JENNY: ‘Wag na ho kayong mag-search. Matagal pa ‘yan, e.

ALING PRECY: Hoy, mabilis ‘tong tablet ko no! Three-payb ‘to. Payable in six months.

MAYNARD: Hindi kaya trak ng gas ‘yun kaya sumabog?

ALING PRECY: (*Mapapaisip.*) Hmmm... ‘Di ko maalala kung trak ng ano ‘yun. Pero baka tama ka, baka trak nga ng gas.

MAGBABALUT: ‘Yun naman pala eh. Kaya naman sumabog ‘yun kasi gas ang dala. Pero ‘to, hindi sasabog ‘to. Trak lang ‘to ng gulay eh.

MAYNARD: O, tara na, dali!

Muling tutunguhin ng dalawa ang trak nang biglang...

ALING PRECY: Pero parang trak din ata ng gulay ‘yung sumabog sa Russia.

Muling aatras at babalik ang dalawa.

MAGBABALUT: Labo mo, Aling Precy!

ALING PRECY: Mabuti nang nakakasiguro no! Saka ‘di ko naman kayo pinipigilan. Kung gusto niyo gu-mo e ‘di go!

JENNY: Maynard, ‘wag na lang kayong pumunta dun. Baka kung ano pang mangyari sa inyo. Tumawag na lang tayo ng tulong.

ALING PRECY: Minessage ko na sa Viber si kapitana. Tinimbre na niya sa barangay. May parating nang saklolo.

Biglang papasok sa eksena ang kapitang barangay na si KA BRITNEY, humahangos, nagwawala, may dalang batuta.

KA BRITNEY: (*Nagpa-panic*) Maghunos-dili kayo! On the way na ang tulong! Kalma lang guys, kalma! Kalmaaaaa!

Freeze.

ITAAS

Labis ang pagkagulat nina EMONG at CALOY sa nasasaksihan.

CALOY: Nahulog ‘yung trak, Mang Emong!

EMONG: Tanginang ‘yan!

Katahimikan.

EMONG: Kawawang drayber. Baka nakatulog.

CALOY: Tingin niyo?

EMONG: E ano pa’ng nangyari diyan kung hindi inantok ‘yung drayber at nakatulog? Alangan namang may iniwasang tumatawid e nasa skyway siya.

CALOY: ‘Di kaya nawalan ng preno?

EMONG: Posible din. (*Patlang.*) ‘Yan ang hirap sa iba sa ‘tin, e. Sugod nang sugod sa laban nang hindi handa.

Patlang.

- CALOY: Anong gagawin natin, Mang Emong?
EMONG: E di wala. Ano bang magagawa natin?
CALOY: Tulungan natin!
EMONG: Wala akong load pantawag sa pulis. Ikaw, may load ka ba?
CALOY: Wala din ho.
EMONG: Wala naman pala, e. Paano tayo makakatulong?
CALOY: Hindi ba natin bababain para tulungan ‘yung drayber?
EMONG: Patay na ‘yung drayber sigurado. Una nguso eh.
CALOY: Eh paano kung buhay pa?
EMONG: Isang milagro ‘yun kung ganu’n. Napakasuwerte niya! (*Patlang.*) Mabuti na lang, trak ng mga gulay ang minamaneho niya. Paano kung bus? E di mas madaming biktima. Kawawa naman.

Patuloy sa pagmamasid sa aksidente si EMONG habang si CALOY ay hindi na mapakali sa nangyayari.

- CALOY: (*Tataas ang boses sa labis na pag-aalala.*) Mang Emong, wala ba tayong gagawin?! Pagmamasdan na lang ba natin ‘yang trak na ‘yan?!
- EMONG: Wala tayong magagawa! Wala tayong kakayahan para tulungan ‘yung drayber na ‘yun!
- CALOY: Anong wala?! Pwede tayong bumaba dito at saklolohan ‘yung trak!
- EMONG: Sa tingin mo, basta-basta na lang tayo makakaalis dito?! Ang hirap ng kinalalagyan natin! Kitang ang taas natin!
- CALOY: Mang Emong, tara na ho!
- EMONG: Maniwala ka sa ‘kin, Caloy. Hindi tayo ang makakatulong sa kaniya.
- CALOY: Paano kung tayo lang ang nakakita sa nangyari?!
- EMONG: Imposible. Nakikita mo ba ang mga ‘yun? (*Ituturo ang daliri*

sa kinabagsakan ng trak.) Tingnan mo, ‘yung mga usiserong iskwater, nakikiusyoso. Sabi sa ‘yo, imposibleng tayo lang ang nakakita sa nangyari. Mas maganda lang ang tanaw natin dahil nasa taas tayo. Pero imposibleng tayo lang ang nakasaksi. (*Matatawa.*) Wala ka sa inyo, Caloy. Bawat singit ng Maynila, may tao.

CALOY: Paano niyo pa nagagawang matawa, e nakita n’yo nang may naaksidente?

EMONG: (*Offended.*) Anong ibig mong palabasin? Na wala akong puso?

Hindi na sasagot pa si CALOY, magsisimula nang bumaba sa billboard upang sumaklolo.

EMONG: Hoy Caloy, saan ka pupunta?!

Freeze.

IBABA

Mabibigla sina JENNY, MAYNARD, MAGBABALUT at ALING PRECY sa pagdating ni KA BRITNEY.

ALING PRECY: Ayos ka din kapitana, a! Kung maka-kalma ka, akala mo kalmado ka!

KA BRITNEY: Nasaan ba ang aksidente? ‘Asaan? Turo niyo, bilis!

JENNY: (*Ipapaling ang ulo ni KA BRITNEY sa kinabagsakan ng trak.*) Ayan lang ho, o.

KA BRITNEY: (*Makikita ang bumagsak na trak, mabibigla.*) Ay, utot! Wasak ang nguso ng trak! Saklap!

MAYNARD: May paparating na ho bang tulong?

KA BRITNEY: Pulis, ambulansiya, highway patrol group, MMDA. Lahat sila, on the way na. ‘Wag kayong mag-alala, kalma lang mga ka-barangay! Nandito na ‘ko! Kontrolado ko ‘to.

ALING PRECY: Epal ka na naman! Mukha ba kaming nagkakagulo?

KA BRITNEY: Bakit ba nangingialam ka na naman, Precy? Puwede ba, hayaan mo lang akong gawin ang trabaho ko!

ALING PRECY: ‘Yun na nga e! Kapag dumadating ka, lalong nagkakagulo! Naturingan ka pa namang barangay captain.

KA BRITNEY: Ikaw talaga, kontrabida ka lagi sa buhay ko!

ALING PRECY: E paano wala ka nang ginawang matino!

KA BRITNEY: Hanggang ngayon ba masama pa din ang loob mo sa ‘kin dahil natalo kita bilang barangay captain? Paano ka magiging kapitana, e wala ka nang ginawa kundi mag-Facebook?

ALING PRECY: Puwede ba, ‘wag mong pakialaman ang hobby ko!

KA BRITNEY: Hobby? E buhay mo na ‘yang tablet mo, kung makakapit ka diyan. Maya’t maya, post ka nang post sa Facebook, Instagram at Twitter. Nakakaumay! Kaya ‘di ka na nakapag-asawa e, puro ‘yan ang inaatupag mo!

ALING PRECY: Paki mo ba sa hilig ko! At saka ikaw ba, may asawa?! Wala, ‘di ba?

JENNY: *(Paghihiwalayin sina KA BRITNEY at ALING PRECY.)* Aling Precy, Ka Britney, tama na ho ‘yan. ‘Wag na kayong mag-away.

KA BRITNEY: Eh ito kasing bruhildang ‘to, e.

ALING PRECY: Tse!

KA BRITNEY: E ilan ba ang sakay ng trak?

JENNY: Hindi nga ho namin alam kung may kasama ‘yung drayber, e.

KA BRITNEY: Hindi niyo man lang ba nilapitan at sinilip kung buhay pa ‘yung mga nakasakay? Hindi niyo man lang tinulungan?

MAGBABALUT: E pupuntahan na nga ho namin, kaso natakot kami. Baka biglang sumabog ‘yung trak, e.

KA BRITNEY: At bakit naman sasabog?

MAYNARD: E sabi ho kasi ni Aling Precy may sumabog na nabanggang trak sa Russia.

KA BRITNEY: Ikaw talaga, Precy! Kung ano-ano na naman ang ipinagkakalat mo!

ALING PRECY: Hoy Britney, hindi ako nag-iimbento ng kuwento! Kahit i-check mo pa sa Youtube!

KA BRITNEY: Youtube-Youtube ka diyan! Wala kang magandang mapapala sa Youtube. Pati ‘tong mga taong may mabubuting puso, tinakot mong tumulong.

ALING PRECY: Ah ganun? Nagmalasakit na nga ako sa mga ‘to dahil concern ako sa kaligtasan nila, tapos ako pa ang pinalalabas mong masama. Sige, lapitan n’yo ‘yang trak, pero kapag ‘yan sumabog, walang sisihan, ha! Sige, Britney, mauna ka, tatal, nagmamarunong ka diyan!

KA BRITNEY: Eh parating na nga ang mga awtoridad. Ayokong makialam!

ALING PRECY: Kapitana ka, ‘di ba? Ibig sabihin, awtoridad ka!

KA BRITNEY: Ang trabaho ko ay panatilihin ang kapayapaan at seguridad dito sa barangay natin!

JENNY: Hay naku, para matigil na ang gulo, ako na ang pupunta dun! (*Biglang susugod sa nahulog na trak.*)

MAYNARD: (*Mababahala.*) Jenny! Huy, Jenny, baka masabugan ka!

Pero hindi babalik si JENNY. Tuloy-tuloy siyang bababa sa entablado papunta sa audience.

MAYNARD: Jenny, bumalik ka dito!

Freeze.

ITAAS

Patuloy sa pagbaba si CALOY habang galit na galit si EMONG.

EMONG: Caloy, bumalik ka dito!

CALOY: Pasensiya na, Mang Emong. Sa amin kasi, kapag may ganiyang nangyari, tutulong agad ang mga tao.

EMONG: Caloy, iba dito sa Maynila. Mas mahirap ang buhay dito! ‘Yung mga taong ‘yun, sa tingin mo, ayaw nilang tumulong?!

CALOY: E parang wala nga ho gustong tumulong. Walang lumalapit sa trak. Lahat, nakatanaw lang.

- EMONG: (*Tatanawin ang mga usisero.*) ‘Yang mga taong ‘yan, marami diyan gustong tumulong, pero kailangan din nilang ingatan ang sarili nila. Paano kung madisgrasya sila? Paano kung may tumagas na langis at masabugan sila? Marunong silang lumugar. Alam nila kung ano ang kaya nilang gawin at puwede nilang itulong.
- CALOY: Hindi ko lang ho matiis na panoorin na lang ‘yung nahulog na trak. Paano kung buhay pa ‘yung drayber at kailangan ng tulong?
- EMONG: May darating na tulong! Imposibleng wala!
- CALOY: Pero ilang minuto na ang nakakalipas, wala pa ding lumalapit.
- EMONG: Lumulugar lang sila, Caloy! Nag-aantabay. Nananantiya. Tao din sila, takot ding mamatay. Hindi basta-basta ang magpakabayani. Kailangang kalkulahan mo ang sitwasyon. Kung sila nga na nasa ibaba, hindi basta-basta makalapit sa trak, tayo pa kayang nandito sa itaas?
- CALOY: Hindi ko ho talaga kaya ang walang gawin, Mang Emong.
- EMONG: ‘Nak ng tupa, ang tigas pala ng ulo nitong batang ‘to! Caloy, sinasabi ko sa ‘yo, walang saysay ‘yang ginagawa mo!
- CALOY: Susubukan ko pa rin ho. Mas mabuti nang may ginawa kaysa wala.
- EMONG: Makinig ka sa ‘kin, Caloy. Magpapagod ka lang. Sigurado ako, may parating nang tulong. Hindi mo sila mauunahan. Sa dami ng mga tao dun, sa tingin mo, wala kahit isang tumawag ng saklolo?
- CALOY: (*Hinihinal.*) Hindi ho tayo nakakatiyak.
- EMONG: (*Galit na sisigaw.*) Lintik, bumalik ka dito!
- CALOY: (*Saglit na titigil sa pagbaba si CALOY at titingnan si EMONG, hinihinal.*) Mang Emong... hindi ko kayo pinipilit na tumulong. Pero nakikiusap ako, ‘wag niyo ‘kong pigilan.
- EMONG: (*Matitigilan hanggang sa mapipilitan na ding bumaba ng billboard. Mabilis ito sa pagkilos, maaabutan si CALOY.*) Putang ina kang bata ka, ipapahamak mo pa ‘ko niyan e! Baka nakakalimutan mo, may trabaho tayong dapat gawin! Kailangang makalas na natin ‘tong billboard na ‘to bago

magliwanag! Hindi ko ‘to matatapos mag-isa! Mag-aalas tres na!

CALOY: (*Ipagpapatuloy ang pagbaba.*) ‘Yan ho ba ang tunay na dahilan kung bakit ayaw niyong sakloloan ‘yung naaksidenteng trak?

EMONG: ‘Di ba’t pinaliwanag ko na sa ‘yo?! Hindi ka ba marunong umintindi?! Napakahirap bang basahin ng sitwasyon natin at hindi mo maunawaan na wala tayong magagawa?! Na magsasayang lang tayo ng oras at pagod kapag sinubukan nating tulungan ‘yung putang inang drayber na ‘yun na nakatulog sa Skyway?! Ano ba’ng gusto mong patunayan? Na kaya mong sagipin ang mundo?! Si Superman ka ba?!

CALOY: Hindi ho. Gusto ko lang tumulong—

EMONG: May binubuhay akong pamilya, Caloy! Kapag hindi natin natapos ‘to, walang kakainin ang asawa’t mga anak ko bukas. At kailangan mo din ng perang pambayad sa upa niyo. Baka nakakalimutan mo, may mga buhay na nakasalalay sa ‘tin!

Freeze.

IBABA

Mangangamba sina MAYNARD, ALING PRECY, MAGBABALUT at KA BRITNEY sa pagsugod ni Jenny sa trak.

MAGBABALUT: (*Kay MAYNARD*) Manliligaw ka ni Jenny, ‘di ba?

MAYNARD: Oho.

MAGBABALUT: E ano pa’ng hinihintay mo? Sundan mo na. May ganiyan bang manliligaw, babagal-bagal?

MAYNARD: (*Agad na kikilos, susundan si Jenny.*) Jenny, hintay!

ALING PRECY: Kapag may nangyari sa dalawang batang ‘yun, kasalanan mo ‘yun, Britney!

KA BRITNEY: Bakit ako?

ALING PRECY: E ikaw ang atribida diyan, e!

MAGBABALUT: Tama na ho ang bangayan n’yo! Naririndi na ‘ko! ‘Yung ibang mga tao, hindi nagising sa aksidente. Pero sa mga talak n’yo, magigising sila!

Nang papasok sa entablado si KREZTA. Agad itong sasalubungin ni KA BRITNEY at magpapa-cute dito.

KA BRITNEY: Hi, Krezta! Good morning!

ALING PRECY: Diyan ka lang magaling, e! Sa pagpapa-cute sa mga magaganda!

KREZTA: Good morning ho, Kap! Bakit parang nagkakagulo kayo dito?

KA BRITNEY: Naku, may aksidente sa highway. May nahulog na trak ng gulay. Ayun, o! (*Ituturo ang aksidente.*)

KREZTA: Diyos ko! May namatay ho ba?

KA BRITNEY: Hindi pa nga namin alam eh. 'Di kami makalapit kasi baka biglang sumabog 'yung trak.

ALING PRECY: Pero 'yung kapatid mong si Jenny, nagpunta dun kasama si Maynard!

KREZTA: Ano?! Nandun si Jenny?

KA BRITNEY: Oo. Ayaw paawat, e.

KREZTA: Ha?! Teka, pupuntahan ko!

KA BRITNEY: 'Wag na, Krezta! Baka pati ikaw, masabugan!

KREZTA: Kap, hindi ko puwedeng pabayaang si Jenny! Kapatid ko 'yun!

KA BRITNEY: A, oo nga pala... pero hindi naman siguro sasabog 'yung trak.

KREZTA: E paano kung sumabog nga?

KA BRITNEY: (*Mapapaisip.*) A, e... Ikaw talaga, Precy! Kasalanan mo 'to eh! Naghasik ka ng lagim dahil sa mga tsismis mo! (*Kay KREZTA.*) Sige Krezta, sasamahan na kita!

ALING PRECY: Wow, basta may maganda, biglang tapang! Samantalang kanina, puro kuda, walang gawa! Puro papogi lang!

KA BRITNEY: Tumigil ka na, Precy, ha!

KREZTA: Ano kap, sasamahan mo ba 'kong hanapin si Jenny?

KA BRITNEY: Krezta, pabalik na siguro ang mga 'yun.

KREZTA: Pero kap—

Biglang maririnig ang wang-wang ng ambulansiya.

MAGBABALUT: Sa wakas, andiyan na ang saklolo!

Freeze.

ITAAS / IBABA 2

Patuloy ang pagtatalo nina CALOY at EMONG habang nagmamadaling bumababa sa bakal na kalansay ng billboard.

EMONG: Mag-isip-isip ka! Bago mo sagipin ang buhay ng iba, siguraduhin mo munang ligtas ka at ang mga mahal mo sa buhay!

CALOY: Alam ko ho ‘yun.

EMONG: Alam mo? E bakit sinuway mo ‘ko?

CALOY: Hindi niyo ho kasi ako naiintindihan.

EMONG: E bakit hindi mo ipaintindi sa akin? Sige, magsalita ka!

Hindi iimik si CALOY. Katahimikan. Ilang saglit lang, mababasag ang katahimikan ng wang-wang ng ambulansiya.

EMONG: Sabi sa ‘yo e, imposibleng walang dumating na saklolo. Ang tigas kasi ng ulo mo, e!

Makakarating na sa ibaba sina EMONG at CALOY.

EMONG: Tingnan mo na, nandiyan na ang mga saklolo. Nagsayang lang tayo ng pagod! Ngayon, babalik na naman tayo sa taas.

CALOY: Mabuti nang may ginawa kaysa wala.

Galit na mapapailing si EMONG habang nakatingin kay CALOY. Magtititigan ang dalawa ng ilang saglit na kapwa may inis sa isa’t isa.

EMONG: (Galit na duduruin si CALOY.) Putang ina ka!

Hindi na sasagot pa si CALOY. Ilang saglit na katahimikan. May matatanaw si CALOY.

CALOY: Nailabas na nila sa trak ang drayber! Ang bilis, a!

Tatanawin din ni EMONG ang kinaroroonan ng aksidente.

CALOY: Buhay pa kaya?

EMONG: Pinapasok nila sa ambulansiya e. Malamang sa malamang, buhay pa. Sana makaligtas siya. Kailangan niya ng matinding milagro.

Patuloy sa pagmamasid sa aksidente ang dalawa. May manunumbalik na mapait na nakaraan sa isipan ni CALOY habang nakatingin sa walang malay na drayber ng trak. Bigla na lang itong maiiyak.

EMONG: Caloy... Bakit? Anong problema?

CALOY: (Agad na papahirin ang mga luha.) Wala ho.

EMONG: Naikuwento sa akin ng nanay mo ang nangyari...

CALOY: Ang nangyaring ano ho?

EMONG: 'Yung tungkol sa tatay mo. Bago ka paluwasin ng nanay mo dito sa Maynila, kinausap ako ng nanay mo. Humihingi ng tulong. Kung maipapasok daw kita sa trabaho ko sa construction. Sabi ko, titingnan ko. Tapos nagkuwento na siya sa aksidente ng tatay mo. Naipit daw sa makinarya ng pinagtatrabahuhan niyong pabrika?

CALOY: Oho. Pabrika ng bakal. Nadulas si itay. Nahulog sa makina at naipit. (Patlang. Nagpipigil ng pag-iyak.) Nakita ko 'yung nangyari...

FLASHBACK:

Sa puntong ito, itatanghal ni CALOY at ng MGA TAUHAN sa Ibaba 1 ang nangyaring aksidente sa ama ni CALOY habang nakamasid si EMONG:

- *Si CALOY ang gaganap sa kaniyang sarili.*
- *Si MAGBABALUT bilang kaniyang ama.*
- *Sina ALING PRECY, KA BRITNEY at KREZTA bilang mga katrabaho sa pabrika ng bakal.*

Director's treatment:

Maiipit ng makinarya ang AMA ni CALOY. Masasaksihan ito ni CALOY. Mapapasigaw siya: Itay! Tatakbuhin ni CALOY ang AMA upang hilahin at tulungan. Pero pipigilan siya ng MGA KATRABAHO: 'Wag, Caloy! Delikado! Magpupumiglas si CALOY, sumisigaw, humahagulgol: Itay!!! Pero matindi ang pagpipigil sa kaniya ng MGA KATRABAHO. Maiiyak na lamang si CALOY habang sumisigaw sa sakit ang AMA hanggang sa tuluyan nang kikitilin ng kamatayan ang kaniyang mga sigaw.

Babalik na sa orihinal na puwesto ang MGA TAUHAN sa Ibaba 1. Maiiwang mag-isa si CALOY.

Tuluyan nang maiiyak si CALOY. Lalapitan siya ni EMONG at hihimasin sa likod.

CALOY: Wala akong nagawa. Nakita ko kung paano inipit at dinurog ng buhay na bakal si itay...

EMONG: Nakikiramay ako, Caloy...

Sa puntong ito, sabay nang nagaganap ang dalawang eksena. Iiwan muna natin sina CALOY at EMONG upang balikan ang kabilang eksena. Habang nakatuon ang atensyon ng audience sa eksena sa ibaba 1, patuloy pa din ang pag-arte ng mga tauhan sa ibaba 2—nakamasid lang sa aksidente, at vice versa.

IBABA 1

Pinagmamasdan nina ALING PRECY, MAGBABALUT at KREZTA ang pagsaklolo ng mga awtoridad sa nahulog na trak.

KA BRITNEY: Krezta, ayan na ang kapatid mo! Pabalik na!

KREZTA: 'Asaan?

KA BRITNEY: (*Ituturo.*) Ayun, o! Kasama si Maynard!

MAGBABALUT: Ano 'yung dala-dala nila?

ALING PRECY: Parang namalengke 'yung dalawa, a!

Saka aakyat sina JENNY at MAYNARD sa entablado mula sa audience. May dalang isang kaing na mga gulay.

JENNY: Buhay 'yung drayber! Sinugod na sa ospital!

ALING PRECY: Namalengke kayo?

MAYNARD: Hindi ho. Ang daming gulay na tumilapon galing sa trak! Nagkalat sa highway!

MAGBABALUT: Talaga? Pinamimigay na?

MAYNARD: Hindi ho. Pero biglang nagsisuguran na 'yung mga tao sa kabila ng riles para kunin 'yung mga gulay. Tara, balik tayo, marami pa sa trak!

JENNY: Ate, hindi ko na kailangang mamalengke. May paninda na si inay!

ALING PRECY: Libreng gulay! Gora ako diyan!

KA BRITNEY: Basta pagkain talaga, nangunguna ka, Precy!

ALING PRECY: Ganun? Ayaw mo ng libreng food. Sige, maiwan ka diyan!

KA BRITNEY: Ang lagay, kayo lang ang may libreng foods?

ALING PRECY: O tama na ang satsat, tara na!

MAGBABALUT: Sugod, mga kapatid!

Dali-daling susugod ang lahat sa kinaroroonan ng trak upang manguha ng gulay. Bababa sila sa entablado papunta sa audience.

IBABA 2

Patuloy na inaalo ni EMONG si CALOY.

EMONG: Pasensiya na pala kanina. Nawala sa isip ko ‘yung nangyari sa tatay mo.

CALOY: Wala ho ‘yun. Sorry rin ho. Nadala lang ako ng emosyon ko. Alam ko namang hindi din tayo aabot kahit pa bumababa tayo dito para tulungan ‘yung drayber.

EMONG: Mabuti’t alam mo. Minsan, mas paiiralin dapat ang utak kaysa sa puso, lalo pa kung walang laman ang tiyan. Ikaw na ngayon ang padre de pamilya sa inyo. Dapat ingatan mo din ang sarili mo dahil ikaw na ang bubuhay sa nanay at mga kapatid mo. E kung pati ikaw nawala gaya ng tatay mo, paano na sila?

Katahimikan. Muling tatanawin ni EMONG ang kinaroroonan ng nahulog na trak.

EMONG: Kung tutuusin, mabilis na din ang pagresponde ng ambulansiya. Pati ang mga pulis at MMDA nandiyan na rin. Kumapal na ang mga taong nakikiusyoso. Matagal-tagal ding proseso ‘to. Kailangan pa nila ng crane na hihila sa trak na ‘yan. Pihado, magta-trapik na naman nang todo mamaya. Marami na namang maaabalang mga motorista. Dadagundong na naman ang mga busina. Mag-iinit na naman ang ulo ng mga tao dito sa Maynila. At puputaktihin na naman ng reklamo ang gobyerno natin. (*Patlang.*) Paulit-ulit lang. Masanay ka na dito sa Maynila.

CALOY: (*Papahirin ang mga luha at aayusin ang sarili.*) Tara na ho, balik na tayo sa taas.

Akmang aakyat na muli sa billboard sina CALOY at EMONG nang may pupukaw sa atensyon ni CALOY.

CALOY: Mang Emong, tingnan niyo 'ho! Nagkakagulo 'yung mga tao!

Babalingan ni EMONG ang tinatanaw ni CALOY sa highway—sa kinaroroonan pa rin ng aksidente.

EMONG: Tingnan mo nga naman, ano? May nadisgrasya, pero may nabiyayaan naman ng grasya!

CALOY: Pero pagnanakaw 'yang gingawa nila. Hindi naman ho sa kanila 'yang mga gulay na 'yan.

EMONG: Oo nga, pero mabuti nang may makinabang kaysa naman mabulok lang 'yang mga tumilapong gulay na 'yan. Sayang naman.

CALOY: Pero wala bang pupulot ng mga 'yan para ibalik sa trak?

EMONG: Sino'ng pupulot ng mga 'yan? Sa tingin mo, uunahin ng mga awtoridad ang pagpulot ng mga nahulog na gulay? Hindi, 'di ba? Uunahin nilang maisugod sa ospital 'yung drayber at mahatak 'yang trak na 'yan paalis ng kalsada. Mas maraming maaabala kapag nagkatrapik-trapik na naman diyan sa SLEX. (*Patlang.*) Maraming nagugutom dito sa atin. Maraming kumakalam ang sikmura. Kahit pa hindi nila pag-aari 'yang gulay na 'yan, eh nandiyan na't nakahain sa gitna ng kalsada para pagpiyestahan. Kaysa naman masagasaan, eh 'di kunin na lang para mapakinabangan. Pagkain 'yan, aba! Para maitawid ang gutom nila. Mairaos ang pamilya nila kahit man lang sa araw na 'to.

Katahimikan.

EMONG: (*May maiisip.*) Teka, nandito na rin lang tayo sa baba. Bakit hindi tayo makinabang? Tara, manguha na din tayo ng gulay!

CALOY: E may aabutan pa kaya tayo? Ang dami nang nagsidumugan du'n!

EMONG: Subukan natin! Tara!

Muling aakyat ng entablado sina JENNY, MAYNARD, KA BRITNEY, ALING PRECY, MAGBABALUT at KREZTA mula sa audience. Tuwang-tuwa habang nagtutulung-tulong ang mga ito sa pagbuhat ng mga kaing-kaing na gulay.

Madadaanan ng mga ito sina EMONG at CALOY.

MAGBABALUT: Thank you, Lord! Daming blessings ngayong araw! Merry Christmas!

ALING PRECY: Hoy, bago natin 'to paghati-hatian, pi-picturan ko muna ha!

KA BRITNEY: Ipo-post mo rin 'to sa Facebook mo, no!

ALING PRECY: Ano pa! Hashtag: hulog ng langit.

JENNY: Matutuwa si nanay nito! Nakalibre tayo ng paninda!

KREZTA: Pati 'kamo ng tanghalian at hapunan!

JENNY: Maynard, buti pala sinamahan mo 'ko sa paghihintay kay ate. Kung hindi, wala kaming makakatulong sa pagbubuhay nitong mga gulay.

MAYNARD: E 'di sasagutin mo na 'ko niyan. 'Singpogi na ba 'ko ni Derek at Alden sa mga mata mo?

JENNY: Asa!

Lalapitan sila ni EMONG at magtatanong.

EMONG: Marami pa bang natirang gulay dun sa trak?

ALING PRECY: Ay naku, manong, kaunti na lang ho. Ang dami ho kasing nagsikuhang gulay. Dapat kanina pa kayo nagpunta dun.

KA BRITNEY: Pero subukan niyo ho. Baka may abutan pa kayo.

EMONG: A sige, salamat! (Kay CALOY) Caloy, tara, bilis! Baka may abutan pa tayong grasya. (Agad na tatakbo.)

CALOY: Sige ho.

Bababa ng entablado si EMONG papunta sa audience.

Magsisiuwian na ang ibang MGA TAUHAN—lalabas ng entablado. Sa kanilang paglabas, mahuhulog ang isang tali ng sitaw sa sahig. Mapapansin ito ni CALOY na mag-isang naiwan sa entablado. Lalapitan ni CALOY ang sitaw at pupulutin. Pagmamasdan niya ito sa kaniyang kamay. Mapapaisip.

Ilang saglit lang, muli niyang ibabalik sa sahig ang tali ng sitaw. Maglalakad siya papunta sa billboard at magsisimula nang akyatin ito. Magdidilim.

-TELON-

My Pren Named Gamlin

Sir Anril Tiatco

Tauhan:

GAMLIN 21 taong gulang, isang sundalong Amerikano
DODO 9 na taong gulang, isang bata na taga-Balangiga
JOAQUIN 18 na taong gulang, kuya ni Dodo

Tagpo:

1901, Balangiga. Isang malawak na bukirin. Isang malabong na puno ang nasa bandang gitna.

Magbubukas ang ilaw. Nakaupo si Gamlin sa may ilalim ng puno—halatang naiinitan. Matatanaw si Dodo na isa hanggang dalawang metro ang layo mula kay Gamlin, naglalaro. Gamit ang kanyang arnis, kungwari’y nakikipagbaril.

DODO: Boom! Boom!

Patuloy lang ang paglalaro ni Dodo ng kaniyang arnis.

DODO: Senyor, babarilin niyo rin po ba kami?

GAMLIN: What? Sorry—

Mapapangiti lang si Gamlin. Susubukang intindihin si Dodo.

DODO: Barilin po?
Kunwari ay makikipagbarilan muli.

GAMLIN: Oh, gun?

Ituturo ni Gamlin ang kaniyang rifle.

GAMLIN: Well, this is a rifle. Ri-fle . . .

DODO: Ray-pol?

GAMLIN: Yes, it's a rifle. We use it for protection: to protect ourselves and protect your village. You know, this rifle killed some Chinese men when I was assigned in China.

Sandaling katahimikan.

GAMLIN: Unfortunately, yes, I have already killed someone.

Nakakunot lang ang noo ni Dodo—hindi maintindihan si Gamlin.

DODO: Tatay ko po kasi, namatay sa baril.

Sandaling katahimikan.

DODO: Digmaan daw kasi noon, senyor!

Mauupo si Dodo sa tabi ni Gamlin.

DODO: Noong namatay po si tatay, bawal pong umiyak. Nagagalit kaagad si kuya. Dapat daw matuwa kami dahil namatay si tatay na may dignidad. E hindi ko naman alam kung ano ang ibig sabihin ng dignidad. Sabi lang ni kuya, maiintindihan ko rin, 'pag malaki na ako. E lumaki na ako, hanggang ngayon, hindi ko pa rin maintindihan ang mga sinabi ni kuya.

Sandaling katahimikan.

DODO: Parati niyang sinasabi sa akin noon, dapat daw naming tularan si tatay. Naku, ayoko kaya—ayokong mamatay. Sigaw ako nang sigaw kay kuya noon. Sabi ko, ayokong mamatay! Ayoko! Ang gusto ko lang namang gawin.

Ituturo ang arnis.

DODO: Maglaro!

Mag-uumpisang maglaro ulit si Dodo gamit ang arnis.

DODO: Senyor . . .

GAMLIN: Stop calling me that! My name is Gamlin. G-A-M-L-I-N. Gam-lin!

Ituturo ni Gamlin ang sarili niya.

DODO: Gam-lin!

GAMLIN: Yes, that's my name. From now on, call me Gamlin, okay?

DODO: Gam-lin!

Maglalaro ulit si Dodo—matatamaan nang bahagya si Gamlin.

GAMLIN: Hey, careful! You might be hurting—

DODO: Pasensiya na po . . . naku, nasaktan po ba kayo?

GAMLIN: Am fine! Just be careful—go on and play. . .

DODO: Bigay po ito ni kuya. Galing daw kay tatay. Ako yata ang pinakamakusay sa pag-aarnis dito! Boom, boom . . .

Matitigil bigla si Dodo.

Sandaling katahimikan.

DODO: Tapos, si nanay, sumunod kaagad kay tatay! Sabi ni ate, kolera daw. E, ano po ba iyon?

GAMLIN: Cholera?

DODO: ‘Yun daw po ikinamatay ni nanay. ‘Yun, pinayagan po akong umiyak!

Ituturo ang bukirin na nasa harapan nila. Tatayo si Dodo. Gagayahin ang ginagawa ng kuya niya sa bukirin.

DODO: Si kuya, trabaho niya—tagapunla—tagatanim—taga-ani. ‘Yung inaani, siya pong kinakain namin. Si ate po, sabi nila, siya ang may pinakamasarap na tuba dito. Magaling daw po talagang gumawa ng tuba si ate, kaya lang di pa po ako puwedeng uminom no’n e.

Sandaling katahimikan.

Hahawakan ni Gamlin ang ulo ni Dodo. Biglang yayakap si Dodo. Magugulat si Gamlin. Yayakapin na rin si Dodo.

GAMLIN: You!

Ituturo si Dodo.

GAMLIN: And me!

Ituturo ang sarili.

GAMLIN: We are friends. Your sister—she is my friend too. I wish your brother could see me as his friend too.

DODO: Pren-pren-pren-pren. Pren pala ako. Pren pala ako!

Matatawa si Gamlin.

GAMLIN: I miss home. You know, I have a brother. As old as you are.

Kukunin ni Gamlin ang isang maliit na notebook mula sa kaniyang bulsa. Ilalabas ang isang larawan. Ipapakita kay Dodo.

DODO: Ay, may anak po pala kayo?

GAMLIN: How old are you?

DODO: Naku, hindi ko po talaga kayo maintindihan!

GAMLIN: Probably, 8 or 9 or 10? He is 9 years old this year. When he turned two, I was already enlisted. Since then, I never saw him again. You know, I wish to have a son of my own. If I stayed home, I think my son would have been four or five.

Mahihiga sa may ilalim ng puno si Gamlin. Tatabihan ni Dodo si Gamlin.

DODO: Maganda po ba doon sa inyo?

GAMLIN: I miss Rebecca back home.

DODO: Sana makapunta rin po ako sa inyo! Gusto ko pong makita ‘yung lugar niyo.

GAMLIN: She is almost perfect.

DODO: Malayo po ba ‘yun dito?

GAMLIN: At least, for me—she is perfect.

DODO: Pare-parEo po kasi tanawin dito e.

GAMLIN: But she left me before I was sent to Cuba—that was before China.

DODO: Siguro po, magugustuhan din nina kuya at ate sa inyo?!

GAMLIN: I was always crying in China, you know?

DODO: Isama niyo po kami, ha?

GAMLIN: I still remember those eyes!

DODO: Si tatay, hindi rin mahilig mamasyal. Delikado raw kasi.

GAMLIN: Beautiful eyes.

DODO: Pero sobrang bait po ni tatay!
GAMLIN: Innocent eyes.
DODO: Siguro po, kung buhay si tatay, magiging magkaibigan din po kayo no'n?!
GAMLIN: I always dream of her!
DODO: Hindi po namamalo si tatay! Pero 'pag nagalit yun, nakakatakot.
GAMLIN: I wanted to protect her!

Sandaling katahimikan.

GAMLIN: Did you hear that?
DODO: Ano po 'yun?
GAMLIN: Shhhhhhhhhhhhhhhhh.

Tatayo si Gamlin. Magmamasid.

DODO: Bakit po? Ano po 'yun?
GAMLIN: Which part of your village is this?
DODO: Ano po 'yun? Hindi ko po kayo maintindihan.

*Aakmang aayusin ni Gamlin ang kaniyang rifle.
Gamit ang kaniyang arnis, gagamitin ni Dodo ito na para bang baril niya.
Gagayahin sa pagmamasid si Gamlin.*

DODO: Parating na mga kaaway! Ya . . . ya . . . ayan na sila. . . ya!

Makikilala ni Dodo ang papalapit.

DODO: Kuya! Kuya! Ang kuya Joaquin ko 'yan! Kuya!

Ibababa ni Gamlin ang kaniyang rifle.

DODO: Si kuya Joaquin po ‘yan. Yung kinukuwento ko kanina! Kuya!
Kuya!

Papasok si Joaquin, may dala-dalang sako ng bigas at may suot-suot na sombrero.

JOAQUIN: Dodo? Anong ginagawa mo rito?

DODO: Pumapasyal lang kami, kuya.

Magtatanggal ng sombrero si Joaquin tanda ng paggalang kay Gamlin at sabay yuko.

GAMLIN: We meet again!

JOAQUIN: Yes!

GAMLIN: I didn’t mean to scare you and your sister. It was an order to inspect every house in the village.

Halatang hindi niya maintindihan ang sinasabi ni Gamlin.

JOAQUIN: Yes!

GAMLIN: I hope we are okay?!

Iaabot ni Gamlin ang kaniyang kamay.

Mapapatingin si Joaquin sa kanyang kapatid. Nakangiti si Dodo.

Mapipilitang iaabot ni Joaquin ang kanyang kamay.

JOAQUIN: Yes!

DODO: Kuya, pren ang tawag niya sa akin, ang ganda di ba?

JOAQUIN: Dodo, umuwi na tayo, pagabi na!

DODO: Kuya, ang taas-taas pa ng sikat ng araw e!

JOAQUIN: Dodo!

GAMLIN: Don’t . . .

JOAQUIN: Tigilan mo ako, alam mong hindi kita naiintindihan. Hindi tayo magkaibigan, magkaaway tayo!

GAMLIN: I'm sorry. I don't understand—

JOAQUIN: Utang na loob, huwag mo na kaming gambalain pa. Tama na ang gambalang ginawa ninyo noong makalawa. May nakita ba kayo? Wala di ba?

GAMLIN: Oh, I think you are talking about what happened in your house. It was an order. We had to check every house. There were rumors about insurgencies. We are just protecting you. We are just protecting your village. We are protecting Balangiga.

JOAQUIN: Dodo, magpaalam ka na sa kaibigan mo.

DODO: Kuya?

JOAQUIN: Dodo!

GAMLIN: It's not his fault!

DODO: Senyor, uuwi na po kami.

JOAQUIN: Halika na!

Tititigan lang ni Dodo si Gamlin. Maiyak-iyak si Dodo.

Kakaway si Gamlin at ngingiti kay Dodo.

JOAQUIN: Dodo!

Lalabas na sina Joaquin at Dodo.

Mapapansin ni Gamlin na naiwan ni Dodo ang kaniyang arnis.

Pupulutin ito. Mauupong muli.

Mamamatay ang mga ilaw.

Laruan

Sir Anril Tiatco

Tauhan:

BATA 1 MGA 12 NA TAONG GULANG

BATA 2 MGA 14 NA TAONG GULANG

Tagpo:

Sa likuran ng isang condominium kung saan kinukulekta ang basurahan. Tatlong malalaking garbage dump ang matatanaw.

Dalawang bata ang papasok—mga garbage scavenger. May dala-dala silang malaking plastic kung saan matatanaw ang kanilang mga naipong basurang ibebenta sa junkshop.

BATA 1: Umuwi na nga kasi tayo.

BATA 2: Saglit, heto na lang ang hindi natin nakakalkal. Tapos uwi na tayo.

BATA 1: May assignment pa ako, kuya / ate.

BATA 2: Ano ba 'yan? Assignment-assignment pa . . .

BATA 1: Natural!

Mag-uumpisang mangalkal sa unang garbage dump ang dalawa.

BATA 2: E bakit ka ba kasi nag-aaral pa?

BATA 1: E bakit naman kasi hindi?

BATA 2: Naku!

BATA 1: Naku ka d'yan!

May makikitang mga lumang libro ang Bata 2.

BATA 2: Ayan, dagdag sa kita!

BATA 1: Naku, akin na lang mga 'yan! Huwag na nating isama ang mga 'to!

BATA 2: Aanhin mo?

BATA 1: Babasahin!

BATA 2: Ha?

BATA 1: Basa—magbabasa!

BATA 2: E bakit?

BATA 1: E bakit hindi?

BATA 2: Sayang kasi yan!

BATA 1: Kaya nga itatago ko.

BATA 2: Hindi, sayang 'yan! Pandagdag din 'yan. Siguro mga tatlong-piso nga 'yan.

BATA 1: Tatlong piso lang pala, e.

BATA 2: Weh! Ang hirap maghanap ng piso ngayon, nila-lang-lang mo ang tatlong piso?!

BATA 1: Ang gulo mo!

Mangangalkal ulit sila. Mapupulot ng Bata 2 ang isang gamit na condom.

BATA 2: Ano 'to?

BATA 1: Patingin nga.

Kukunin ng Bata 1 ang condom at titigang mabuti.

BATA 1: Parang lobo!

Patuloy lang ang pagtitig.

BATA 1: Hindi naman natin magagamit—

Ibabalik sa garbage dump ang condom at muling mangangalkal.

BATA 2: Huwag ka na kasing pumasok bukas.

BATA 1: Hindi puwede. Hindi na ako pumasok kahapon at ngayon e.

BATA 2: E ituloy-tuloy muna.

BATA 1: Hindi nga puwede, magaling na nga si nanay, puwede na siyang mangalakal bukas.

BATA 2: Sino kasama ko?

BATA 1: E mag-aral ka na rin kasi.

BATA 2: Ay, ayoko!

BATA 1: E bakit ba kasi ayaw mo?

BATA 2: E bakit ba?

BATA 1: Ang saya kaya sa iskul.

BATA 2: Ay, 'wag ka ngang makulit!

BATA 1: Bahala ka nga!

Hanap ulit sila ng mapapakinabangan. Sandaling katahimikan.

BATA 2: Wala na dito!

Lilipat ang Bata 2 sa pangalawang garbage dump, habang ang Bata 1 ay pupunta sa pangatlong garbage dump.

May makikitang mga aluminum casing ng softdrinks ang Bata 2.

BATA 2: Heto, o!

BATA 1: Ang dami n'yan!

BATA 2: Ako ang nakakita!
BATA 1: Ang suwapang!
BATA 2: Maghanap ka d'yan baka meron din.

Maghahanap muli. Makikita ng Bata 2 ang isang plastic ng mga prutas. Amuyin niya ito. Kumbinsidong hindi pa sira. Makikita ng Bata 2 ang mga napulot ng Bata 1.

BATA 2: Ano 'yan?
BATA 1: Mansanas.
BATA 2: Baka sira na 'yan!
BATA 1: Hindi pa, wala pang amoy. Puwede pa. Gusto ni nanay 'to!
Gusto mo?
BATA 2: Ayoko!
BATA 1: Anim naman ito.
BATA 2: Sige na nga, pahinging isa!

*Ihahagis ng Bata 1 ang isang mansanas patungo sa Bata 2.
Pagkahagis, titikman kaagad ng Bata 2 ang mansanas.*

BATA 2: Sarap! Pahingi pang isa?!
BATA 1: Grabe ka naman!
BATA 2: Huwag kang suwapang, lima pa 'yan!
BATA 1: E ikaw nga e—
BATA 2: Bakit ako?
BATA 1: Bigyan mo ako nung mga 'yun?!
BATA 2: Alin? Yung sa sopdrinks?
BATA 1: Oo!
BATA 2: Ngek, nek-nek mo!
BATA 1: Manigas ka, pagtiyagaan mo 'yang isang mansanas!
BATA 2: Suwapang!

Maghahanap muli ang Bata 1 sa dump habang patuloy lang sa pagkain ng mansanas ang Bata 2.

BATA 1: Alam mo, wala na talaga! Halika na.

May matatapakan ang Bata 2.

BATA 2: Teka lang . . .

Titingnan ng Bata 2 ang kaniyang natapakan.

BATA 1: Halika na nga!

BATA 2: Saglit!

Isang baril ang kaniyang natapakan, ipapakita ito sa Bata 1.

BATA 2: Huy! Tingnan mo 'to!

BATA 1: Wow!

BATA 2: Gandang laruan nito!

BATA 1: Oo nga!

Magkukunwaring nakikipagbarilan.

BATA 2: Bang!

BATA 1: Mukhang totoo!

BATA 2: Oo nga!

BATA 1: Naku, sigurado ako malaki ang benta n'yan.

BATA 2: E bakit ko naman ibebenta? Sa akin na ito!

BATA 1: Aanhin mo?

BATA 2: Laruan! Baril-barilan!

BATA 1: Di ka naman marunong n'yan e.

BATA 2: Bakit, ikaw marunong ka ba?

BATA 1: Hindi!
BATA 2: ‘Wag kang epal!
BATA 1: Halika na nga!

Magkukunwaring may kaaway at kakalibitin ang baril. Maririnig ang “click” nito.

BATA 2: Ang galing. Parang totoo!

Haharap ang bata 2 sa bata 1—tututukan siya nang baril.

BATA 2: ‘Wag kang kikilos ng masama! Napapaligiran ka namin!
BATA 1: Ang korni mo!

Pipindutin ng Bata 2 ang baril at bigla itong puputok. Magugulat ang dalawa. Hahawakan ng Bata 1 ang kanyang tiyan. Lalabas ang dugo. Gulat pa rin ang dalawa. Mapaptingin ang Bata 2 sa duguang tiyan ng Bata 1. Matutumba ang Bata 1. Mamatay ang mga ilaw.

Rite of Autumn

Sir Anril Tiatco

Tauhan:

Bhe 1 around 30 years old

Bhe 2 around 30 years old

Tagpo:

Europa. Bench. Fountain. Park Square. Mid-autumn. Malamig ang panahon, at halos palubog na ang araw.

Nakaupo si Bhe 1 habang hinihintay si Bhe 2. Hindi mapakali si Bhe 1.

Papasok si Bhe 2 na may dala-dalang dalawang “take-away” cups ng kape. Iaabot ni Bhe 2 ang isa kay Bhe 1.

BHE 1: Alam mo ba kung ano ang temperature?

BHE 2: Ha?

BHE 1: E ang lamig na kaya—mid-autumn na, di ba?

BHE 2: Ayan, coffee—

BHE 1: E bakit nga ba andito tayo of all places?

Inom si Bhe 2.

Sandaling katahimikan.

BHE 1: How important is this one? I have to go back to work, you know—

Muling iinom ng kape si Bhe 2.

BHE 1: Ano ba? May problema na naman ba?

BHE 2: I don't know. I really don't know!

BHE 1: Oh my God! What is this? Again? Hindi na ba matatapos—

BHE 2: That's precisely why I asked you to come here.

BHE 1: Ano?

BHE 2: Alam ko napapagod ka na. And me too! Both of us are tired, di ba?

BHE 1: Alam mo, hindi kita maintindihan. Is this your way of—

Gulat si Bhe 1, may maaalalang bigla.

BHE 1: Oh no! No, no, no. . . .

BHE 2: Bhe. . .

BHE 1: This is some silly prank, isn't it?

BHE 2: Bhe. . . .

BHE 1: I can't believe it!

BHE 2: Calm down, please!

BHE 1: You want me to calm down? Really?

Sandaling katahimikan.

BHE 1: Hindi kita maintindihan.

BHE 2: Ako man.

Tahimik lang si Bhe 2 habang tinititigan si Bhe 1.

BHE 1: Ten years! Ten years—
BHE 2: Bhe... calm down, please.
BHE 1: Oh, and that's why you want us to meet here, in the middle of a busy park.
BHE 2: Bhe, please listen to me.
BHE 1: No, you listen to me!

Sandaling katahimikan.

BHE 1: Okay! Let's talk.
BHE 2: I'm really sorry.

Sandaling katahimikan.

BHE 2: It won't work! It won't, anymore.
BHE 1: After ten years, you tell me it won't work?
BHE 2: 'Wag mong isipin yang ten years!
BHE 1: Anong gusto mong isipin ko? The condominium in Ortigas, ite-turn over na in two months.
BHE 2: I'll pay for your dues.
BHE 1: Can I not redeem myself anymore? Aaminin ko sa iyo, miserable ang buhay ko. Wala akong makausap. Wala akong makasama. Iniwasan ko na silang lahat! You know, I have to go back to work, bago pa man sumabog ang dibdib ko!
BHE 2: Hindi mo kasi maintindihan! Masyado na akong nasasaktan—
BHE 1: A, nasasaktan? 'Wag mo namang palabasin na ako lang ang nakakapanakit sa iyo. You fucked me up so many times, you know?! I am not just like you. I don't keep record of all the fuck ups you made and bring them back again whenever I want to!
BHE 2: This isn't going to work anymore.

Sandaling katahimikan.

BHE 1: And maybe, you are right. This isn't going to work anymore.
BHE 2: We were happier.
BHE 1: But we are happy pa rin naman, di ba?
BHE 2: I don't know.
BHE 1: You don't know?! You don't know! You don't know!!!! Utang na loob!

Sandaling katahimikan.

BHE 2: Calm down. Calm down!
BHE 1: You really want me to calm down? With what's happening with you, with us, right now?
BHE 2: Sorry!

Sandaling katahimikan.

BHE 1: Akala ko, tapos na ito—kagabi. May dala-dala ka pa rin palang drama!
BHE 2: Please, this is no drama!
BHE 1: Fine, then tell me: what am I supposed to do? Tell me what you want me to do.

Tititigan lang ng masama ni Bhe 1 si Bhe 2.

Sandaling katahimikan.

BHE 1: Tell me! You want me to move out of our apartment? Can you give me at least a week? Mahirap maghanap ng matutuluyan dito, alam mo 'yan?
BHE 2: I don't know.
BHE 1: What do you mean, you don't know! Why are we talking here? Why are you telling me all these bullshit?
BHE 2: Can you calm down?
BHE 1: Or better yet, you move out. Anyway, in three months, your

contract is expiring and as you said you miss home; you want to go home.

BHE 2: Marry me?

BHE 1: What?

BHE 2: I said, marry me!

BHE 1: Bhe

Naghihintay ng sagot si Bhe 2.

BHE 2: Marry me!

BHE 1: You are kidding, right?

BHE 2: Do I sound not serious at all?

BHE 1: Oh my God! Ano ba ang pumapasok sa utak mo?

BHE 2: Marry me!

BHE 1: Ten years na tayo, e gano'n na rin yon.

BHE 2: No, bhe! Marry me!

Sandaling katahimikan.

BHE 2: Why are we together?

BHE 1: You really are asking me that?

BHE 2: Oo! I want to know, describe your love to me!

BHE 1: I love you! I love you. Alam mo 'yan, and sana maniwala ka every time I say I love you! I don't even question your love, bhe. Bakit may ganito, ngayon? Bakit?

BHE 2: Hindi ko alam, dalawang buwan na tayong ganito.

BHE 1: Exactly, dalawang buwan na! Hindi ka ba pagod? Kasi ako pagod na pagod na! Pagod na pagod na!

BHE 2: Ayun naman pala, E! Pagod ka na pala.

BHE 1: Putang-ina! Hindi ko alam kung ano ang nakain mo at kung ano ang pumasok sa utak mo! Bhe, maghunus-dili ka nga! Go to the spa, go at mag-sun bath ka! Kulang ka lang sa araw! Magbilad ka nga bukas pagsikat ng araw!

- BHE 2: You don't get me. You don't get it!
- BHE 1: Precisely, that's why you have to help me understand it! Because I really can't. Ilang ulit na nating napag-usapan ito and we said last night na tapos na ito, hindi ba? E ano na naman ba ito?
- BHE 2: We are no longer happy, are we?
- BHE 1: I am not happy—every time we have something like this. Bakit, ikaw ba? Masaya ka ba 'pag ganito tayo?

Sandaling katahimikan. Inom muli si Bhe 2 ng kape.

- BHE 1: So tell me now, what do you want me to do?
- BHE 2: You know what I want you to do!
- BHE 1: No, I don't!

Isang sarcastic smile ang ibibigay ni Bhe 2 kay Bhe 1.

- BHE 1: You don't give me that sarcasm, please!
- BHE 2: I am going back home—I am not renewing my contract.
- BHE 1: I know that!
- BHE 2: If this will be the end, what will happen to us?
- BHE 1: Fuck you! Fuck you!
- BHE 2: Hypothetical question!
- BHE 1: Stupid! Stupid question! Matalino ka pero hindi ko alam kung bakit nagtatanga-tangahan ka ngayon.
- BHE 2: What will happen to the condo unit?
- BHE 1: Don't worry about that—I'll pay you out – is that the only thing that worries you right now?!
- BHE 2: Oh no, no, no—I don't care about the money.
- BHE 1: You are acting weird! Please go home, I am going back to work. Sleep and tomorrow—we will be fine! Let's pretend this night did not happen!

Inom muli ng kape si Bhe 2.

BHE 2: I'm cold!

BHE 1: Because it is cold!

BHE 2: I am so scared! Hindi ko na alam kung ano ang nangyayari sa atin. Ten years pero—

BHE 1: Ang pakiusap ko lang sa iyo ever since ay trust me! Hindi tayo maaayos, hinding-hindi!

BHE 2: Why, bhe? Why can't we be—

BHE 1: Bhe, you know I don't—

BHE 2: You don't believe in marriage, yes!

Sandaling katahimikan.

BHE 1: Mahal naman natin ang isa't isa. Masaya naman tayo kahit may mga ganitong okasyon. Mahal ko pamilya mo. Mahal mo pamilya ko. O, ano pa ba hahanapin natin? May bahay na tayong uuwian—malapit na matapos ang pagbabayad natin.

BHE 2: Hindi mo kasi naiintindihan.

BHE 1: Hindi mo rin naiintindihan. This is going nowhere. You decide.

BHE 2: Decide? Ako lang?

BHE 1: Yes, ikaw lang ang may pag-aalinlangan. Kagabi, I already decided. I told you, we could still work this out. I chose us! Now, it's your turn to decide.

BHE 2: Bhe?

BHE 1: What?

BHE 2: I don't know anymore! I don't know anymore!

BHE 1: You should know! You decide! If you are no longer happy, then what's the point? Ako, I am trying to be happy because I chose you! If you think I can no longer make you happy—I can no longer make you a better person, then—let's move forward. This is one hell of a relationship!

BHE 2: This is supposed to be our decision, di ba?

BHE 1: I said, I already made my decision. I am not changing that! I fucked up, but please be aware that you fucked up too! Nilamon ko na lahat-lahat. Ang liit-liit na ng tingin ko sa sarili ko. But still, I chose to be part of us.

Sandaling katahimikan. Bhe 1 checks his watch.

BHE 1: My break is almost over – I need to go back to work. You decide! Mag-text ka na lang.

Bhe 1 walks away. Leaving his cup behind.

Bhe 2 takes his last sip. He throws the cup away. He sits back. Takes Bhe 1's cup and starts drinking it.

Dahan-dahang mamamatay ang mga ilaw.

Sekyu

Brylle Tabora

SETTING:

Ang taon ay 1994. Sa loob ng nakahihilo't pasikut-sikot na mga kalye ng Cuba, nababalot ng mga sala-salabat na mga kable ng kuryente, matatagpuan ang HEARTWORKS RESIDENCES, isa sa mga antebellum establishments na itinayo noong American Occupation. Malapit ito sa mga sinehan na nagpapalabas ng mga bomba film.

1. INT. HEARTWORKS RESIDENCES. DAY.

Pinapakita ang itsura ng loob ng condominium: Ang tanggapan. Ang pasilyo ng bawat palapag. Storage area. Mga bakanteng kuwarto. Mga kuwartong tinitirhan ng mga tenants. Ang rooftop kung saan nakasampay ang mga damit ng mga tenants.

Makikita si RONILO MACEDA, 28, kausap ang may-ari ng condominium na si RICHARD SY, 47, isang Chinese-Filipino na matigas magsalita nang Tagalog.

- RICHARD: Wala maintenance ngayon, ah, kaya ikaw muna ikot-ikot sa buong building. Okay ba? I-check mo mga sira ilaw. Si Mang Canoy, iyong tenant sa second floor, nagreklamo. Wala raw sila tubig kapag gabi. Kailan ka nga uli puwede magsimula?
- RONILO: Sa makalawa po, Ser Richard. Kailangan po kasi ng tulong ni misis sa bahay. Kakalipat lang po namin.
- RICHARD: Okay-okay. Ang pasok mo dito, 9 p.m. to 7 a.m., okay? ‘Yung dati kasi security guard namatay ‘yung mother niya. E ‘di naman sinabi kung kailan babalik. Ano uli pangalan mo? Makakalimutin na ako, naku po!
- RONILO: Ronilo po, ser. Ronilo Maceda.
- RICHARD: Okay-okay, Ronilo. Alam mo naman kung bakit kita kinuha, ‘di ba?
- RONILO: Opo, ser.
- RICHARD: Okay. Good-good! Sa susunod na linggo mo pa makukuha ‘yung uniform mo ha. Kailangan ka pa sukatan. Sa ngayon, magsuot ka muna puti polo.

2. INT. RONILO’S APARTMENT. SAME DAY.

Nagpapalit ng damit si Ron nang pambahay, habang ang kaniyang asawang si JAZMIN, 27, ay naghahanda ng merienda.

- RONILO: Ma, kilala mo ‘yung konsehal sa Quezon City, ‘yung si Ace Vidal ba ‘yun? Basta ‘yung mestizo. Nakaayos palagi ang postura.
- JAZMIN: Ah, oo. ‘Yung palaging lumalabas sa TV. ‘Di ba kumakandidato ‘yun bilang vice mayor ng Quezon City? Bakit, ano meron sa kaniya?
- RONILO: E kasi, Ma, may girlpren ‘yun dun sa condominium na pinag-applyan ko.
- JAZMIN: E ‘di ba, Pa, may asawa ‘yung si konsehal? ‘Yung kasa-kasama niya palagi sa mga interbyu sa TV. Maganda ‘yun, a. Mestiza din.

- RONILO: Kaya nga nilagay ako ni Ser Richard panggabi. Kasi doon niya binabahay ‘yung kabit niya. Ang utos sa akin ni Ser Richard e siguraduhin ko raw na walang makakaalam.
- JAZMIN: E, hindi ba alam ng mga kasama mo doong mga sekyu?
- RONILO: Ako lang nakakaalam. ‘Yung dati kasing nakatoka sa gabi—ano ‘yun, um, si konsehal nagpasok dun—namatay ‘yung nanay kaya kailangang umuwi ng probinsya. Kailangan ng karelyebo. E mukha naman daw akong mapagkakatiwalaan.
- JAZMIN: Kawawa naman ‘yung misis ni konsehal, no? Nagse-sex pa kaya sila, Pa?

3. INT. RONILO’S APARTMENT. NIGHT.

Nagsisiping ang mag-asawa sa sala, habang sa loob ng kanilang kuwarto ay mahimbing na natutulog ang kanilang mga anak na si MAC, 4 at ROSE, 3. Tinitira ni Ron si Jazmin patalikod, isang bagay na mahilig n’yang gawin sa asawa.

- RONILO: Ahh... Ahh...
- JAZMIN: Pa, ‘wag kang maingay. Baka magising ang mga bata.
- RONILO: Tekang lang, Ma, malapit na ako labasan. Ahh.. Ah...
- JAZMIN: Bilisan mo. Pagod na ‘ko. Kukunin ko pa ‘yung mga sinampay.

4. INT. HEARTWORKS RESIDENCES. NIGHT.

Tinu-turn over ni JORDAN VICENTE (25), ang sekyu na nakatalaga sa morning shift, ang mga susi kay Ronilo.

- JORDAN: Si Mang Aba, ‘yung janitor dito, sa umaga lang siya pumapasok kaya walang nakakapag-ikot sa gabi. Matagal na ring walang pumupuntang maintenance dito. E, mukhang nagtitipid ata ‘tong si Ser Richard e. Alam mo naman, mga Intsik. Silip-silipin mo na rin ‘yung mga napunding ilaw sa bawat floor. Pinalitan ko na nga ‘yung mga ‘yun nung isang buwan matapos dumaan ‘yung bagyo, ewan ko ba kung bakit napundi agad. I-check mo

na rin ‘yung sa fourth floor. May sira atang wiring sa buong palapag. Isa lang naman kasi nakatira d’un e. May tanong ka pa? (*Iiling si Ronilo.*)

JORDAN: O, siya. Kaya mo na ‘yan. Sisibat na ‘ko. May date pa e. (*Hahagikhik.*)

**5. INT. HEARTWORKS RESIDENCES. SECOND FLOOR.
SAME NIGHT.**

Alas dos ng umaga. Rumoronda si Ron sa bawat palapag. May dala-dala siyang flashlight at iniilawan ang mga madidilim na sulok ng bawat pasilyo. Maka-kasalubong niya si MANG CANOY BAUTISTA, 47 at ISSA FERNANDEZ, 37, na naghahagikgikan at naglalaplapan sa isang gilid. Makikita nila si Ron na nagnanakaw ng tingin, at dali-daling papasok ang dalawa sa isang kuwarto.

**6. INT. HEARTWORKS RESIDENCES. FOURTH FLOOR.
SAME NIGHT.**

Aakyat si Ron sa ikaapat na palapag. Makikita niya na nababalot ito ng kadiliman, at isang bumbilya lang ang gumagana sa kalayuan. Sa isang banda, may makikita siyang pigura ng isang babaeng papasok sa kaniyang kuwarto.

7. INT. TESDA QUEZON CITY BRANCH. DAY.

Makikitang nakikinig si Ron sa kaniyang guro na nagtuturo kung paano magkumpuni ng mga sirang piyesa ng mga sasakyan. Mataaimtim siyang nakikinig habang sinusulat sa notebook ang mga lesson nila.

8. EXT. TESDA QUEZON CITY BRANCH. DAY.

Palabas ng TESDA si Ron. Nakasuot siya ng puting polo shirt. Bibili siyang ng kendi mula sa isang vendor habang naghihintay ng dyip na masasakyan pauwi.

9. INT. RONILO'S APARTMENT. DAY.

Naghahanda si Ron papasok sa trabaho niya, habang si Jazmin ay naghahanda ng pagkain para sa asawa.

JAZMIN: Pa, kumusta 'yung klase mo? Ito o, kumain ka muna. *(Maghahanda si Jazmin ng pagkain para kay Ron sa hapag.)*

RONILO: Tinuruan kaming magkumpuni ng brake. Nung isang araw nga, kuwento ni Ser Mike, may drayber daw, di niya namalayan nagloloko brake niya. Diyan sa may España, malapit sa 'tin. Kaya nung mag-red na 'yung ilaw, di niya nahinto sasakyan niya. Nabangga siya ng sasakyan. Patay. Pati rin 'yung asawa niya at mga anak nila.

JAZMIN: Diyos ko. Nga pala, Pa, si Mac malapit na pumasok ng iskul. Maglilimang taon na rin siya. Late na nga siya e.

RONILO: 'Wag kang mag-alala, Ma. Malapit na rin naman ako grumadweyt. Magtatayo tayo ng sarili nating talyer, pramis ko 'yan. Mapapaaral natin si Mac sa magandang iskul. *(Hahalikan niya sa labi si Jazmin.)*

JAZMIN: O, ubusin mo na 'yan. Baka ma-late ka pa sa unang pasok mo.

10. INT. HEARTWORKS RESIDENCES. ANOTHER NIGHT.

Nakaupo si Ron sa reception desk. Nakapatong sa desk niya ang ilan sa kaniyang mga komiks. Patingin-tingin siya sa mga tenant na papasok at palabas ng condominium. Lalapit sa kaniya si REE MACATANGAY, 26, na may hubog na parang bote ng Coca-Cola.

REE: Hi, pogi! Bago ka dito no? Kailan ka pa?

RONILO: Opo, ma'am. Perst dey ko nga po ngayon e.

REE: Ah, ganun ba? O, dapat nating i-celebrate 'yan! Akyat ka sa kuwerto ko mamaya sa second floor. *(Kikindatan siya ni Ree.)*

Mistulang nahihiya si Ron pero mapapangiti siya.

- REE: Saan ka ba dati nagsesekyu, ha?
- RONILO: Ay, ma'am, perst taym ko nga lang po mag-sekyu. E nireper lang po ako ng kasama ko sa dati kong pinagtatrabahuan.
- REE: Ah. Okay. Saan ka ba dati?
- RONILO: Waiter po sa Savory, ma'am. 'Yung sa may Sampaloc. Dun po kasi malapit 'yung dati naming inuupahan ng misis ko. Tapos ilang restaurant din po pinasukan ko bago n'un.
- REE: O, okay. Alam mo, ngayon lang nagkaroon ng mga poging sekyu dito. Puro kasi mga swanget kinukuha nila, e. Nakakawala tuloy ng gana. Buti na lang nandiyan ka na. Sayang may asawa ka na. Pero kung magbago isip mo ha, nandito lang naman ako.
- RONILO: (*Mahihiya.*) Ma'am naman.
- REE: Okay, bye Ronilo! See you around.
- RONILO: Ron na lang po.
- REE: Bye, Ron! (*Nang paakyat na ng hagdan, biglang siyang may isasambit.*) Room 205! Antayin kita dun ha. (*Sabay kindat.*)

11. INT. HEARTWORKS RESIDENCES. RECEPTION AREA. SAME NIGHT.

Galing sa banyo si Ron, inaayos ang kaniyang polo at tinataas ang zipper ng pantalon. Makikita niya ang matabang babae na may kasamang lalakeng 'di masyadong kagwapuhan papalabas ng condominium. Mapapansin niya ang babaeng ito ay iyong nakita niya noong isang araw na may kahalikan. Ngunit ibang lalaki ang kasama nito—si RENE, 41, ang kaniyang asawa. Babalik siya sa reception desk at magbabasa siya ng kaniyang komiks. Captain Barbell ang binabasa niya.

Patay ang gabi. Wala masyadong pumapasok at lumalabas ng condo, maliban sa iilang mga tenant na lumalabas para bumili mula sa isang tindahan sa tabi ng condo. Wala rin masyadong naririnig na ingay mula sa labas.

**12. INT. HEARTWORKS RESIDENCES. FOURTH FLOOR.
ANOTHER NIGHT.**

Rumoronda si Ron sa iba't ibang palapag. May dala-dala siyang bumbilya.

Papanik siya sa ikaapat na palapag at ilawan ito ng flashlight. Papalitan niya ang napunding ilaw, ngunit nang ikinabit niya ito, hindi pa rin gumagana. May maririnig siyang babaeng magsasalita sa may 'di kalayuan. 'Di niya masyadong makikita ang babae, ngunit sa bahagyang ilaw na nanggagaling sa isang sulok, mapapansin niya ang kagandahan nito. Si MARIA LUISA TIMBAL, 27, ang babaeng nakita niya noong isang araw.

LUISA: 'Wag ka nang mag-abala. Nagloloko wiring niyan. Nabasa nung bagyo.

RONILO: Magandang gabi po, m'am. Papaalam ko na lang po kay Ser Richard.

LUISA: 'Yung kuripot na Intsik na 'yun? Baka ikaltas pa 'yun sa sweldo mo, 'wag na. Tatal, ako lang naman nakatira sa floor na 'to. Sanayan lang.

Papasok na si Luisa sa kaniyang kuwarto. Pagkabukas nito ng ilaw, may aninag na tatagos sa katabing kuwarto. Mapapansin ito ni Ron at sisilip siya sa butas.

Mapapanood niya si Luisa na naghuhubad at nagpapalit ng damit. Malilibugan si Ron. Hihimasin niya ang kaniyang ari. Matitigilan siya nang may marinig siyang kumakaluskos sa rooftop.

13. INT. HEARTWORKS RESIDENCES. ROOFTOP. SAME NIGHT.

Aakyat si Ron sa rooftop. Sisilip siya at may makikita siyang isang matandang babaeng—si MANANG LORING, 59—nakasuot ng belo na tila nagmamadaling kunin ang mga nakasampay habang inaamoy ang mga ito. Makikita niya si Ron at agad-agad na aalis. Sa kaniyang pagmamadali, mahuhulog niya ang isa sa mga sinampay. Pupulutin ito ni Ron at makikita niya ang isang puting brip.

14. INT. HEARTWORKS RESIDENCES. RECEPTION AREA. DIFFERENT NIGHT.

Mag-aalas dos ng umaga. Makikita ni Ron ang isang lalaking nakasuot ng itim na jacket na papasok sa loob ng condominium—si KONSEHAL ACE VIDAL, 41.

Magpapalitan silang dalawa ng mga ngiti. Pagkaakyat ni Konsehal Ace ng hagdan, malalaglag niya ang kaniyang pitaka. Makalipas ang ilang sandal, mapapansin ito ni Ron at susubukang ihabol sa konsehal.

15. INT. HEARTWORKS RESIDENCES. FOURTH FLOOR. SAME NIGHT.

Walang tao sa pasilyo ng ikaapat na palapag. Nasa loob na ng kuwarto ni Luisa ang konsehal. Pagmamasdan niya ang pitaka bago ito buksan. Makikita niya ang mga ID at pag-aaralan niya ang mga ito.

Mapapansin niya ang aninag na tumatagos sa kabilang kuwarto.

Magdadalawang-isip si Ron bago sumilip sa butas. Makikita niya ang dalawa na naghahalikan at unti-unting naghuhubad ng mga saplot. May kakaibang kaba siyang mararamdaman. Ibaba niya ang kaniyang pantalon at magjajakol.

**16. INT. HEARTWORKS RESIDENCES. RECEPTION AREA.
SAME NIGHT.**

Nasa reception desk si Ron nagbababasa ng komiks nang bumaba na ang konsehal. Lalapitan siya ng konsehal. Pagpapawisan siya nang husto sa takot na baka nabisto siya.

KONSEHAL ACE: Boss, may nakita ka bang pitaka? Nahulog ko ata kanina ‘pag akyat ko.

RONILO: Um, uh, eto po, ser. Ihahabol ko po sana kanina kaya lang ‘di ko na po kayo nakita. (*Iaabot ang pitaka.*)

KONSEHAL ACE: Okay lang ‘yun. Anong pangalan mo?

RONILO: Ronilo Maceda po.

KONSEHAL ACE: So, ikaw pala yung relyebo ni Randolph no? Nabanggit ka sa ‘kin ni Richard. Hmm, mukha ka namang mapagkakatiwalaan. Mapagkakatiwalaan nga ba kita, Ronilo?

RONILO: Ser, opo, ser. Wala po kayong magiging problema.

KONSEHAL ACE: Good. Good. Mukhang ‘di naman nagkamali si Richard sa pagpili sa ‘yo. Okay. I have to go.

17. INT. RONILO’S APARTMENT. DAY.

Bumangon si Ron sa kaniyang higaan upang maghanda papasok sa kaniyang klase. Magigising si Jazmin ngunit papabalikin ito ni Ron sa pagtulog. Lalapitan niya ang kaniyang mga anak at hahalikan ang mga ito sa noo.

18. INT. TESDA QUEZON CITY BRANCH. DAY.

Kakatapos lamang ng klase ni Ron. Kausap niya ang kaniyang guro na si MIKE DIAZ, 45.

MIKE: Ron, anong balak mo magkatapos nito?

RONILO: Ay, ser—

- MIKE: Mike na lang.
- RONILO: Mike, E, nasabi ko na rin naman po dati na balak kong magtayo ng sarili kong talyer sa may sa 'min sa Sampaloc. Kaya lang hindi ko alam kung saan ko kukunin 'yun puhunan. Magsisimula na rin mag-aral 'yung pangangay ko.
- MIKE: Sa katunayan, Ron, nagsisimula kami magtayo ng business ng mga kaibigan ko. Talyer. Tapos may kasama na ring carwash.
- RONILO: Ay, okay 'yun, ser. Mike. Magandang ideya 'yang carwash.
- MIKE: Okay, 'di ba? Naisip ko lang baka gusto mong sumali sa negosyo namin. Kulang kasi kami sa tao ngayon. I mean, ikaw kasi isa sa pinakamagaling kong students e. Sayang naman skills mo. Alam mo na, habang nag-iipon ka. Diyan lang sa may Cubao. 'Di ba dun ka nagtatrabaho?
- RONILO: Opo. Sa Heartworks Residences. Maraming salamat po. Pero kailangan ko pa muna pag-isipan. Papaalam ko pa muna kay misis.
- MIKE: Oh, no problem. Pag-isipan mo nang mabuti.

19. INT. HEARTWORKS CONDOMINIUM. RECEPTION AREA/ FOURTH FLOOR. DIFFERENT NIGHTS.

MONTAGE: Ilang beses makikita ni Ron ang konsehal na bumibisita sa condo. Sa mga pagkakataong ito, pinapanood ni Ron ang dalawa na magtalik habang nagja-jakol. Babalik uli siya sa desk tuwing matatapos siyang labasan.

20. INT. HEARTWORKS CONDOMINIUM. RECEPTION AREA. SAME NIGHT.

Nakaupo si Ron sa kaniyang reception desk nang biglang niyang makita si Ree kasama ang kaniyang lolang si ALING LICIA, 75, na may kahinaan sa pandinig.

Kasa-kasama rin nila ang kakambal ni Ree na si ALICE—isang matabang babae na overly confident sa kanyang sarili. Lalapitan ni Ree si Ron upang landiin ito.

REE: Hi, pogi! ‘Di ka sumipot n’ung isang gabi ha. Mamaya? (*Hahagikhik.*)

ALICE: (*Hahawiin si Ree.*) Hi, I’m Alice. (*Iaabot niya ang kaniyang kamay.*) Ngayon mo lang ata na-meet ang ‘di hamak na mas magandang kakambal.

RONILO: Kambal kayo?

ALICE: Oo. Hindi halata, no. Mas maganda kasi ako, ‘di ba? (*Tatawa nang malakas.*)

REE: Excuse me?

ALICE: Bakit, may problema ka? Tanungin mo pa kay lola, e. ‘Di ba, ‘la?

ALING LICIA: Ha? Ano ‘yun?

ALICE: O, sabi ko sa ‘yo e. At ikaw kuya guard, Ron, ‘di ba? Look no further. Because I’m already here. O, ‘di ba? (*Tatayo na tila contestant sa isang beauty contest.*) Saan ka pa? (*Tatawa nang malakas.*)

REE: Lakas mo, a. Napunta na ata pati taba mo sa ulo mo.

ALICE: Ano ‘yun?

ALING LICIA: Tara na, mga apo. Mahuhuli na tayo sa misa. Bilisan n’yo.

ALICE AND REE: (*Sabay*) Okay, ‘la. Nandiyan na po.

21. INT. HEARTWORKS RESIDENCES. RECEPTION AREA. ANOTHER NIGHT.

Nagbabantay si Ron sa kaniyang desk, nagbabasa ng komiks, nang bigla niyang makikita si Luisa papasok nang condo, lasing na lasing. Hindi ito masyadong makalakad sa kalasingan. Tutulungan siya ni Ron na makaakyat sa kaniyang kuwarto. Susubukan niyang buhatin si Luisa, ngunit sa kabigitan nito, mahihirapan siya. Bigla itong mapapahawak sa kaniyang dede. Mahihiya ito, ngunit hindi niya aalisin ang pagkakahawak. Makakarating sila sa kuwarto ng babae at ihihiga niya ito.

22. INT. HEARTWORKS RESIDENCES. RECEPTION AREA.
NEXT NIGHT.

Suot-suot na ni Ronilo ang kaniyang bagong uniform. Sa kaniyang uniform ay nakaburda ang kanyang buong pangalan: RONILO REY C. MACEDA. Makikita si Ron na nakabantay sa kaniyang puwesto. Sa isang gilid ay nakalapas ang komiks na kaniyang binabasa—Pupung. Mapapatingin siya kay Luisa na papunta sa kaniya.

LUISA: Good evening, kuya guard. (*Lalapit siya upang basahin ang nakaburda sa uniform ni Ron.*) Ronilo Rey C. Maceda.

RONILO: Magandang gabi po, ma'am. Ron na lang po.

LUISA: Uy, salamat sa pagtulong kagabi ah. 'Di ko na nga maalala kung paano ako nakauwi e.

RONILO: Walang anuman po, ma'am.

LUISA: O, hindi ka din ba magpapasalamat sa 'kin?

RONILO: Ho? Para saan po?

LUISA: Sa paghawak sa dede ko. Parang sarap na sarap ka sa paghawak, e.

RONILO: Ay, pasensya po, ma'am. 'Di ko po sinasadya.

LUISA: (*Hahalakhak.*) 'Wag kang mag-alala. Wala sa 'kin 'yun no. Sabi nga ng mga matatanda, share your blessings. Isipin mo na lang, 'yun na ang bayad ko. May tip pa.

RONILO: 'Di po mauulit. Pasensya po.

Ngingitian lamang siya ni Luisa at kikindatan. Dire-diresto siyang lalabas ng condo.

23. INT. HEARTWORKS RESIDENCES. RECEPTION AREA.
ANOTHER NIGHT.

Lalapitan ni Luisa si Ron sa kaniyang desk. Nakapambahay lamang ito, ngunit lawit ang hati ng kaniyang dibdib. Hindi mapipigilan ni Ron na alisin ang tingin niya mula rito.

LUISA: Nakalimutan ko pala magpakilala sa ‘yo. Luisa. Maria Luisa Timbal talaga pangalan ko. Ang baduy, no, ang haba-haba. Masyadong maka-Pilipino. Kaya Luisa na lang. Pero iniisip ko nga palitan ng Meryl, e. Meryl Streep. ‘Di ba sikat ‘yun? Palagi ko siyang nakikita sa mga magazine e.

(Hindi masyadong iimik si Ron, halatang hindi niya kilala ang tinutukoy nito.)

LUISA: Hindi mo kilala ‘yun? Ano ba naman ‘to. Ang baduy mo. Basta, sikat ‘yun. Maganda pa. Parang ako.

(Mapapangiti si Ron, pero yuyuko siya dahil sa hiya.)

LUISA: *Pupung?* *(Tinutukoy niya ang komiks na nakalapag sa mesa ni Ron.)* Paborito ko ‘yan.

RONILO: Paborito naming basahin ‘to ni Kuya Doms. Mahilig kasi kaming magbasa ng mga komiks. Wala kasi kaming TV sa probinsya namin sa Bolinao.

LUISA: Talaga? Siguro kyut din ‘yung kuya mo no, tulad mo?

RONILO: *(Mapapangiti)* Opo. Pero mas guwapo ‘yun sa ‘kin.

LUISA: Ano ba ‘to, masyadong mapagbigay. Mas guwapo ka dun. Siya kasama mo sa bahay?

RONILO: Ay, wala. Matagal na siyang patay. Nalunod siya sa may batis sa amin nung mga bata pa lang kami. Higit sampung taon na rin po nakaraan.

(Patlang.)

LUISA: Alam mo, dapat magpalitan tayo ng mga komiks. Marami akong kopya sa kuwarto ko. Papahiram ko sa ‘yo. Anong gusto mo? Meron akong *Darna*— paborito ko ‘yun—at saka mga unang kopya ng *Pupung*. Sige, dalhin ko sa susunod.

24. INT. HEARTWORKS RESIDENCES. RECEPTION AREA.
NEXT NIGHT.

Makikita si Luisa na nagmamadaling bumaba ng hagdan, may dala-dalang iba't ibang komiks. Lalapitan niya si Ron at ilalapag ang mga komiks. Mayroon siyang Darna, Panday, Kenkoy, Indio ni Francisco Coching, Pupung, at ilang mga Hiwaga Komiks na usong-usong noong panahon na iyon.

LUISA: O, ito, gabi-gabi ko 'tong binabasa bago matulog.

(Ipapakita niya ang mga kopya niya ng Kenkoy.)

RONILO: Mahilig ka pala talaga magbasa ng mga komiks, ma'am.

LUISA: E, kasi madalas ko basahan dati si Lester, 'yung anak ko, bago matulog. 'Di kasi 'yun nakakatulog kapag hindi siya binabasahan ng komiks. *Pupung* ang madalas namin basahin. Pati *Captain Barbell*. Ayun, paboritong-paborito niya.

RONILO: May anak po pala kayo, ma'am. Hindi ko po kasi nakikita na kasama n'yo.

LUISA: Hindi, wala na siya.

RONILO: Pasensya po.

LUISA: Hindi-hinde. Ibig kong sabihin, wala siya sa akin. Nandun siya sa tatay.

RONILO: Hindi n'yo po sila kasama?

LUISA: Hmm, pano ba 'to? Kasi, um, hiwalay na kami ni Nestor, 'yung tatay ni Lester. E ako 'tong si tanga, bisyo rito, bisyo roon. Inom gabi-gabi. Nalulong sa droga. Kaya ayun, hiniwalayan niya ko. Kinuha niya si Lester.

RONILO: Madalas po ba kayo magkita ng anak n'yo?

LUISA: Hindi na. Dalawang taon ko na siyang 'di nakikita.

RONILO: Bakit ayaw n'yo po siyang dalawin? Malamang, 'di 'yun nakakatulog dahil 'di n'yo siya binabasahan ng komiks.

LUISA: *(Matitigilan.)* Dami mo rin tanong, no? Sekyu ka ba talaga? Para kang detective e. *(Hahagikhik.)* Ewan ko ba. Siguro dala na rin ng takot.

- RONILO: Magkikita rin po kayong dalawa ni Lester, sigurado ako.
- LUISA: Oo. Magkikita kami uli ni Lester. Naghihintay lang ako nang tamang pagkakataon. Basta, sinisigurado ko, bibigyan ko siya ng maganda buhay. Bagong bahay. Lahat ng laruang gusto niya.
- RONILO: At lahat ng komiks.
- LUISA: Oo. Pati komiks.

25. INT. HEARTWORKS RESIDENCES. RECEPTION AREA. ANOTHER NIGHT.

Nakatambay si Luisa sa reception desk ni Ron habang nagbabasa ng komiks. Ganoon din si Ron. Biglang makikita nila si Manang Lora na papalabas ng condo. Mapapansin agad ni Ron na ito 'yung babaeng nakita niya sa rooftop noong isang gabi.

- RONILO: Siya 'yung nakita ko nung isang araw sa rooftop. Kumukuha ng mga sinampay tapos may mga kasamang brip.
- LUISA: Tangina. Kaya pala nagsisiwalaan 'yung mga brip ng mga lalaking tenants dito. 'Yung lukaret pala na 'yan ang may sala. *(Tatawa nang malakas.)*
- RONILO: Sino ba siya? Baka sa asawa niya 'yun?
- LUISA: Tanga. Walang asawa 'yang si Manang Loring. Matandang dalaga 'yan. Tignan mo nga naman o. Akmang sarado Katoliko pero may tinatago rin palang baho ito.
- RONILO: Ha?
- LUISA: 'Pag pumunta ka sa kuwarto niyan, punung-puno nang mga rebulto ng mga santo at ni Jesus Christ. Mayroon pa nga 'yang glow-in-the-dark na Mama Mary e. Galing daw Spain. E nakita ko nga 'yun sa Quiapo, e. Ganung ganun!
- RONILO: Baka naman galing talagang España. España, Manila.

(Tatawa sila pareho.)

**26. INT. HEARTWORKS RESIDENCES. RECEPTION AREA.
ANOTHER NIGHT.**

Nakagiliwan na ng dalawa na tumambay sa may reception desk at magbasa ng mga komiks. Isang bagay na nakahiligan nilang gawin ay ikumpara ang mga karakter na binabasa nila sa mga tenants ng condo.

**26 A. INT. HEARTWORKS RESIDENCES. RECEPTION AREA.
NIGHT**

May hawak si Ron ng kopya ng Kenkoy. Kinukumpara nila si Kenkoy kay Rene, ang asawa ni Issa, dahil tila wala ito palagi sa sarili. Habang si Issa, dating bold star na nalaos dahil sa katabaan, ay ihinahalintulad sa karakter na si Dabiana mula sa Hiwaga Komiks.

RONILO: ‘Yung asawa ni Ms. Issa, si Mang Rene, parang si Kenkoy, no? Palagay mo?

LUISA: Kung tutuusin. Oo nga. Pareho silang wala sa tamang hulog.

RONILO: At saka, tignan mo naman ‘yung itsura nilang dalawa. Parang may mali e.

LUISA: ‘Yan naman si Issa Fernandez, dati ‘yang bomba star nung 80s. Sikat na sikat ‘yan. Kung sinu-sino na nakasama niyan sa pelikula. Pepsi Paloma. Maria Isabel Lopez. Mark Joseph. Sarsi Emanuelle. Tapos bigla na lang siyang lumobo nang ganiyan. Naging Dabiana. Ayun, nawalan tuloy ng career.

RONILO: ‘Yung karakter sa *Hiwaga Komiks*? Oo nga no. ‘Di ko lubos maisip na ganun pala ka seksi si Ms. Issa. Kaya naman pala patay na patay din sa ka niya si Mang Canoy no.

LUISA: Shh... ‘Wag ka maingay. Wala masyadong nakakaalam nun.

**26.B. INT. HEARTWORKS RESIDENCES. RECEPTION AREA.
NIGHT.**

Ikukumpara naman nila si Mang Canoy, isang biyudo na may apat na anak kay Dagul mula sa Pugad Baboy, ang patriarch.

RONILO: Pambihira rin ‘tong si Mang Canoy, no? Naitaguyod n’ya ang kaniyang mga anak ng mag-isa.

LUISA: Alam mo, guwapo sana ‘tong si Canoy pero manas e. Kamukha tuloy niya si Dagul, hindi ba?

RONILO: E, sabagay, pareho naman silang patriyarko ng pamilya.

**26.C. INT. HEARTWORKS RESIDENCES. RECEPTION AREA.
NIGHT.**

Nagbabasa ng Kambal sa Uma sina Ron at Luisa, na kanilang ihinalintulad sa away at bating relasyon ng magkapatid na si Ree at Alice.

RONILO: Alam mo naaalala ko sa magkapatid na iyan ‘yung Kambal sa Uma?

LUISA: Palibhasa, no, pareho silang mukhang daga.

RONILO: Grabe ka naman po, ma’am. Pero sino kaya ‘yung taong-daga sa kanilang dalawa? (*Magtitinginan ang dalawa at magtatawanan.*)

**26.D. INT. HEARTWORKS RESIDENCES. RECEPTION AREA.
NIGHT.**

Ang matandang dalagang si Manang Loring, isang sarado Katoliko, ay ihahalintulad nila sa isang karakter na nabasa nila sa isang Hiwaga Komiks: matandang babaeng nagpapalit ng anyo kapag sapit ng kabilugan ng buwan.

**26.E. INT. HEARTWORKS RESIDENCES. RECEPTION AREA.
NIGHT.**

Ang karakter naman na Aling Kikay mula sa Pokwang, isang tipikal na inang bungangera, ay maikukumpara kay IMELDA CONCEPCION, isang aligangang nanay na may limang makukulit na anak.

**26.F. INT. HEARTWORKS RESIDENCES. RECEPTION AREA.
NIGHT.**

Tahimik na nagbabasa ng komiks ang dalawa. Si Ron ay nagbabasa ng kanyang paboritong komiks na Captain Barbell, habang si Luisa naman ay nagbabasa ng comic book version ng “Florante at Laura,” repleksyon marahil ng kanilang mga pagkatao.

**27. INT. HEARTWORKS RESIDENCES. RECEPTION AREA.
ANOTHER NIGHT.**

Makikitang nagkakamabutihan sina Ron at Luisa. Unti-unti na ring nahuhulog ang loob ni Ron ngunit babalewalain lamang niya ito dahil alam niyang wala naman siyang laban sa konsehal, at ayaw din niyang pumagitna sa relasyon ng dalawa. Makikita nina Ree at Alice ang dalawa na malapit sa isa’t isa. Sisimangutan ni Ree si Ron, at gagayahin ito ni Alice. Ngunit hindi sila mapapansin ni Ron.

Sa unang pagkakataon, magkukwento si Luisa ukol sa relasyon nila ni Konsehal Ace.

LUISA: Ron, sa ‘yo ko lang ‘to sasabihin ha. Well, alam ko namang usap-usapan na rin naman ‘to sa buong building. Kilala mo naman si Ace no? Si Konsehal Ace? Madalas siyang dumadalaw dito.

RONILO: Opo. Nakikita ko siya paminsan-minsan kapag nagbabantay ako. Madami rin kasi pumapasok, ‘di ko rin napapansin ‘yung iba. Kung hindi mo mamasamain, pero paano po ba kayo

nagkakilala ni Konsehal Ace?

LUISA: Nagtatrabaho kasi ako noon diyang sa Ali Mall noon bilang dispatsadora. Madalas bumisita noon si Ace. Tumatakbo pa lang siya bilang konsehal noon. Doon siya bumibili ng mga sapatos at nagpapasukat ng Amerikana. E nagkakataon na ako 'yung naatasan na asikasuhin siya. Tapos isang araw inaya niya ko lumabas. E ako naman 'tong oo lang nang oo. Iniisip na wala naman masama. So, sabi ko, sige. So 'yan.

RONILO: Patay na patay siguro sa 'yo si konsehal no. Siguro maraming lalaking naghahabol sa 'yo. Maswerte rin 'yung tatay ng anak mo.

LUISA: Bolero ka talaga. 'Di na ko nahuhulog sa mga ganiyan, excuse me. Anyway, alam mo naman tumatakbo si Ace bilang vice mayor ng Quezon City, no? Sabi niya sa akin na kapag nanalo siya e bibilhan daw niya ko ng sariling bahay. Makakaalis na rin ako sa impiyernong 'to. Tignan mo pangalan pa lang ang baduy-baduy: Heartworks Residences. Ano 'to, motel? Wala lang akong malipatan kasi si Ace nagbabayad ng renta ko. At kaibigan niya si Richard.

RONILO: (*Magpapanting ang tainga.*) Hindi naman ganon kasama dito. Puwera na lang sa mga 'di gumaganang ilaw, maayos naman dito. 'Pag labas mo lang, nandiyan na lahat ng hahanapin mo. At malamang mami-miss ka ng mga ibang tenants dito. Lalo na si Ree at Alice. Wala na silang kakumtensiya sa 'kin.

LUISA: (*Matatawa.*) Wow. Lakas mo, a. Pero sa totoo lang matagal din ako nagtiis dito. Anim na buwan na akong naninirahan dito. Malayo sa piling ng aking anak. Kaya, alam mo, kapag nakalipat na ako sa bagong bahay namin, kukunin ko talaga si Lester.

28. INT. HEARTWORKS RESIDENCES. IKAAPAT NA PALAPAG. ANOTHER NIGHT

Rumoronda si Ron sa bawat palapag nang mapatigil siya sa palapag kung na saan ang unit ni Luisa. Wala si Luisa noong gabing iyon dahil lumabas ito

upang gumimik. Habang rumoronda ito, may makikita siyang pigura na mistulang si Luisa kapag nakatalikod. Naglalakad nang palayo sa kaniya habang unti-unting hinuhubad ang bawat saplot. Pagdating sa dulo, humarap ito sa kaniya, hubo't hubad. Pagpapawisan si Ron. Sa isang saglit, biglang mawawala ang imahe.

29. INT. RONILO'S APARTMENT.

Day off ni Ronilo. Nagsisiping sina Jazmin at Ronilo sa loob ng kanila kuwarto. Na sa may sala ang kanilang dalawang anak, naglalaro. Habang tinitira niya ang kaniyang asawa sa likod, nakita niya na nagbago ang anyo nito at naging si Luisa. Lalong malilibugan si Ron at mapapasarap sa pagkantot. Mapapaaray sa sakit si Jazmin.

30. INT. HEARTWORKS RESIDENCES. RECEPTION AREA. ANOTHER NIGHT.

Makikita ni Ron sa kalendaryo na Huwebes ngayong araw. Pagdating ng alas dos, makikita niyang papasok ang konsehal sa condominium. Magpapalitan ng ngiti ang dalawa.

31. INT. HEARTWORKS RESIDENCES. FOURTH FLOOR. SAME NIGHT.

Sisilip si Ron sa butas ng kuwarto ni Luisa. Ibaba niya ang kaniyang pantalon at brip. Pagja-jakulan niya ang palabas.

32. INT. HEARTWORKS RESIDENCES. RECEPTION AREA. SAME NIGHT.

Nagbabantay si Ron sa kaniyang desk at nagbabasa ng komiks na galing kay Meryl. Matapos ang ilang sandali, makikita ni Ron na palabas ng condominium si konsehal. Magpapalitan uli sila ng mga ngiti. Maiiwan ang bakas ng ngiti sa mukha ni Ron habang patuloy siya sa pagbabasa ng komiks.

**33. INT. HEARTWORKS RESIDENCES. RECEPTION AREA.
ANOTHER NIGHT.**

Lalapitan ni Ree si Ron sa kaniyang desk.

REE: Uy, pogi, pahiram naman ako ng susi sa kuwarto namin.
Nawala ko kasi, e.

RONILO: Ma'am, pang-apat na beses n'yo na pong nawawala 'yung susi
n'yo ah.

REE: I know. I know. You know naman me. Lahat ng bagay nawawala
ko. Pati lahat ng mga iniibig ko. (*Hahagikhik.*)

RONILO: Wala po bang duplicate si Ma'am Alice?

REE: Hay, ewan ko sa matabang 'yon. 'Di kami bati. At saka wala siya
nagyon. May pinuntahan somewhere. Care ko.

Iaabot ni Ronilo ang susi kay Ree.

REE: Salamat, pogi! Soli ko na lang mamaya. (*Sabay kindat.*)

34. INT. HEARTWORKS RESIDENCES. RECEPTION AREA. NIGHT.

*MONTAGE: Ilang araw ang dadaan at makikita na matagal nang hindi nag-
papakita si Luisa kay Ron, na kaniyang ipinagtaka.*

35. INT. TESDA QUEZON CITY BRANCH. DAY.

*Mataimtim na nakikinig si Ron sa kaniyang guro. Sinusulat niya sa kaniyang
composition notebook ang mga lesson sa klase. Papakita na nagkukumpuni siya
ng mga sirang parte ng kotse.*

36. EXT. TESDA QUEZON CITY BRANCH. DAY.

Naghihintay si Ron sa may sakayan ng dyip para makauwi.

37. EXT. RONILO'S APARTMENT. DAY.

Makikitang naglalakad si Ron sa labas ng kanilang bahay. Makakasalubong niya ang anak na si Mac na nakikipaglaro sa kanilang mga kapit-bahay. Lalapit si Mac upang magmano sa ama ngunit babalik din ito sa paglalaro.

RON: Uy, amoy araw ka na naman. Baho mo na. Maligo ka pagkatapos mo diyan a.

MAC: E, naligo naman po ako kahapon.

RON: Mama mo?

MAC: Sa loob. *(Sa mga kalaro.)* Uy, ikaw na 'yung taya! Ako na naman palagi 'yung taya e.

38. INT. RONILO'S APARTMENT. DAY.

Nagluluto ng merienda si Jazmin. Lalapit si Ron kay Jazmin at hahalikan ito sa leeg, paanyaya sa pakikipagtalik.

JAZMIN: 'Wag, Pa. Kakalaba ko lang. At mayroon ako ngayon. Kumain ka na ba?

RONILO: Mamaya na. 'Di pa ko gutom. Bumili ako ng pisbol kanina bago umuwi. Gamit ka ba ng banyo? Maliligo muna ko.

39. INT. RONILO'S APARTMENT. DAY.

Manggagaling mula sa banyo si Ron habang nakatapis lamang. Haharap siya sa salamin sa kuwarta at pag-aaralan ang kaniyang mukha. Bakas sa kaniyang mga mata ang lungkot dala ng hindi pagpapakita ni Luisa sa kanya.

40. INT. HEARTWORKS RESIDENCES. RECEPTION AREA. NIGHT.

Nag-uusap si Ron at si Mang Canoy sa may reception desk.

MANG CANOY: Nung isang araw ko pa ‘tong nirereklamo hanggang ngayon wala pa kayong ginagawa. Ano ba namang klaseng condominium ‘to? Tuwing madaling araw nawawalan kami ng tubig. Mayroon akong apat na anak. Paano sila maliligo bago pumasok ng school? Siyempre, kailangan ko rin maligo bago pumasok.

RONILO: Pasensya no po kayo, Mang Canoy—

MANG CANOY: Pasensya, pasensya. Hindi kami mapapaligo ng mga pasensya mo ha.

RONILO: Kung gusto n’yo po, gamitin n’yo po muna ‘yung CR para sa mga personnel habang wala po kayong tubig. Pero naiakyat na rin naman po ‘yung reklamo n’yo kay Ser Richard.

MANG CANOY: Siguraduhin n’yo lang na mababalik n’yo agad ‘yung tubig namin, a. Maraming tenants na rin ang nagrereklamo.

Sa isang banda, makikita niya si Lusa na papasok ng condo, nakasuot ng shades. Dire-diretso lang ito paakyat ng hagdan.

41. INT. HEARTWORKS RESIDENCES. RECEPTION AREA. SAME NIGHT.

Maingay ang gabi. Ilang mga tenant ang palabas-masok sa condominium. Ang mga bisita naman ay makikitang nagsusulat ng pangalan nila sa logbook. Maraming nag-iingay sa tanggapan ng condominium.

42. INT. HEARTWORKS RESIDENCES. RECEPTION AREA. SAME NIGHT.

Makikitang papalapit si Luisa kay Ron, na siya namang nagbabasa ng komiks bilang pamatay ng oras. Lalapitan siya ni Luisa.

LUISA: Pinuntahan ko siya. Ngunit ‘di ko kaya. ‘Di ko siya kayang

lapitan, Ron.

(Patlang.)

LUISA: Bakit hindi ko magawang lapitan ‘yung anak ko? Wala man lang akong lakas ng loob na lumapit sa bahay nina Nestor. Kaya tumira muna ako sa bahay ng kaibigan ko panandalian. Araw-araw dumadaan ako sa bahay nila. Hinihintay ko na magkaroon ako ng lakas ng loob na kumatok. Sumilip sa may gate. Pero hindi ako makalapit. Hindi ko magawa.

Susubukang hawakan ni Ron ang kamay ni Luisa ngunit pipigilan niya ang sarili. Hindi niya alam ang gagawin. Hahayaan lamang niyang umiyak ang kaibigan.

43. INT. HEARTWORKS RESIDENCES. RECEPTION AREA. ANOTHER NIGHT.

Balik uli sa dating gawi ang dalawa. Nagbabasa silang dalawa ng komiks.

RONILO: *(Hawak-hawak ang kopya ng Captain Barbell.)* Ito, paborito namin basahin ni Kuya Doms. Nagtatalo nga kami palagi kung sino sa ‘min si Captain Barbell e. Si Captain Barbell kasi, kahit laki siya sa hirap, may kapangyarihan siya. Kaya niyang patumbahin ‘yung mga kalaban niya.

(Patlang.)

RONILO: Kung ganoon lang sa totoong buhay, no? Lahat kaya mong gawin. Kaya mong ipagtanggol sarili mo sa mga kalaban. Kung totoo lang si Captain Barbell.

LUISA: Ganiyan talaga ang buhay. Hanggang komiks lang siya.

RONILO: Siguro, kaya nahiligan din namin ang pagbabasa ni kuya ng mga komiks. Dahil wala naman kaming masyadong pera noon.

Tapos mga komiks namin hinihiram namin sa mga kaibigan namin. Nakalimutan na nga namin isoli ‘yung iba e. Dito lang kami nagkakaroon ng pagkakataon na tumakas at bumuo ng sarili naming mundo. Ang gagawin pa naming ni kuya noon e nagsasalit-salitan kami sa pagbabasa ng mga linya ng mga karakter sa komiks. Syempre siya palagi ‘yung bida. Ako ‘yung kontrabida. O kaya ‘yung mga babae.

LUISA: Kaya pala tili mo parang babae.

RONILO: Huh? ‘Di kaya. (*Matatawa.*)

(*Patlang.*)

RONILO: Kaya naman nung mamatay si kuya, ehem, ang dami ring nagbago sa bahay. Tinamaan ng matinding lungkot ang nanay. Ang negosyo niya na pagsasastre napabayaang niya. Alam mo dahil sa pagsasastre ng nanay e napag-aral niya kaming dalawa ni Kuya Doms hanggang hayskul. Ang tatay naman kasi sa palengke lang nagtatrabaho, nagbubuhay ng mga balde-baldeng isda. ‘Yung kinikita pa niya pinangsusugal niya. Kaya ayun, ako na rin ang tumayong breadwinner ng bahay.

(*Patlang.*)

RONILO: ‘Di kasi dapat kami tumuloy d’un e. Pinagbawalan na nga kami ng nanay na ‘wag pumunta sa batis dahil marami nang nalunod d’un. Pero sige pa rin kami. Masarap kasi lumangoy e. Wala naman masyadong magawa sa probinsya namin. Puro tubig.

(*Patlang.*)

LUISA: Ron, nalibot mo na ba ang Cubao ‘pag gabi? Gusto mo lumabas tayo ngayon?

RONILO: Paano si Ser Richard—

LUISA: Ako bahala sa Intsik na ‘yun. Nakalimutan mo na ba, malakas kapit ko dito. Tatal, wala naman masyadong tao pumapasok nang condo kapag gabi.

RONILO: Sige. Pero ‘di tayo puwede magtagal ha.

44. EXT. AURORA BOULEVARD. SAME NIGHT.

Makikitang naglilibot ang dalawa sa kahabaan ng Aurora Boulevard sa Cubao. Kumakain sila ng barbecue sa isang tabi, habang si Luisa naman ay naninigarilyo.

LUISA: Mahilig ka ba sa bold?

RONILO: (*Masasamid sa kinakain.*) Um, hindi naman gaano. Isa— Dalawa pa lang napapanood ko. Bakit?

LUISA: ‘Yun lang? Puwes ito kailangan mo mapanood. Showing pa kaya ‘yun?

RONILO: ‘Yung alin?

LUISA: Tara-tara.

45. EXT. SINEHAN. SAME NIGHT.

Nasa labas ng sinehan ang dalawa. Tinitignan nila ang poster na nakapaskil sa labas. Pinag-aaralan nila ang isang poster ng pelikulang pinamagatang: INDAY, TUMUWAD KA.

RONILO: Introducing... Issa Fernandez? Hindi ba si Ms. Issa ‘yan, ‘yung tenant? Wow! Parang Coca-Cola. Tignan mo naman.

LUISA: O, ‘wag ka muna tigasan. Hindi pa nga nagsisimula.

Lalapit sila sa kahera.

LUISA: Miss, dalawang ticket dun sa “Inday, Tumawad Ka.”

Magtitinginan ang dalawa at mapapangiti.

46. INT. SINEHAN. SAME NIGHT.

Kaunti lamang ang tao sa loob ng sinehan. Pinapanood nila ang sex scene sa pelikula. Makikita nila na ang nakikipagtalik ay si Issa Fernandez noong bata-bata pa siya.

RONILO: Grabe, ang seksi pala ni Ms. Issa noon no. Ang laki ng dede niya. Ano kaya nangyari sa kaniya?

LUISA: Siguro kinain niya yung ka-partner niya.

Magtatawanan ang dalawa. Sisitahin sila ng isa sa mga nanonood.

47. INT. HEARTWORKS RESIDENCES. SAME NIGHT.

Pagbalik ng dalawa sa condominium, makikita nilang walang tao sa tanggapan. Tahimik na ang gabi, mistulang tinanggalan ng buhay. Walang nakapan-sin sa kanila na nawala sila. Babalik si Ron sa kaniyang desk at lalapitan siya ni Luisa.

RONILO: Maraming salamat, ha. Tagal-tagal ko na sa Maynila, 'di ko pa nalilibot 'yung Cubao 'pag gabi.

LUISA: Wala 'yun, ano ka ba? Sana nakatulong makita 'yung boobs ni Issa sa 'yo.

Magpapalitan ng ngiti ang dalawa. Lalapit si Luisa upang halikan si Ron sa pisngi. Matapos ay akyat na ito pabalik sa kaniyang unit. Maiiwan ang ngiti sa mga labi ni Ron.

48. INT. TESDA QUEZON CITY BRANCH. DAY.

Kakatapos lamang ng klase ni Ron. Inaayos niya ang kaniyang gamit. Habang

palabas siya, maririnig niya ang ingay ng mga nangangampanya sa labas.

49. EXT. TESDA QUEZON CITY BRANCH. DAY.

Maraming mga nakikiusyoso ang nakatipon sa labas ng TESDA. Dadaan ang ilang mga sasakyan na may nakasabit na tarpaulin na nagsasabing iboto muli sa pagka-alkalde si Benjamin Torres, at iboto naman sa pagka-bise-alkalde si Acero “Ace” Vidal. Dadaan ang isang pick-up na lulan ang dalawang kandidato. Kasama ni Konsehal Ace ang kaniyang asawang si DAWN VIDAL, 37.

ANNOUNCER: Ngayong darating na halalan, maging matalino sa pagboto. Piliin muli si Benjamin Torres bilang alkalde ng Quezon City, at si Acero “Ace” Vidal bilang bise-alkalde. Tandaan n’yo, Torres sa pagka-alkade. Vidal sa pagka bise-alkalde!

Pinapanood ni Ron matapos ang motorcade. May naririnig siyang nag-uusap na dalawang tambay sa tabi.

TAMBAY 1: ‘Yang si Vidal, ‘yung tatay niyan dating gobernador sa probinsya nila sa Batangas. Tapos, bago siya, ‘yung tatay naman niya.

TAMBAY 2: E ‘di ba, pati ‘yung anak niyan—‘yung kapatid nitong si Konsehal Ace—e sumusunod sa yapak ng tatay. E mukhang malaki daw ‘yung tsansang manalo, e. Bumibili kasi ng mga boto.

TAMBAY 1: Tingnan mo nga naman o. Basta may pera ka, kaya mo gawin lahat. Tapos kapag nanalo, babawiin nila ginastos nila. Tanginang ‘yan!

TAMBAY 2: Mukhang malakas din ‘tong si Vidal sa Quezon City, e. Guwapo, e.

Lalapit si Ronilo sa babaeng nagtitinda ng kendi at yosi.

RONILO: Ale, isang kendi.

Pupunta siya ng terminal para sumakay ng dyip pauwi sa kanila.

50. INT. HEARTWORKS RESIDENCES. RECEPTION AREA. NIGHT.

May ilang tenants ang nakatipon sa desk ni Ron at dinudulog ang kanilang mga reklamo ukol sa condominium. Nandoon sina Mang Canoy, Issa, Rene, Imelda, Ree, Alice, Aling Licia, at Manang Loring.

MANG CANOY: Tingnan n'yo, hindi lang ako nagreklamo. Pati 'yung ibang tenants napeperhuwisyo.

ISSA FERNANDEZ: Ano ba naman ho 'yan? Nagbabayad naman kami nang tama dito. Bakit simpleng pag-ayos lang ng tubig, e hindi n'yo magawa? Nanlilimahid na kami dito. Ang init-init pa sa lecheng condominium na 'to!

RENE: Hon, hon. Maghunos-dili ka. Nakakahiya.

ISSA FERNANDEZ: Maghunos-dili? Paano ko maghuhunos-dili dito e tignan mo nga kilikili ko, basang-basa na. Ang asim-asim na.

MANANG LORING: Hijo, pati 'yung ilaw sa pasilyo namin napundi agad. E nahihirapan na nga kong makakita dahil malabo na 'yung mata ko. Paano na lamang si Aling Licia. Uugod-uгод na. 'Di ba po, Aling Licia?

ALING LICIA: Ha, ano 'yun? 'Di kita marinig.

MANANG LORING: Sabi ko po, 'di ba, uugod-uгод na kayo!

ALING LICIA: Ha? Sino 'yung mukhang uod?

REE: Ron, unahin mo kami a. But, you know, take your time.

ALICE: Take your time, take your time ka d'yan. (*Kay Ron.*) Um, Ron, you know, hihi, um, kasi, alam mo naman kasi...

REE: (*Kay Alice.*) May nakain ka ba? Gusto mo hilahin ko dila mo?

MANG CANOY: Ang amin lang naman, sana pakinggan lang kami ng management. Alam ko, matagal nang hindi pumupunta 'yung maintenance dito, pero sana naman bigyan kami ng importansya. Karapatan namin 'to.

RONILO: Sabi po ni Ser Richard nasira raw po 'yung tubo. Kinalawang na raw po. Pero pinapalitan na raw. D'un po sa ilaw, sige po.

Papalitan ko rin po ngayon. Pasensya na po talaga.

51. INT. HEARTWORKS RESIDENCES. RECEPTION AREA. SAME NIGHT.

Matapos humupa ang mga tao at nagsibalikan na sa kani-kanilang unit, darating si Luisa na nakangisi.

LUISA: Wow! In demand ka, ha. Guwapo mo kasi, e. Ser, pa-autograph naman po diyan o.

Mapapangiti si Ron.

LUISA: At saka nga pala, bago ko makalimutan. Eto o, 'yung mga hiniram kong komiks sa 'yo. (*Iaabot ang komiks kay Ron.*)

RONILO: Uy, sorry, hindi ko pa kasi natatapos 'yung mga pinahiram mo sa 'kin. Pero kung kailangan mo na, isosoli ko na sa 'yo.

LUISA: Parang hindi kita kaibigan. At 'wag ka nga mahiya-hiya diyan. Okay lang. Ilang beses ko na rin nabasa 'yan.

RONILO: Ito, binabasa ko pa si *Darna*. Nakakasabik nga e. Dito na ko sa parte kung saan muntikan na siyang mapatumba ni Valentina.

LUISA: (*Titingnan ang pahina ng komiks na binabasa ni Ron.*) Ah, oo. 'Yan 'yung paborito kong parte. Abangan mo 'yung susunod na mangyayari.

(Patlang.)

LUISA: Nga pala, may sasabihin ako tungkol sa amin ni Ace. Sabi niya sa 'kin nung isang araw na 'pag nanalo siya ng pagiging vice mayor, e hihiwalayan daw niya asawa niya. 'Di lang siya makakuha ng tamang pagkakataon. Pero ngayon desidido na siya.

RONILO: (*Susubukang magsalita, ngunit matitisd.*) Paano 'yung misis ni konsehal?

LUISA: Matagal na rin niyang binabalak na iwanan ‘yung asawa niya. E, sabi niya sa ‘kin, mayroon naman daw kinikitang ibang lalaki ‘yung asawa niya. So, mayroon siyang rasong hiwalayan ‘to. Hay naku, Ron, kung magkasama na kami ni Ace sa iisang bubong, ‘di ko na kailangan magtago. At makakasama ko na rin si Lester.

(*Patlang.*)

RONILO: (*May pag-aalinlangan sa mukha ni Ronilo. Pipilitin niyang ngumiti.*) ‘Yan naman ‘yung matagal mo nang gusto, ‘di ba?

52. INT. RONILO’S APARTMENT. DAY.

Darating si Ron sa kanilang apartment nang mag-aalos otso y medya ng umaga. Makikita niyang tulog pa ang kaniyang misis at mga anak. Maghihilamos siya ng kaniyang mukha at hihiga sa kama upang matulog. Yayapusin niya ang kaniyang asawa at hahalikan ito sa leeg at braso. Magigising si Jazmin at maghahalikan ang dalawa.

53. INT. RONILO’S APARTMENT. DAY.

Mag-aalas dos na ng hapon. Naghahanda ng tanghalian si Jazmin para kay Ron. Hindi pa ito nakahanda para sa kaniyang pagpasok sa klase.

JAZMIN: Pa, male-late ka na, a. Hindi ka ba papasok sa klase mo?

RONILO: Parang wala akong gana, Ma. Sama nang pakiramdam ko.

JAZMIN: Patingin nga kung may lagnat ka. Parang okay ka naman kanina, a. Parang gusto mo pa nga makipag-sex e. (*Papakiramdamang ang noo ni Ron.*) Hindi ka naman mainit. Sigurado kang may sakit ka?

RONILO: Parang ayaw ko lang pumasok.

JAZMIN: Sayang naman yung mami-miss mong mga klase. Malapit ka na rin matapos.

RONILO: Wala lang akong gana ngayon.

JAZMIN: Sige, bahala ka.

54. INT. TESDA QUEZON CITY BRANCH. DAY.

Nakikinig si Ron sa kaniyang instructor na nagtuturo kung paano magkumpuni ng sirang aircon ng sasakyan. Lipad ang isip ni Ron.

55. EXT. TESDA QUEZON CITY BRANCH. DAY.

Nag-aabang ng dyip sa sakayan si Ron. Sa waiting shed makikitang nakapaskil ang poster ni Konsehal Ace. Titignan ito nang bahagya ni Ron. Pagdating ng dyip, sasakay agad siya.

56. INT. HEARTWORKS RESIDENCES. RECEPTION AREA. NIGHT.

Makikita ni Ron sa kaniyang kalendaryo na ang araw ngayon ay Martes. Pagpatak ng alas dos, makikita niya ang konsehal na papasok ng condo. Nakasuot ito ng itim na jacket. Tulad ng nakasanayan, magpapalitan sila ng mga ngiti.

**57. INT. HEARTWORKS RESIDENCES. FOURTH FLOOR.
SAME NIGHT.**

Maingat na papasok si Ron sa bakanteng kuwarto katabi ng inuupuhan ni Luisa. Ibaba agad niya ang kaniyang pantalon at brip, at agad-agad na sisilip sa butas. Makikita niya na ang dalawa ay nagtataasan ng boses. Hindi masyadong maintindihan ni Ron ang mga nangyayari. Biglang makikita ni Ron na itinulak ng konsehal si Luisa sa sahig. Mabibigla si Ron at dali-daling itataas ang pantalon at babalik sa kaniyang desk.

58. INT. HEARTWORKS RESIDENCES. RECEPTION AREA. NIGHT.

Nagbabasa ng komiks si Ron ng mapansin niyang palabas na ang konsehal. Tagatak ang pawis nito. Halos wala pang isang oras nang bumaba ang konsehal at dire-diretso itong lumabas ng condo.

59. INT. HEARTWORKS RESIDENCES. RECEPTION AREA. NIGHT.

MONTAGE: Ilang araw ang lilipas na hindi nagpapakita si Luisa kay Ron. Babalik sa normal ang mga araw ni Ron. Papakita ang mga iba't ibang mga mukha palabas-masok sa condominium.

60. INT. HEARTWORKS RESIDENCES. NIGHT.

Habang rumoronda si Ron, papakita ang mga nangyayari sa loob ng mga kuwarto.

SHOOTING DOWN: Si Issa at Mang Canoy naglalaplapan sa unit ng nahuli, habang sa kabilang kuwarto ay natutulog ang mga bata; si Rene, asawa ni Issa, mahimbing na natutulog at humihilik; si Manang Loring ay inaamoy-amoy ang mga brip na kaniyang pinuslit habang pinapalibutan siya ng mga rebulto; ang magkapatid na sina Ree at Alice ay nagtutulungan sa pag-ayos na kanilang buhok, habang sa isang gilid ay natutulog sa rocking chair si Aling Licia; at si Imelda na nagpapatulog ng kanyang makukulit na anak.

**61. INT. HEARTWORKS RESIDENCES. FOURTH FLOOR.
SAME NIGHT.**

Nababalot sa kadiliman ang buong palapag, maliban sa bahagyang ilaw sa may bandang dulo. Kakatukin ni Ron ang kuwarto ni Luisa. Wala siyang maririnig na sagot. Kakatok uli siya nang ilang beses at tatawagin ang pangalan ni Luisa pero wala pa ring makukuhang sagot. Sisilip siya sa butas sa kabilang kuwarto, ngunit wala siyang makikitang kakaiba sa matatanaw niya. Hindi niya makikita si Luisa. Magtataka siya.

**62. INT. HEARTWORKS RESIDENCES. RECEPTION AREA.
ANOTHER NIGHT.**

Nagbabantay si Ron sa reception area nang tawagin ang atensyon niya ni Manang Loring.

MANANG LORING: Hijo, pwede mo bang silipin ‘yung fourth floor. Parang may kakaibang amoy e. Parang may patay na daga. ‘Di ko alam saan nanggagaling. Parang sa kuwarto ata ni Luisa. E, sinubukan kong katukin kuwarto niya wala namang sumasagot.

Kukunin ni Ronilo ang susi sa kuwarto ni Luisa. Mahuhulog ni Manang Loring ang hawak-hawak niyang brip. Dadamputin agad niya ito at ibubulsa.

63. INT. HEARTWORKS RESIDENCES. FOURTH FLOOR.

SAME NIGHT.

Nakatipun-tipon ang mga usisero’t usisera sa labas ng kuwarto habang pina-panood si Ron na kinakatok ang pinto. Nang wala silang narinig na sagot, binuksan ni Ron ang pinto gamit ang kaniyang susi. Laking gulat nila nang bumungad sa kanila ang nakahandusay na katawan ni Luisa na nababalot ng sariling niyang dugo. May ilang saksak siya sa kaniyang katawan.

64. INT. HEARTWORKS RESIDENCES. RECEPTION AREA.

SAME NIGHT.

Magkakalat sa reception area ang naghahalong asul at pulang ilaw mula sa sasakyang pampulis. Nailabas na ang katawan ni Luisa. Maririnig ang mga tenants na nagtsitsismisan. Kausap ni Ron si Richard.

RICHARD: Ronilo. Huwag na sana ilalabas ito. Sana sa atin na lang dalawa para wala nang gulo. Okay ba?

Hindi makakaimik si Ron.

RICHARD: Ito nga pala ipinapaabot ni Councilor Ace. Para raw sa iyo. Kaunting tulong daw sa pamilya mo. Ito, o. Kunin mo. (*Iaabot ang isang sobrang may lamang pera.*) Ito, kunin mo na o.

RONILO: Ser.

RICHARD: O, ano iyon, Ronilo?

RONILO: 'Di ko po kasi matatanggap 'yan.

RICHARD: Sige na, huwag ka nang mahiya. Ito, ito, o. Dali na, kunin mo na iyan. Masama ang tumanggi sa grasya. Makakatulong iyan sa pamilya mo. Hindi ba mag-iskul na ang anak mo? Pambayad din iyan ng tuition fee.

Mapipilitan si Ron na kunin ang sobre, ngunit tulala pa rin siya sa mga nakita niya kanina.

65. EXT. RONILO'S APARTMENT. NEXT DAY.

Balisa at tuliro si Ron habang naglalakad pauwi sa kanilang apartment. Sa paligid niya, makikita ang mga posters ng iba't ibang kandidato na nakapaskil sa pader at ilang mga poste.

66. INT. RONILO'S APARTMENT. SAME DAY.

Tulog pa si Jazmin at ang kanilang mga anak. Maghihilamos si Ron at didiretso sa kama upang tabihan ang kaniyang asawa. Mahihirapan siyang matulog. Yayakapin niya si Jazmin.

67. INT. RONILO'S APARTMENT. SAME DAY.

Pagkagising ni Ronilo, makikita niya si Jazmin na ipinaghahanda siya ng tanghalian.

RONILO: Ma, naaalala mo ba 'yong kinukwento ko sa 'yong karelasyon ng konsehal, si Luisa? 'Yung nakatira sa condo?

JAZMIN: O, anong meron, Pa?

RONILO: Natagpuan siyang patay sa kuwarto niya kagabi. Mga apat na araw na ata siyang patay. Tadtad ng saksak.

JAZMIN: O, diyos ko. Ano nangyari? Kinilabutan naman ako dun.

RONILO: Huling namataan siya kasama niya si Konsehal Ace. Nakita ko silang dalawa na—

Matitigilan si Ron. Muntikan na niyang mabuking ang sarili niya na binobosohon niya ang magnobyong.

RONILO: Nakita ko si Konsehal Ace nung araw na ‘yun papasok ng condo. Tapos, nakakapagtaka, umalis din siya agad-agad. May mga nakarinig din na nagtatalo ‘yung dalawa nung gabing ‘yun, e.

JAZMIN: Alam ba ng mga pulis ‘yan? Kailangang malaman ‘to ng mga awtoridad.

RONILO: Hindi. Nalinis na niya agad ‘yung gusot. Ang sabi ni Ser Richard sa mga pulis at tenants na isang kaso raw ito ng robbery. Kung sinu-sino raw kasi dinadala ni Luisa sa kuwarto. Kaya mahirap daw matukoy sino nakapatay dito.

JAZMIN: Hindi mo ba puwedeng isumbong sa pulis? Alam mo naman ang nangyari, ‘di ba? Tatal, nakita mo naman kung sino pumasok nang gabing ‘yon.

Mapapatingin si Ron sa mga anak niyang naglalaro sa isang gilid.

RONILO: Hindi ko alam, Ma. Hindi ko alam.

JAZMIN: Mag-iingat ka, Pa. Paligi kang magdadasal. Delikado na ngayon.

68. INT. HEARTWORKS RESIDENCES. RECEPTION AREA. NIGHT.

Ilang linggo na rin ang nakalipas mula nang matagpuan nila ang katawan ni Luisa sa kaniyang kuwarto. Balik na sa normal ang mga tao, para bang walang nangyaring karumaldumal sa loob ng condominium.

69. INT. HEARTWORKS RESIDENCES. NIGHT.

Rumoronda si Ron sa loob ng condominium. Pinapalitan niya ang mga napunding ilaw. Makakarating siya sa ikaapat na palapag. Iilawan niya nang flashlight ang pintuan ng unit ni Luisa. Ipipikit niya ang kaniyang mata upang hintayin na dumating ang pigura ng isang nakahubad na babaeng nakita niya noong isang araw. Wala siyang makikita.

70. INT. TESDA QUEZON CITY BRANCH. DAY.

Hindi makakapagpokus si Ron sa pinag-aaralan. Halatang-halatang balisa siya.

71. EXT. TESDA QUEZON CITY BRANCH. DAY.

Naglalakad lamang palayo si Richard. Madadaanan niya ang ilang poster ng mga kandidato, karamihan ng mga ito ay kay Konsehal Ace. Maglalakad siya hanggang makasakay siya ng dyip.

72. INT. HEARTWORKS RESIDENCES. RECEPTION AREA. NIGHT.

Normal ang daloy ng mga taong pumapasok at lumalabas sa condominium. Pinapanood ni Ron ang ilan sa mga tenant na nag-uusap sa tanggapan.

IMELDA: (Sa mga anak.) 'Pag 'di kayo tumigil diyan kukunin kayo ng mamang pulis. Sige kayo.

ANAK 1: Hala ka, kukunin ka ng mamang pulis.

ANAK 2: Baka ikaw. Tahimik kaya ako. 'Nay, o. Inaaway na naman ako ni ate!

IMELDA: Magsitigil na nga kayo dyan. Ang sakit na ng balakang ko sa inyo. Pagdating natin sa mga lolo niyo, behave kayo, a.

RENE: (Kay Issa.) E, saan mo ba gustong kumain, my honeybunch? Sa Jollibee?

ISSA: Ayoko 'dun. Ang cheap mo naman. Basta, dun sa masarap. Puro na lang tayo Jollibee. Kaya ako tumataba sa 'yo, e. Dyeta na nga ako, e!

RENE: E, d'un sa Gary's Bar and Resto, 'dun sa may Timog. Masarap daw dun.

ISSA: Sige, sige. Tapos, hon, order tayo ng crispy pata ha. Tapos inihaw na pusit. At saka sisig! Pork sisig. Tara na! Gutom na ko!

Papasok si Mang Canoy sa condominium. Kagagaling lamang mula nito sa trabaho na pagtitinda ng mga encyclopedia door-to-door. Gusot-gusot ang kaniyang polo. Magkakatinginan sila ni Issa, ngunit maglalakad lamang palayo si Mang Canoy, ang mata niya ay nasa baba. Walang mapapansing kakaiba si Rene.

73. INT. HEARTWORKS RESIDENCES. RECEPTION AREA. SAME NIGHT.

Inangkin muli ng katahimikan ang gabi. Mapapansin ni Ron na Martes ngayong araw. Mag-aalas dos na ng umaga. Maya-maya ay unti-unti magdidilim ang kaniyang paningin, dala ng matinding pagod. Lalabanan niya ang antok. Ngunit nang idilat niya ang kaniyang mga mata, ang mga tenants na nakita niya kani-kanina lamang ay nakapalibot sa kaniya, ang mga mata nila ay waring nag-aakusa. Ang iba sa kanila ay nakaturo kay Ron. Tagatak ang kaniyang pawis.

TENANTS: Kasalanan mo 'to. Kung 'di ka sana nakialam, hindi mangyayari ito sa kaibigan mo.

TENANTS: Wala ka bang gagawin para ipagtanggol siya? Uupo ka lamang ba diyen?

TENANTS: Ikaw lamang ang susi sa lahat ng ito. Ikaw ang susi ...

Magigising si Ron sa boses ni Ree.

REE: Susi. Pahiram naman uli ako ng susi, pogi. Nawala ko na naman kasi e.

Mapapansin ni Ron na halos kalahating oras na pala siyang tulog. Iaabot niya

ang susi kay Ree. Biglang lalapit si Alice.

ALICE: Ikaw talagang babae ka, malandi ka. Ito kaya ‘yung susi mo. Naiwan mo sa pantalon mo! (*Kay Ron.*) Sorry, kuya guard. Sadyang malandi lang talaga ‘tong kapatid ko. ‘Wag mo siyang pansinin. Ako na lang.

Hahatakin ni Alice si Ree paalis. Sabay silang lilingon kay Ron at kikindatan ito. Maghahatakan sila ng buhok. Nakatingin lamang si Ron sa kanilang direksiyon hanggang maglaho sila paakyat ng hagdan. Wala siyang kibo.

74. INT. RONILO:’S APARTMENT. DAY.

Nagtatalik sina Jazmin at Ronilo. Ibubuhos niya ang lahat ng kaniyang mga saloobin habang tinitira sa likod si Jazmin. Mapapaaray ito sa sakit. Habang patuloy siya sa pagtira na kaniyang asawa, mag-iiba ang boses nito at mapapasigaw. Magpupumiglas siya mula kay Ron habang iniinda pa rin ang sakit. Pagharap nito sa kanya, makikita niyang si Luisa na ang nakatingin sa kaniya, galit na galit.

LUISA: Ba’t ‘di mo ako niligtas, Ron? Akala ko kaibigan kita.

Maninigas si Ron sa kanyang puwesto. Hindi siya makakapagsalita.

LUISA: Nakita mo ang lahat ng mga nangyari. Nakita mo kasi binobosohan mo ako. Madalas mo akong bosohan, alam ko ‘yun. Katawan ko pinagpiyestahan mo pero hindi mo ko magawang maligtas? Hayup ka. Hayup! Ang baboy mo!

Babalik sa dating anyo si Jazmin.

JAZMIN: Pa, ano nangyari sa ‘yo? Okay ka lang? Para kang nakakita ng multo.

Tagaktak ang pawis ni Ron. Hindi siya makakapagsalita.

75. EXT. POLICE STATION - CUBAO. DAY.

Hindi pumasok sa klase si Ron. Napagdesisyonan na niyang ipaalam sa awtoridad ang kaniyang nalalaman. Basa ng pawis ang kaniyang mukha at damit. Nanunuyo ang kaniyang mga labi. Kukunin niya ang lahat ng kaniyang lakas ng loob at papasok sa presinto.

76. INT. POLICE STATION - CUBAO. DAY.

Maraming tao sa presinto. Ilan dito ay mga misis na nagbabangayan dahil nahuli ng isa na nakikipagsiping ang kaniyang asawa sa kaniyang kaibigan. Ang iba naman ay nagtatalo dahil sa utang.

BABAE 1: E, ito kasing putanginang ‘to, sampung buwan na e hindi pa nagbabayad ng utang! Palibhasa pinangsusugal e. Talo naman palagi.

BABAE 2: E, tangina mo rin. ‘Yung mister mo naman kung kani-kanino nakikipagkalantari. Palibhasa, tuyot ka na!

BABAE 1: Ay, tangina mo. Talagang hinahamon mo ko no.

Magsasabunutan ang dalawa. Susubukan silang awatin ng isang pulis. Ang katabi namang binatilyo ni Ron ay may saksak ng balisong sa tagiliran, habang ang kaniyang nanay ay nakikipagdaldalan sa kaibigan.

NANAY 1: Bumili ka na kasi sa ‘kin ng Avon. Mura lang lipstick ko. Por handred lang! May kasama ng powder ‘yon.

NANAY 2: Ayoko niyan. ‘Yung kakilala ko bumili nang ganiyan tapos nangitim ‘yung labi niya. Mukha tuloy siyang bangkay.

NANAY 1: Grabe naman ‘to. Siguro peke ‘yung nabili niya. Galing China siguro. Ito imported. Galing Burma.

Susubukang kausapin ni Ron ang batang katabi.

RONILO: Bata, ang lalim ng saksak mo, a. ‘Di ba dapat nasa ospital ka?

Magkikibit-balikat lamang ang bata.

77. INT. POLICE STATION - CUBAO. DAY.

Matapos ang ilang oras, huhupa rin ang tao sa loob ng presinto.

ATTENDING OFFICER 1: Ronilo Maceda?

Tatayo si Ron at lalapit sa attending officer.

ATTENDING OFFICER 1: Nagbanyo lang si SPO2 Nabuab. Upo ka muna.

78. INT. POLICE STATION - CUBAO. DAY.

Magkahalong kaba at takot ang nararamdaman ni Ron. Matindi ang kaniyang pagpapawis ngunit hindi niya ito papansinin. Kakagat-kagatin niya ang dulo ng kaniyang daliri upang ibsan ang kaba. Mayamaya ay darating ang attending officer. Tinataas nito ang zipper ng kaniyang pantalon.

SPO2 MIGUELITO H. NABUAB: Anong maitutulong ko sa ‘yo, Ronilo?

RONILO: Um, ser, kasi po, hindi po alam kung kanino sasabihin.

SPO2 MIGUELITO H. NABUAB: Ano ba ‘yun? Wala ka naman sigurong ginawang masama, no, hijo?

RONILO: Ay, wala po, ser. Hindi po ganun. Um, kasi po...

Sa labas, makikita niya ang poster ni Konsehal Ace. Papangunahan siya ng takot at kaba.

RONILO: Wala po, ser. Pasensya po. Maliit lang na bagay. Pasensya po inaksaya ko ang oras niyo. Hindi naman 'to mahalaga.

Magmamadaling lumabas si Ron ng presinto.

79. EXT. SIDEWALK. DAY.

Patuloy lamang maglalakad nang mabilis palayo si Ron na mistulang walang patutunguhan. Makakarating siya sa paligid ng isang construction site. Makikita niya ang mga posters ni Konsehal Ace na nakapaskil sa harang na yero. Susubukan niyang tanggalin ang mga ito sa matinding galit habang nagsasambit ng iba't ibang mura. Mapapagod siya at uupo sa isang tabi. Hindi niya mapipigilan ang pag-iyak.

80. INT. HEARTWORKS RESIDENCES. RECEPTION AREA. NIGHT.

Inaayos ni Ron ang kaniyang desk nang makita niya sa kaniyang drawer ang mga komiks na nakalimutan niyang isoli kay Luisa. Pagmamasdan niya ang mga ito.

**81. INT. HEARTWORKS RESIDENCES. FOURTH FLOOR.
SAME NIGHT.**

Iniilawan ni Ron ang ikaapat na palapag gamit ang kaniyang flashlight. Tulad ng dati, nababalot ito ng kadiliman. Mabagal na maglalakad si Ron malapit sa unit ni Luisa. Bubuksan niya ito.

82. INT. HEARTWORKS RESIDENCES. LUISA'S UNIT. SAME NIGHT.

Ito ang unang pagkakataon na makapasok siya sa kuwarto ni Luisa, maliban sa araw noong matagpuan nila ang katawan ng kaniyang kaibigan. Bubuksan niya ang ilaw at tatambad sa kaniya ang mga nakakalat na damit ni Luisa sa kama at ilan na nasa sahi. Hindi ganoon karami ang mga kagamitan ni Luisa. Sa mesa, makikita niya ang mga ilang komiks na pinahiram niya sa kaniya. Kukunin niya ang mga ito. Habang pinagmamasdan ang mga gamit,

makikita niya ang isang address book. Bubuklatin niya ito at pag-aaralan ang mga nakasulat. Matapos ay ibubulsa niya ito.

83. INT. TESDA QUEZON CITY BRANCH. DAY.

Kakatapos lamang ng kanilang klase. Nagpapaalam si Ron sa kanyang mga kaklase habang palabas ng building.

84. EXT. TESDA QUEZON CITY BRANCH. DAY.

Pagkalabas niya ng building, makikita niya ang isang puting Hi-Ace na nakaparada sa harap. Bababa ang driver at lalapitan si Ron.

DRIVER: Ronilo Maceda?

RONILO: Ano po 'yun?

DRIVER: Pwede ka bang sumama sa 'min? Gusto ka lang makausap ni Konsehal Ace.

RONILO: Tungkol po saan?

DRIVER: Mas mainam siguro na sumama ka na lang sa 'min. Siya na lang magsasabi sa 'yo.

Hindi na makakapag-isip si Ronilo. Sasama siya sa drayber.

85. INT. COUNCILOR ACE VIDAL'S HOUSE. DAY.

Sasalubungin siya ni Konsehal Ace. Magiliw ito sa kaniya, tila wala siyang alaala sa malagim na gabi.

KONSEHAL ACE: Ronilo. Hindi ko alam, pero parang ang gaan-gaan ng loob ko sa 'yo? Kapag nakakaramdam ako nang ganito, hindi ako nagkakamali. Alam kong mapagkakatiwalaan ko ang isang tao. Alam mo ba 'yung ibig kong sabihin?

Magtataka si Ron sa sinabi ng konsehal, ngunit tatango na lang siya bilang pagpapakita ng respeto.

KONSEHAL ACE: Katoliko ka ba, Ronilo?

RONILO: Opo.

KONSEHAL ACE: Nagbabasa ka ba ng Bibliya? (*Kukunin ang bibliya sa tabing mesa at bubuklatin ito.*) Ha, Ronilo?

Hindi iimik si Ron.

KONSEHAL ACE: Lukas, kabanata labingdalawa, berso ika-apat na pu't walo.

(Patlang.)

KONSEHAL ACE: "Datapuwa't ang hindi nakaaalam, at gumawa ng mga bagay na karapat-dapat sa mga palo, ay papaluin ng kaunti. At sa sinomang binigyan ng marami ay marami ang hihingin sa kaniya: at sa sinomang pinagkatiwalaan ng marami ay lalo nang marami ang hihingin sa kanya."

Ilalapag ni Konsehal Ace ang Bibliya.

KONSEHAL ACE: Naiiintindihan mo ba ang sinasabi ng Bibliya, Ronilo? Sinasabi dito na kung ano ang binigay sa 'yo, malaki rin ang hinihinging kapalit.

Makakaramdam ng matinding kaba si Ron.

KONSEHAL ACE: Hindi ako humihingi ng kahit na anong kapalit, Ronilo. Hindi ako Diyos. Wala akong inaasahan na anuman mula kanino. Mahirap na rin. Sa katunayan, ibalik ko sa 'yo ang pabor. Gusto kitang tulungan.

RONILO: Hindi niyo naman po kailangan.

KONSEHAL ACE: Hindi. Hindi. Gusto kitang tulungan. 'Wag kang tumanggi dahil minsan lang ito. Hindi lahat nabibigyan ng pagkakataong

matulungan. Ang iba diyan, anuman ang gawin nila, walang dumarating na tulong. Namatay na, wala pa ring tumutulong sa kanila.

Mapapalunok sa kaba si Ronilo.

KONSEHAL ACE: Nabanggit kasi sa ‘kin ni Richard na balak mo raw magtayo ng talyer balang araw. Tamang-tama kasi nag-iisip akong magtayo ng negosyo. Alam mo na, kailangan ko rin ng pera. Hindi ko naman puwede gamitin ang kaban ng bayan. Hindi ako tulad ng ibang mga politiko diyan. Kaya naisip kita, e. Gusto ko sana matupad ang pangarap mo. Ano sa tingin mo?

RONILO: Nakakahiya naman po. Pero, mukhang ‘di ko pa po kaya magtayo ng sarili kong talyer. Hindi pa po sapat, alam ko.

KONSEHAL ACE: Hindi. Hindi. Maliit na bagay lamang ito, sinasabi ko sa ‘yo. At marami akong kakilala na matutulungan ka.

RONILO: Sa totoo lang po, Konsehal—

KONSEHAL ACE: Ace. Ace na lang.

RONILO: Kasi nalaman ko lang po noong isang araw na buntis ang misis ko. Kailangan niya ng kasama sa bahay. Kaya hindi ko po ito maaasikaso.

KONSEHAL ACE: Ganoon ba? Sige, pag-isipan mo ito nang mabuti. Makakatulong sa ‘yo ‘to nang malaki ngayong madadagdagan kayo sa pamilya mo.

Tatayo si Konsehal Ace at makikipag-kamay kay Ron. Bakas sa mukha ni Ron ang nanunuot na galit sa konsehal, ngunit alam niyang wala siyang laban. Lalabas ito ng bahay.

86. INT. RONILO’S APARTMENT. DAY.

Galing sa trabaho si Ronilo. Nakahiga siya sa kama at patulog pa lamang. Naririnig niya ang mga anak niyang naglalaro sa labas. Ang asawa niya ay naglalaba. Ipipikit niya ang mga mata at susubukang matulog. Umiikot ang kaniyang paningin. Sa sikat ng araw na tumatagos sa bintana ng kaniyang

kuwarto, makikita niya ang hubog ni Luisa. Lalapit ito sa kaniya at hahap-lusin ang kaniyang buhok, na parang ina na pinapatulog ang kaniyang sanggol. Hindi makakaimik si Ron. Titignan lamang siya ni Luisa nang may halong lambing at pagmamahal. Maluluha si Ron. Sa wakas, makakatulog din siya.

87. INT. HEARTWORKS RESIDENCES. RECEPTION AREA. DAY.

Ilang linggo matapos niyang makausap si Konsehal Ace, kausap ni Ron si Richard upang magpaalam na aalis na siya mula sa trabaho.

RICHARD: So, saan ka na ngayon lilipat, Ronilo?

RONILO: 'Di ko pa po alam, ser. Siguro magpapahinga po muna. Kailangan din ng kasama ni misis sa bahay e. Maselan din po kasi siya magbuntis, e. At saka nga po pala, may isosoli po ako sa inyo.

Iaabot ni Ron ang sobre na may lamang pera. Magtataka si Richard, ngunit kukunin niya ito.

RICHARD: Okay. Zhù hāo yùn. Good luck sa iyo, Ronilo!

(Patlang.)

RICHARD: Hindi ko pa nasasabi sa iyo, pero ibebenta ko na itong condominium. May buyer na rin ako?

RONILO: Ho? Bakit po?

RICHARD: Hindi na rin maganda business. Sabi kaibigan ko Chinese din, bad luck daw itong building. Not good for the money. Kaya naisip ko na magtayo na lang ng restaurant sa Binondo. Dalaw ka minsan.

RONILO: Libre niyo po ba?

RICHARD: Syempre, hindi. Discount, bigyan kita.

Magtatawanan ang dalawa.

Bago umalis si Ronilo, kokolektahin niya ang mga komiks sa kaniyang drawer, pati na rin ang mga komiks na nakalimutan niyang isoli kay Luisa.

**88. EXT. NARROW STREET SOMEWHERE IN TANDANG SORA.
DAY.**

Naglalakad sa may isang liblib na lugar sa Tandang Sora si Ron. Hawak-hawak niya ang address book na kinuha niya sa kuwarto ni Luisa. Mayroon siyang dala-dalang kahon na kasinlaki ng isang shoe box. Lalapit siya sa isang matandang babaeng nagwawalis.

RONILO: Ale, alam niyo po ba kung saan ito? (*Ipapakita ang address book.*)

MATANDANG BABAE: Ah, 'yung kina Nestor Payawan. Dun 'yan. (*Ituturo ng matandang babae ang direksyon.*)

89. EXT. NESTOR'S HOUSE. SAME DAY.

Matutunton ni Ron ang hinahanap niyang bahay. May makikita siyang lalaki na nagdidilig ng halaman sa labas. Lalapitan niya ito.

RONILO: Kayo po ba si Nestor Payawan?

NESTOR: Oo, bakit?

RONILO: Kaibigan po ako ni Luisa.

NESTOR: Luisa? Nabalitaan ko ang nangyari sa kanya. Robbery daw. Tanginang 'yan. Palagi ko siyang pinagsasabihan na mag-ingat siya. Hindi siya nakikinig sa 'kin.

RONILO: Mayroon nga po pa lang gusto ipabigay si Luisa. Para po kay Lester. Matagal na niyang gustong ibigay 'to, wala lang po siyang pagkakataon.

Iaabot ni Ron ang kahon na naglalaman ng mga komiks kay Nestor. Bubuksan ito ni Nestor at makikita na kasama ang mga komiks ni Luisa at pati na rin lahat ng komiks ni Ron. Tatanggapin ito ni Nestor.

90. INT. TESDA QUEZON CITY BRANCH. DAY.

Nakasuot ng puting polo shirt si Ron. Kausap niya ang guro niyang si Mike.

MIKE: Ano, Ron, napag-isipan mo na ba ang offer ko?

RONILO: Nakapagdesisyon na 'ko.

(Patlang.)

RONILO: Sige, sige. May isang kondisyon lang ako, Mike.

MIKE: Ano 'yun?

RONILO: Itong magiging negosyo natin, wala naman tayong hihingin sa tulong sa kung kaninong politiko, no? Atin lang ito.

MIKE: Oo naman. Bakit mo naman naisip 'yan?

RONILO: Wala naman.

MIKE: So, schedule tayo ng meeting next week?

Magpapalitan ng mga ngiti ang dalawa.

91. EXT. TESDA QUEZON CITY BRANCH. SAME DAY.

Palabas ng TESDA si Ron. Mayroon siyang dala-dalang envelope na naglalaman ng kaniyang resume. Mistulang naghahanap ng bagong mapapasukan. Dire-diresto lamang maglalakad si Ron papalayo. Sa isang gilid makikita ang isang poster na bumabati sa pagkapanalo ni Konsehal Ace Vidal bilang bagong bise-alkalde ng Quezon City.

CUT TO BLACK.

MYSTERYLAND

Isang Maikling Musical

Nicolas B. Pichay

Mga Tauhan:

Chesca, acrobat mula China

Lao, Bhuddist mula Laos

Vicky, singer mula Vietnam

Al, audition master

Ensemble ng mga mang-aawit at mananayaw

Lunan:

(Sa loob ng walang garbong teatro.

Sa dilim ng entablado maririnig ang panimula ng unang kanta. Nakabalot sa tema ng musika ang ilang melodic riffs mula sa kantang "It's a Small World After All."

Liliwanag ang entablado. Nasa loob tayo ng teatro ng walang palamuti. Maraming tao. Lahat nagwa-warm-up sa kani-kanilang paraan. Mag-uumpisa silang kumanta.)

LAHAT: Dito nag-uumpisa ang lahat
Sa isang butil ng pangarap.
Isang makahiyang hakbang
Na may natatagong lakas.

Kakanta ako hangga't gusto niyo
Sasayaw ng walang kapaguran
Walang makapipigil sa akin
Gusto kong ibigin niyo ako.

Nakaupo si Lao sa kalagitnaan ng lahat. Maririnig natin si Vicky at Chesca na nag-wa-warm up. Nananatiling tahimik si Lao. Papasok si Al na may dalang clipboard na mukhang aligaga.

AL: (*Nakikipag-usap sa cellphone habang namimigay ng mga numero sa mga mag-o-audition.*) There's more than a hundred people, sir. Binuksan na nga namin ang pinto ng backstage...

VICKY: Sir... *Tôi đã chờ đợi..* (I've been waiting for...)

AL: (*Magbibigay ng numero kay Vicky.*) Six hundred seventy. (*Sa kausap sa telepono.*)—Umaabot na ang linya sa parking lot, sir.

VICKY: Six hundred seventy?! *Kënding nòng Cuòle...* (There must be a mistake...)

AL: (*Kay Vicky.*) You heard right. There's no mistake. (*Bibigyan niya si Chesca ng numero.*)

CHESCA: Six hundred seventy-one?!

AL: (*Kay Chesca.*) Oo. (*Sa telepono.*)—Pero alas-singko ang cut off natin, sir. Paano natin i-o-audition ang dumadaming—

LAO: Para saan ang mga... *Chapenaenuadai soalab?* (What for?)

AL: On your shirt! On your shirt!!! Your number will be called (*Sa telepono.*)—Maari bang tulungan niyo ako, sir. Kung hindi, di tayo aabot ng alas-singko.

VICKY: Hindi tayo aabot? *ồ không!* (Oh no!)

CHESCA: 'Yun ang sabi niya?

VICKY: Parang y'un ang rinig ko.
CHESCA: Paano kung hindi tayo matawag bago mag-alas-singko?
VICKY: Malamang pauwiin tayo.
CHESCA: Pauwiin? (*Kay Al.*) Tama ba yun? Bakit niyo kami pauwiin?
AL: (*To Chesca.*) Miss, I didn't say that—yet!
CHESCA: You mean... may posibilidad na sasabihin mo 'yan?

(*Babalik sa kanta.*)

LAHAT: Tingnan niyo, di ba't ako'y magaling
Narapat sa entablado
Masdan niyo ang aking galing
Narapat sa inyong mundo.

Walang bigat ang di ko kakayanin
Walang apoy ang makatutupok sa akin
Konting kembot na lang ang dapat gawin
Tamis ng tagumpay mapapasaakin.

AL: Quiet please. (*Lalayo siya kay Chesca para magkaroon siya ng privacy.*) Hindi natin sila puwedeng pauwiin, sir nang hindi na-o-audition... Laking kahihyan para sa kumpanya. At saka... Magkaka-riot dito.

(*Mababahala ang mga nasa linya. May mga magagalit. May mga aalis. May mga mag-uumpisang manggulo.*)

LAO: (*Sabay.*) Ano'ng nangyayari?!!
LAHAT: Buong magdamag kaming nandito. Galing pa kami sa malalayong lugar...
VICKY: ... Sir, huwag namang ganiyan. Ang layo ng pinanggalingan ko sa Vietnam.
CHESCA: Ano na lang ang maiuwi ko sa mga inutangan ko ng pamasaha sa bayan namin sa Tsina.

(Babalik sila sa kanta.)

LAHAT: Sa hirap ng buhay
Di ako madedehado
Ng kahit anong bagyo, lindol o peligro
'Pagkat ito lang ang dasal ko
Ang masama sa palabas na ito.

Walang bigat ang di ko kakayanin
Walang apoy ang makatutupok sa akin
Konting kembot na lang ang dapat gawin
Tamis ng tagumpay mapapasaakin.

LAHAT: May pananagutan kayo sa amin! Sana inisip niyo ito bago kayo nagpatawag ng audition!

AL: Huwag niyo kaming pangunahan. Magagawan natin ito ng paraan.

LAHAT: Umpisahan niyo na kasi. Paandarin niyo na ang pila.

CHESCA: Kailan ba kayo mag-uumpisa?

AL: Nag-umpisa na. Kanina pa. Di namin na-anticipate na buong ASEAN pala ang pupunta rito.

(Medyo mag-iingay nang malakas ang mga tao.)

LAO: Mga kasama. Bigyan natin sila ng pagkakataong ayusin ito. Sa amin sa Laos may kasabihan: Pinapalaki ang bata, hindi ang problema. Huwag na nating dagdagan ang makakaabala sa kanila.

(Mag-iingay ang mga tao.)

LAHAT: Matutuloy ba ito o hindi? Sabihin niyo na para malaman namin.

AL: (Ibababa ang telepono.) Listen up people. We have a slight problem. Due to lack of time, we might cut short the auditions to the first 100.

(Magkakagulo ang lahat. Mukhang mabubugbog siya ng madla.)

AL: Wait! Wait! Wait! I'll do something about it.

CHESCA: Gusto mo bang makita ang sayaw ko?

VICKY: Ako din. Kakantahan na kita ngayon.

LAHAT: Sirkero ako! Magaling akong mag-balance! Kumakain ako ng apoy! Nagkakasya ako sa maliit na kahon! Magic! Marunong akong mag-magic!!

AL: (Lalayo si Al sa kanila.) Stop! I'm not the director. Just his assistant. (Into phone.) Sir. I'm telling you, if we don't fix this soon, and in an orderly manner....

Ok, sir. I'll think of a way of going through them as fast as I can, sir. (Turns the phone off.) Ikaw itong late at cause of delay tapos ako ang pagagawin mo ng paraan. I have a splitting headache!!!

LAO: (To Al.) Hinga nang malalim. Ilabas ang hininga. Sabihin mo: Ohhhhhmmmm.....

AL: Ohm ?????!!! (Shouts to off-stage.) Geordinaaaaaa! Help me here!

(Lalabas si Al. Susundan siya ng mga tao. Matitira sina Chesca, Vicky at Lao. Magsusunuran na rin ang iba.)

LAO: (Opens his eyes.) Saan siya pumunta?

CHESCA: Malay ko.

LAO: (Kay Chesca.) Hi.

CHESCA: Hi ka din.

VICKY: Hi. (Kay Lao.)

LAO: Magandang araw, binibini.

VICKY: (Makikilig.) Hi hi hi.

(Masasagi ni Chesca si Vicky.)

VICKY: Sana kumalma sandali ang mga tao dito.

CHESCA: Bakit? Sino ba ang asiwa. (*Kay Lao.*) Ikaw ba asiwa?

LAO: Medyo. Ninenerbiyos.

CHESCA: (*Kay Vicky.*) Siya kaya asiwa.

LAO: Siyanga pala, ano'ng mga pangalan niyo?

VICKY} Vicky.

CHESCA} Chesca

VICKY: At hindi ako asiwa. Ikaw itong galaw ng galaw. Nakakahilo.

CHESCA: E ikaw, kahit na hindi ka gumagalaw, nararamdaman ko ang pagka-asiwa mo.

LAO: Hinga tayo nang malalim.

CHESCA} Huminga kang mag-isa mo!

VICKY}

LAO: Una kong audition ito sa buong buhay ko. Ganito pala, ano? Ibang-iba sa inakala ko.

CHESCA: Akala mo ba madali?

LAO: Pupunta ako sa Mysteryland, sabi ko. The happiest place on earth.

VICKY: O ngayon, hindi ka happy?

LAO: : Nakakanerbiyos.

(*Kakanta silang tatlo.*)

LAO: Mysteryland... Mysteryland...
Lupain ng kasaganaan at galak
Ano't kay ilap makapasok
Sa iyong mainit na yakap

CHESCA: Nagsisiksikang makapasok
Sa pintong sinlaki ng
Butas ng karayom
Maiiwang luhaan
Ang di marunong.

- LAHAT: Mysteryland ... Mysteryland.
Lupain ng kasaganaan at galak
Gagawin namin ang lahat
Para mabuhay sa lilim ng iyong tatak.
- VICKY: Ganiyan talaga ang buhay
Matira ang matibay
Titiklop na dilat ang mata
Ang sinumang papatay-patay.
- LAO: Ito ang natutuhan ko
Sa likod ng Mysteryland
May maskarang masaya
Na bumabalot sa lungkot at dusa.
- LAHAT: Mysteryland ... Mysteryland.
Lupain ng kasaganaan at galak
Gagawin namin ang lahat
Para mabuhay sa lilim ng iyong tatak.
- VICKY: Meron pa kayang pag-asa? (*Titingnan ang kaniyang numero..*)
670!
- CHESCA: (*Titingin sa kaniyang numero.*) 671!
- VICKY: Mathematically speaking ... baka di na tayo aabot.
- CHESCA: Hindi ko alam sa inyo. Basta ako. Aabot ako.
- VICKY: Six hundred seventy divided by 10 hours—
- VICKY: ... Kailangan nilang mag-audition ng 66 na tao kada oras.
- CHESCA: Sixty-six na tao divided by one hour or 60 minutes. 90 seconds
kada tao.
- VICKY: At 'yung oras pa sa palitan ng tao. E kung mag-bathroom break
pa ang director.

CHESCA: (*Sa sarili.*) Kung aalis ang dalawang ito sa pila. Aabot ako. (*Biglang may pakanang maiisip. Kina Vicky at Lao.*) Sabi ko na nga ba, nagsayang lang tayo ng oras dito.

VICKY: Hindi na tayo aabot, ano?

CHESCA: Oo. Kaya siguro dapat umalis na tayo.

VICKY: Sige mauna ka.

(*Lao gives a sly smile.*)

LAO: Tayo na.

CHESCA: (*Kay Lao.*) Mauna na kayo. Mag-aayos pa ako.

VICKY: Ako din.

(*Mag-uumpisang maglakad paalis si Lao. Titigil siya.*)

LAO: Hintayin ko na lang kaya kayo.

CHESCA } Huwag na!

VICKY } Dami pang kalat dito, o.

LAO: Nakamamangha ang mundo, ano? Hindi ako makapaniwala na malapit na akong makapagtrabaho sa Mysteryland. Ang pangarap ng lahat ng tao. Mundo ng malasakit. Kung saan dapat mabait ang lahat ng tao sa isa't isa. Pero heto. Nanggugulungan tayo.

CHESCA: Huh?

LAO: Magkakaila pa ba tayo.

VICKY: I don't know what you're talking about, ha.

LAO: Hindi naman talaga kayo aalis sa pila, e. Pinapaalis niyo ako para lalong lumaki ang pagkakataon niyong maka-abot sa auditions na ito.

CHESCA: Wala akong planong ganiyan, noh?

LAO: Bakit ang tagal niyong umalis sa pila.

VICKY: Ganito lang kaming mga babae. Mabagal sa ligpitan.

LAO: Akala ko pa naman mga magkakaibigan na tayo.

CHESCA: Ikaw rin naman ‘yan ang balak mo.
LAO: Ha?
CHESCA: Akala mo di ko napansin. Paalis ka na sa pila e bakit hindi mo dala ang bag mo.
LAO: Ay nakalimutan ko lang.
VICKY: Nakalimutan daw oh!
CHESCA: Tuso ka rin naman pala tulad ng lahat.

(I-re-reprise nila ang kanta.)

TRIO: Mysteryland! Mysteryland!
Tingnan mo ang ginawa mo
Sabi mo’y wagas ang iyong mundo
Nang-aakit ka para pira-pirasuhin
Ang aming mga puso.

Pinag-aaway, pinagsasabong
Kaming mga walang malay
Nasisilaw sa dala mong pangako
Ng trabaho at magandang buhay.

Ano ang ginawa mo sa amin
Mysteryland, Mysteryland!

(Babalik si Al.)

AL: *(To the phone.)* Got it, sir. Doing it now. *(To everyone.)*
Due to time constraints, I’m doing group preliminary auditions to cut the audition time. Three at a time please. No. 670, 671, 672. Stand on the marker please.
VICKY: My name is Vicky from Vietnam and I’ll be singing a song from "The Sleeping Princess."

(Music fades in. She sings.)

Someday my prince will come.
Someday, he'll fly me away
To the blue, blue, blue sky we'll sway
My dream will come my way—

(Lao claps.)

AL: Uhmmm...

VICKY: The song. You don't like. I change song. Ok?

AL: The song is fine. But... Your voice...uhm... Masyadong Vietnamese...?

VICKY: Pero talaga namang Vietnamese ang prinsesa.

AL: Oo. Pero masyado kang Vietnamese!

LAO: Pero sir. Mawalang galang na. Paano siya masosobrahang maging Vietnamese, e Vietnamese nga siya.

AL: I know. I know. Pero if she has this accent and she sounds truly, authentically, genuinely Vietnamese, our audience in America will not be able to understand her.

VICKY: Wait!!! I can change my accent. Sandali lang.

AL: Next!

CHESCA: My name is Chesca from China. I will perform martial arts.

(Chesca gives an exciting wushu demonstration. Lao claps.)

AL: What character did you play?

CHESCA: The Warrior Princess.

AL: Teka. Teka. Does Mysteryland have a character named "The Warrior Princess?"

CHESCA: Meron naman. She goes to war disguised as a man.

AL: This company's made so many characters from so many sources, I can't keep up with all of them.

(Music fades in. Chesca does her martial arts.)

CHESCA: This is a time set from the rest
We must all awake the brave
Send out the call to bring out the fire
To kindle a love more precious than self

AL: Cut—!!!! Hmmm... Can you tone down your martial arts?

CHESCA: Tone down the—

AL: The martial arts. Too hard. Too frightening. It's too rated R.
Hindi 'yan papasa sa Mysteryland. Kailangan GP lang para
lahat puwedeng manood.

LAO: Pero ganiyan talaga ang martial arts.

AL: But not for a girl in Mysteryland. We will frighten all the girls
in American when we just want them to buy the doll.

CHESCA: Doll?

AL: We will sell a doll out of your character. It's not sellable if you're
too strong. Can you waltz it, instead?

CHESCA: Waltz it?

AL: One, two, three... one, two, three.

(Chesca tries doing a waltz with her martial arts moves, but is flabbergasted.)

AL: Next!

CHESCA: Kaya ko. Sandali lang.

AL: No. 672 please to your marker.

LAO: Ako na?

AL: Ok. Begin.

(Walang imik si Lao.)

AL: What's your name? And say something about yourself.

LAO: Lao ang ngalan ko. Ice cream ang paborito kong pagkain...
Uhhmm

AL: Ano pa?

LAO: Mga kakanin. Ice cream at kakanin masarap din ‘yan.

AL: Enough of the food. What are you going to do today?

LAO: Isang kanta mula sa "Ang Unggoy at ang Buwaya." Kuwento tungkol sa paghahanap ng puso at kung paano maiisahan ng Unggoy ang—

AL: Sing.

LAO: Gaganap ako sa papel na Unggoy. Yung buwaya puwede bang ikaw?

AL: Just sing.

LAO: Ito ‘yung kanta sa eksena kung saan pinag-iisipan niya kung paano makatatakas sa bitag ng kaniyang kalabang buwaya—

AL: Sing already! Ok?

(Lao strikes a meditative pose. Music fades in. Under. All is silent. The back-up dancers even peep from the sidelines because they are waiting for their cue. After a minute Lao emerges from his meditation with a flourish.)

AL: Well... We’re still wating.

LAO: Tapos na.

AL: *(Bewildered.)* Huh?! I didn’t hear it.

LAO: Baka hindi kayo nakikinig.

AL: *(To the girls.)* Did you hear a song?

CHESCA } Wala naman.

VICKY } Parang natulog lang siya.

LAO: Puwes. Kumanta ako. *(Ituturo ang sentido.)* Dito!!!

AL: E kung basagin ko kaya bungo mo para lumabas ang kanta. You have to sing it aloud. Please!!

LAO: Naisip ko lang kasi, pag malakas ang kanta ng Unggoy, baka marinig ng kalaban niyang Buwaya.

(Matatawa ang mga babae at papalakpak sila.)

- VICKY} Tama nga naman.
- CHESCA} Good answer!
- AL: Are you making fun of me?
- LAO: Hindi po.
- AL: You think this is funny because I'm just an assistant director?—
- VICKY: Mr. Al. Huwag po kayong magalit.
- LAO: Sige. Ang kakantahin ko na lang ay yung nag-uusap na sila ng Buwaya.
- AL: Sinasayang niyo ang panahon ko. You're all rejected—
- VICKY} Teka naman. No!!!
- CHESCA} Walang ganyanan, sir!!! Sandali lang.
- VICKY: Bakit po kami damay diyan?
- CHESCA: Wala naman kaming kinalaman sa kanta niya.
- AL: Ano'ng klaseng tao kayo? This is Mysteryland. Big time dito. Kayo pa ang may ganang tratuhin itong parang laro lang.
- VICKY: Pagbigyan mo naman kami.
- AL: Hindi na nga kayo magaling. Wala pa kayong galang.
- LAO: Ano ang dapat naming bigyan ng galang? Ang pagtrato sa aming parang mga hayop? Papililahin tapos didispatsahin na lang.
- AL: Mr. 672 I am warning you.
- LAO: 'Yan ang trato mo sa amin, mga numero lang.
- CHESCA: Lao!
- AL: Kung makita niyo lang kung paano niyo hinumaling ang mga kabataang katulad namin. The happiest place on earth! Wala pala kayong ginawa kundi pagkakitaan kami. At kung wala na kaming mga pakinabang.
- VICKY: Huwag ho kayong makinig kay Lao. Nagbibigro lang po yan.
- AL: Do I look like a joke to you? Goodbye!
- CHESCA: You can't reject us just like that.
- AL: Watch me.

CHESCA: I worked hard for this audition.
AL: You didn't work hard enough—
VICKY: You are so unfair.
AL: Ganyan talaga ang mundo!

(Tatawag si Al.)

AL: Security, magpadala kayo ng guwardiya dito. May i-e-escort lang palabas ng compound.
CHESCA: *(To Lao)*. You and your stupid joke.
VICKY: *(Kay Lao)*. Kasalanan mo ito. *(Kay Al)*. Sir, please, this guy's not even our friend.
LAO: Hindi niyo ba nakikita ang ginagawa nila sa atin.
CHESCA: Nagbibigay sila ng trabaho. Yan ang ginagawa niya.
LAO: At ano ang kapalit?
VICKY: Ang kapalit ay magandang buhay.
LAO: Inaalipusta kayo. Pinagtatawanan ang inyong kakayahan. 'Yan ba ang magandang buhay?
CHESCA: Puwede na 'yan sa ngayon. Pag nakatapak na ang paa ko sa Mysteryland—
LAO: Pag-isipan natin kung ano ang magagawa natin sa pangmatagalan.
VICKY: Sino ka ba?
CHESCA: Sino ka na mangusap para sa amin. Kaibigan ka ba namin? Kamag-anak? Ni hindi ka naman kababayan.
VICKY: Kung ayaw mong magtrabaho para sa Mysteryland, maari bang umalis ka na lang?
CHESCA: Iwan mo na kami. Hindi ka namin kaibigan.

(Matutulala si Lao sa narinig niya.)

LAO: Oo nga. Hindi niyo ako kaibigan. Akala ko kasi. Patawad. (*Kay Al.*) Sir Al. Sir Al. Pasensiya na po. Hindi nila ako kaibigan. Sa katunayan, hindi ko naman sila kilala. Aalis na po ako. Pero maari bang huwag niyo silang paalisin. Inaamin ko, nabastos ko kayo. Pero sila, wala silang kasalanan. Ako lang po. Gusto ko lang magpatawa. Gusto lang sana kitang patawanin. Kasi ang seryo-seryoso mo. Pagbiyan mo na ako. Please. Alang-alang din sa Mysteryland. Hindi niyo ba naalala ... ?

LAO: (*Magsisimula siyang kumanta.*¹)

It's a world of laughter,

A world of tears

VICKY: (*Makikisama.*)

It's a world of hope and a world of fears

There's so much that we share

CHESCA: (*Makikisama*)

that it's time we declare

It's a small world after all.

(*They try to entice Al to sing with them through an improvised musical number.*)

VICKY: There is just one moon and one golden sun

And a smile means friendship to everyone

CHESCA: Though the mountains divide

And the oceans are wide

LAO: It's a small world after all

It's a small world after all

AL: (*Getting into the groove.*)

It's a small world after all

It's a small world after all

It's a small, small world—

1 The words are from "It's a Small World After All" but I suggest that a musical variation—not the original melody—be used for this musical to drive home the satirical point of the scene.)

Ang ganda! Ang ganda! It's so full of love and hope and family values!!!! Ok! Ok! Bibigyan ko na kayo ng trabaho!

(They all clap.)

AL: But I am warning you, if you want to work in Mysteryland, you have to abide by Mysteryland rules. AND you must pass the number one requirement. And kailangang magkasya kayo sa costumes.

CHESCA} Ano bang ibibigay mong roles sa amin?

VICKY} Puwede na bang isukat ang costumes?

AL: *(He brings out a rack of costumes.)* Heto. Iwan ko na sa inyo. Bahala na kayo. Kung ano'ng magkasya diyan, 'yun ang magiging papel niyo sa Mysteryland.

(Aalis si Al. Excited na maghahalukay ng mga costumes sina Chesca at Vicky.)

CHESCA: Ang ganda-ganda talaga ng Mysteryland, ano?

VICKY: Kasinganda ng Amerika. 'Yan talaga ang dahilan kung bakit pinagpipilitan ko ang sarili ko dito.

CHESCA: Ako rin! Sabi nila, pag nakuha tayo sa Mysteryland, padadala tayo sa America para magtrabaho sa isa sa mga Mysteryland Amusement Parks doon.

VICKY: Pag nandoon na tayo, parati na lang tayong kumakanta, sumasayaw, tumatawa.

CHESCA: Lao, ano pa'ng hinihintay mo? Bakit hindi ka pa kumukuha ng masusukat na costume para sa iyo?

LAO: Sabi ng mga magulang ko, binomba ng mga Amerikano ang aming lugar noong bata pa sila.

VICKY: Giyera noon. Siyempre may mga eksenang ganyan. 'Yung bayan din namin binomba ng mga Amerikano dahil gusto nilang ipagtanggol ang demokrasya. 'Yun ang sabi.

CHESCA: Wala nang giyera. Kaya nga heto, binibigyan tayo ng trabaho ng Amerika.

VICKY: (*Kay Lao.*) Wala rin bang magkasyang costume sa iyo, Lao?

LAO: Hindi ko alam. Ayaw ko na yatang magtuloy dito. Hindi ako bagay.

VICKY: Ano ‘yan. Joke na naman.

LAO: Naisip ko lang kasi ang kuwento ng Unggoy at ang Buwaya. Baka hindi ako tatanggapin dun.

VICKY: Sinong nagsabi sa iyo?

CHESCA: Ang sabi sa akin, tinatanggap ang lahat sa Amerika.

LAO: Tulad ng pagtanggap sa atin sa Mysteryland?

VICKY: Yes!

CHESCA: Oo!

LAO: Pero bakit nila tayo pinapa-audition? Bakit hindi na lang tayo kunin. Hindi lang tayong tatlo kundi ang lahat ng mga nakapila sa labas.

CHESCA: Kasi ang kailangan lang nila ay ang marunong kumanta at sumayaw.

LAO: Paano kung may punto ka.

VICKY: E di pagsisikapan kong iwala ang punto ko.

LAO: O kaya masyado kang mukhang matapang.

CHESCA: Napag-aaralan naman ang mag-waltz di ba?

LAO: E, paano ang mga tao sa pilang nasa likuran natin? Kailan sila makakapagtrabaho sa Mysteryland?

VICKY: Hindi na natin problema ‘yun. Heto o, bagay sa iyo ang costume na ito.

LAO: Huwag tayong masyadong umasa. May kutob ako na ibibigay nilang lahat ang mga roles doon sa mga Filipino.

CHESCA: Naman, e! Walang basagan ng trip!

VICKY: Bawiin mo. Ito naman o.

LAO: Pero totoo. Pansinin niyo. Sino ang gumanap na Vietnamese doon sa sikat na musical tungkol sa Saigon.

VICKY: Filipina.

LAO: Sino ang gumanap na batang lansagan na Pranses sa musical na *Les Miz*—

CHESCA: Filipina
VICKY: At yung Hapon na babae sa musical na *Allegiance*—
CHESCA: Filipina na naman.
VICKY: Nagkataon lang ‘yun. Lao, huwag kang masyading nega.
LAO: Magagaling kasi kumanta ang mga Filipino. Marunong silang mag-waltz. Magbura ng punto sa pananalita. Para bang ... ang galing nilang magpanggap na mga Amerikano.
CHESCA: E, hindi na sila uubra sa amin ni Vicky dahil gagalingan namin. Di ba Vicky?
VICKY: Tama! Ano ba itong mga costume na ito. Masyadong malalaki ang mga size.
CHESCA: Wala ring magkasya sa akin.

(Darating si Al. Makikita niya ang dalawang babaeng nakasuot ng mga costume na halatang malalaki para sa kanila.)

AL: : Ok. Let me see—

(They strike a pose in their ill-fitting costumes.)

AL: Naku! Naku! Sabi ko na nga ba.
VICKY: Sir, ano po ang ibig niyong sabihin?
AL: Nakita niyo na ba ang sarili niyo sa salamin?
CHESCA: Bakit? May problema ba?
AL: The problem is that ... You’re looking at it.
LAO: Tinutukoy niya ang mga costumes niyo.
AL: And obviously they don’t fit you.
CHESCA: Malaki lang nang konti.
AL: Tumpak!
VICKY: Pero magagawan ko ‘yan ng paraan.
AL: Yes, you can. But you’re not allowed.
CHESCA: Bakit hindi.

AL: Because that's the rule.

(Maiinis si Vicky.)

LAO: Ganoon lang? That's the rule?

AL: You ask too many questions.

LAO: Baka kailangang sagutin mo din naman paminsan-minsan.

VICKY: Hindi ako aalis dito hanggat di mo naipapaliwanag kung bakit di ko puwedeng ayusin ang costume na ito.

AL: Thank you, and better luck next time.

(Mag-aastang magma-martial arts si Chesca. Hindi makakapalag si Al.)

AL: Kasi standardized ang mga palabas! 'Yan ang dahilan. Iisa lang dapat ang size ng mga actors at dancers ng Mysteryland na naayon sa sukat na naitalaga. That's why the performer must fit the costume. And not the other way around.

CHESCA: Ang ibig mong sabihin mas mahalaga ang costume kesa sa tao?

AL: Ganyan talaga. Kung hindi kasya sa iyo ang costume, hindi ka magiging bagay sa mga tampok na mga roles sa Mysteryland. Now, can you please go. You're holding up the line.

VICKY: Ano naman 'yun.

AL: Yeah. How stupid is that, right?

LAO: Very stupid.

AL: It's not my rule. I just work here. C'mon guys. Don't make it harder on yourselves. Or me.

VICKY: Bakit hindi mo na lang kami sinukatan agad?

AL: E di ba sabi ko naman. Di niyo siguro narinig kaya nagpumilit kayo. Ang sabi ko: But I am warning you, if you want to work in Mysteryland, you have to abide by Mysteryland rules. AND you must pass the number one requirement—kailangang magkasya kayo sa costumes.

(Back to the present.)

AL: This happens all the time in these auditions. People don't listen. Instead they believe what they want to believe and then get frustrated when they find out the truth.

(Chesca is stunned. Vicky starts to pack her things. Lao takes a deep breath.)

VICKY: Ang tanga-tanga ko...

CHESCA: Nasayang ang lahat.

VICKY: Ano'ng mukhang ipapakita ko ngayon?

CHESCA: Ni wala akong perang pambili ng tiket sa bus.

(Makikita niya kung gaano kalungkot ang mga bata sa balita niya.)

AL: Kung gusto niyo may ibang costumes na babagay sa inyo. Pumili na lang kayo dito sa rack na ito.

(Maghahalukay uli sila ng costumes.)

LAO: Ano'ng mga costume yan?

CHESCA: Receptionist?

VICKY: Waitress?

LAO: Security guard?

VICKY: Saang mga musical ito?

CHESCA: May mga ganitong karakters ba sa Mysteryland?

LAO: Hindi pa ba klaro sa inyo. Ang costumes na kasya at babagay lang sa atin dito ay—

VICKY: May costumes ng mga taga-silbi.

(Papasok si Al.)

- AL: O hayan naman pala. Kasyang-kasya sa inyo. O ano, Puwede na ba kayong mag-umpisa bukas?
- CHESCA: Ok na siguro ito.
- LAO: Tekang lang. Puwede naman huwag nating tanggapin ang mga roles na ito.
- CHESCA: Ikaw siguro.
- VICKY: Sasama na rin ako sa iyo, Chesca.
- LAO: Pag kinuha natin ito. Pag pumayag tayong maging receptionist, waiter, security guard, hindi tayo kasama sa totoong palabas. Naiintindihan niyo, di ba? Paano na lang ang mga pangarap nating maging artista sa entablado.

(Sandaling katahimikan.)

Maari bang bago natin gawin 'yan, samahan niyo akong magpalabas tayo ng isang huling beses. Bilang pamamaalam.

- AL: Ano namang paandar ito?
- LAO: Para maipakita rin natin ang totoong kakayahan natin kay Mr. Al.
- AL: Maski na ano'ng gawin niyo, hindi kayo mabibigyan ng roles sa totoong palabas, ok?
- CHESCA: Ano'ng dula ito?
- VICKY: May role ba ako diyan?
- AL: May role tayong lahat dito.

(Tutunog ang pasakalye ng musical—mga tunog ng Southeast Asian music. Magbabago ang set. Mag-uumpisa ang finale production number.)

Kakanta sila.

UNG UNGGOY: Noong unang panahon,
may nakatirang mga unggoy
sa mga puno ng isang munting kakahuyan.

(Papasok ang mga unggoy. Kasama na dito ang mga mananayaw at sina Vicky, Chesca, at Lao.)

NG UNGGOY: Masagana ang kanilang lugar
sa saging at ibang prutas.
Ngunit paminsan-minsan
binibisita ng malas.

(Papasok ang mga buwaya na mukhang nangangaso ng makakaing unggoy.)

NG UNGGOY: Napagdidiskitahan sila
ng mga buwaya
na nakatira sa kalapit na ilog.

(May mahuhuling unggoy ang isang barkada ng mga buwaya at ito'y kanilang paglalaruan at kakainin.)

GOY UNGGOY: Que sera sera.
Ganyan lang ang buhay sa Unggoy Land.
Karipas lang ng takbo sa puno
Ang sasalba sa kanilang buhay

(Nasa puno sina Chesca, Vicky, at Lao na nanghihinguhan.)

CHESCA: Tingnan niyo mga kapatid. Ang ganda ng mga ilaw sa kabila ng ilog.

(UNGGOY)

VICKY: Ang sabi nila mas sagana raw ang buhay diyan.

(UNGGOY)

CHES UNGGOY: Balita ko din. Walang mga buwayang nang-iistorbo. At puno ng mga bagay na gusto natin.

LAO: Paano naman kayo makakarating sa kabilang pampang. Di kayo (UNGGOY) marunong lumangoy.

VICK UNGGOY: Sumama ka bukas. Meron akong naisip na paraan.

UNG UNGGOY: Kinaumagahan, sa pampang ng ilog, naglalaro ang mga buwaya kasama ang kanilang kuya.

MGA BUWAYA: (*Nagtuturuan sila kung sino ang magiging kuya.*) Ikaw na. Ayoko nga. Ako ang bunso. Ako ang mahiyaing buwaya. E, sino ang magiging—

(*Maamong hihilahin ni Lao si Al na nanonood lang sa tabi.*)

AL: Maari bang kayo na po ang maging kuya nila?

MGA BUWAYA: Oo. Siya na. Mukha naman siyang buwaya.

(*Kunyari ayaw pa daw ni Al pero pagbigay ng costume sa kaniya, mahihiligan na rin niya.*)

AL BUWAYA: Sige na nga. (*Saglit.*) (*Papasok sina Vicky, Chesca at Lao bilang mga unggoy. Uduyukin ni Lao na mangusap si Al Buwaya.*)

(*Kakanta.*)

AL BUWAYA: Tingnan niyo. May naaamoy akong papalapit

Kaaya-ayang halimuyak ng karne

Pumpon ng ligaya sa umaga

LAO UNGGOY: Sinasabi ko sa inyo,

hindi ito magandang plano.

CHES UNGGOY: Huwag ka ngang manghina ang loob.

Ni hindi mo alam ang balak ng kapatid.

VICK UNGGOY: Excuse me... Excuse me...

(*Magtitilam-tilam ang mga buwaya. Kakalmahin sila ni Al Buwaya.*)

AL BUWAYA: Chill lang kayo mga kapatid. Huwag kayong mukhang excited at baka makatakas pa ang ating pananghalian.

VICKUNGGOY: Sino sa inyo ang puwedeng tumulong sa amin na pumunta sa kabilang pampang.

CHES UNGGOY: Gusto naming manirahan sa ibayo.

AL BUWAYA: You came to the right place. Swim na kayo. Ako ang bahala.

VICKUNGGOY: Uhmhm. ‘Yan ang problema. Di kami marunong lumangoy.

(Magsasayawan ang mga buwaya. Kakalmahin sila ni Al Buwaya.)

AL BUWAYA: Ganoon ba?

CHES UNGGOY: Please Mr. Buwaya. Meron ba kayong alam na tulay o daan papunta roon?

BOO BUWAYA: Malakas ang ilog kaya’t parating naaagos ang mga tulay.

WAY BUWAYA: At wala ng mga bangka kasi takot ang mga bangkerong makain sila naming mga buwaya.

LAO UNGGOY: O ‘yun naman pala. Tayo na mga kapatid. Sa ibang panahon na lang tayong pumunta sa ibayo.

(Aalis sina Lao.)

AL BUWAYA: Meron din namang ibang paraan.

VICKUNGGOY: Meron?

(Kakanta.)

AL BUWAYA: Meron paraan. Puwede naman
Kung sasakay lang kayo sa aming likuran
Maabot ang kabilang pampang.

CHES UNGGOY: Talaga?

AL BUWAYA: Talagang-talaga.

VICKUNGGOY: Tara!

(At bago pa makagalaw si Lao Unggoy, sasakay na sina Vick Unggoy at Ches Unggoy sa likod ng mga buwaya na agad lalangoy sa gitna ng ilog. Dance number dito.)

AL BUWAYA: Teka. Bago namin kayo ibaba sa kabilang pampang. Hindi pa pala natin napag-uusapan ang bayad ng pagtawid niyo sa ilog.

CHES UNGGOY: May kapalit?

VICK UNGGOY: Bakit hindi niyo sinabi agad.

AL BUWAYA: Kayo itong atat na atat na makatawid, hindi niyo kami binigyan ng pagkakataong sabihin ito sa inyo.

CHES UNGGOY: Naku, wala kaming maibabayad sa iyo. Simpleng unggoy lang kami.

VICK UNGGOY: Ibalik niyo na lang uli kami kung saan niyo kami kinuha.

AL BUWAYA: Naku, may problema tayo diyan. Nasa gitna na tayo ng ilog. Hindi niyo na nga kami mababayaran, pabalikin niyo pa kami sa pampang. Ano 'yun? Dalawang beses na pandurupang. Papayag ba tayo diyan mga bata?

(Mag-aalburoto ang mga kampon niyang buwaya.)

CHES UNGGOY: E, anong magagawa natin?

AL BUWAYA: E, wala akong magagawa kundi ibaba kayo sa gitna ng rumaragasang ilog. He he he!

(Dance production number. Sisisid ang mga buwaya. Malulunod ang mga unggoy.)

LAO UNGGOY: Teka. Teka. Sandali lang. Wala man kaming pambayad baka meron kaming maipagpapalit sa kabutihang inyong ibibigay!

(Iaahon ng mga buwaya ang dalawang unggoy.)

AL BUWAYA: Baka meron nga.

CHES UNGGOY: Ano'ng ipagpapalit namin. Sige. Sabihin mo lang.

AL BUWAYA: Gusto namin ang inyong mga puso!

(Magwawala ang mga buwaya.)

BUWAYA: Pusong Pusong! Gusto namin ang inyong mga pusong!!!

AL BUWAYA: Ano? Payag ba kayo? Ibibigay n'yo ang inyong puso kapalit ng pagtawid niyo ka kabilang ibayo?

VICK UNGGOY: Oo. Oo. Huwag lang mamatay.

CHES UNGGOY: Huwag lang malunod sa rumaragasang ilog.

AL BUWAYA: Puwes, ilabas ninyo na ang inyong mga puso para makain namin bago kayo ihatid sa kabilang ibayo.

(Ilalabas nina Vick Unggoy at Ches Unggoy ang kanilang mga puso. Pipigilan sila ni Lao Unggoy.)

LAO UNGGOY: Tekang lang. Nandito ang kanilang mga puso. Iniwan nila sa akin bago sila sumakay sa inyong likod.

NARRATOR: At ipinakita ni Lao Unggoy ang dalawang puso ng saging at sa malayo akala ng mga buwaya ay mga puso ng mga dalagang unggoy.

BUWAYA: Kung babalik kami riyang, gusto namin pati puso mo'y ipagpalit mo.

LAO UNGGOY: Ha? Sobrang naman kayo!

BUWAYA: Tatlong puso o malulunod ang mga kaibigan mo.

LAO UNGGOY: Sige na nga. Oo. Payag na ako. Hetong kunin niyo. Tatlong puso ng unggoy. Ibalik niyo ang mga kapatid ko at ibibigay ko ang kanilang mga puso. At dagdag na ang puso ko.

(Ipapakita ni Lao Unggoy ang pangatlong puso ng saging.)

NARRATOR: At nagtalo ang mga buwaya kung ano'ng gagawin nila. At dahil nabulag sila ng kanilang mga ganid.

AL BUWAYA: Sige. Babalik na kami.

(Babalik ang mga unggoy sa pampang. Nakahanda na si Lao Unggoy sa kanila.)

AL BUWAYA: Ihagis mo ang mga puso dito at ibaba ko ang mga kapatid mo.

LAO UNGGOY: Naku hindi puwede. Mababasag ang mga ito. At hindi masarap ang mga pusong pira-piraso.

AL BUWAYA: E, ano? E di say goodbye sa mga kaibigan mo.

NARRATOR: Nag-isip nang mabilis si Lao Unggoy.

LAOUNGGOY: Tekang lang. Handa na ako ryan. Naghandang ako ng elevator para masakyan mo.

NARRATOR: Ipinakita ni Lao Unggoy ang tali na may dalawang silo.

LAO UNGGOY: Sakay ka diyan...

NARRATOR: Sabi niya.

LAO UNGGOY: Iaakyat kita sakay ng aking mga kaibigan. At magpapalitan tayo.

NARRATOR: Nag-alburoto uli ng ang mga buwaya. Ngunit sa bandang huli...

AL BUWAYA: Sige na nga. Akala nila mauutakan nila ako. Pagdating ko doon, dadambungin ko sila at ang kanilang mga puso. At tingnan natin kung sino ang mas magaling.

NARRATOR: Sumakay ang malaking buwaya sa elevator na gawa ni Lao Unggoy. Ngunit madali siyang itinali sa nguso at buntot. At kapagdaka ay naitaas ni Lao ang bitag.

AL BUWAYA: Pakawalan n'yo ako! Pakawalan n'yo ako!!

(Kakanta.)

LAHAT: Nailigtas ni Lao
Ang mga unggoy na kapatid.
Na natuto sa kanilang karanasan.
At nakatakas din ang buwaya
sa bitag na kinasadlakan.
Sumumpang di titigil sa paghahanap
ng sariwang pusong makakain.
Sariwang pusong makakain.

(Magtatapos ang production number. Babalik sa dati ang lakas.)

- LAO: Aalis na ako.
CHESCA: Talaga bang ayaw mong tanggapin ang alok ni Mr. Al?
LAO: Sigurado ako.
VICKY: Susulat ka ha?
LAO: Naman.
VICKY: Tumawid ba uli ang mga unggoy sa ilog?
LAO: Makailang beses pa silang nagtangka.
CHESCA: Ano'ng nangyari sa kanila?
LAO: Nakadaong sila sa kabilang ibayo.
CHESCA: Talaga?
LAO: Oo. Pero pinagpalit nila ang kanila mga puso.

(Sinusuot nina Chesca at Vicky ang kanilang mga uniporme. Habang naglalakad papalayo si Lao. Kasama nila ang iba pang mga koro na nagsusuot na rin ng mga uniporme ng mga trabaho ng OFW—caregiver, domestic helper, band member, factory worker, teacher, etc.)

Huling kanta. Reprise. Iba ang areglo. Medyo malungkot na may mga South-east Asian melodic arrangement.)

- LAHAT: Dito nag-uumpisa ang lahat
Sa isang butil ng pangarap.
Isang makahiyang hakbang
Na may natatagong lakas.
- Kakanta ako hangga't gusto n'yo
Sasayaw ng walang kapaguran
Walang makapipigil sa akin
Gusto kong ibigin n'yo ako.

Walang bigat ang di ko kakayanin
Walang apoy ang makatutupok sa akin
Konting kembot na lang ang dapat gawin
Tamis ng tagumpay mapapasaakin.

(Dahan-dahang didilim ang entablado.)

WAKAS

Ang Romansa ni Magno Rubio

ni Lonnie Carter at Loy Arcenas
(mula sa maikling kuwento ni Carlos Bulosan;
dagdag na dayalogo ni Ralph Peña)
Tampok ang musika ni Fabian Obispo at Mike Velarde

Bernardo Bernardo

MGA TAUHAN:

Koro, 3-5 lalaki

Magno Rubio, sa magkakatulad ay nangunguna

Nick, ang ating Tagapagsalaysay

Claro, na naghahanap sa El Dorado

Prudencio, ang kusinero

Atoy, ang Pasimuno

Clarabelle

LUNAN:

Tirahan ng mga migranteng manggagawa. California

YUGTO 1, Tagpo 1: PAMBUNGAD

Sa gitna ng entablado ay may karatulang malaki kung saan nakasulat ang pamagat ng dula, ANG ROMANSA NI MAGNO RUBIO. Mula sa dilim, papasok ang mga manggagawa na may tangan-tangang mga kaputol na piraso ng yantok na mga tatlong piye ang haba. Iwinawasiwas nila ang mga ito sa hangin. Ito ang mga sandatang nakamamatay ng Arnis na siyang ginagamit sa larangan ng pakikipaglaban ng mga sinaunang Pilipinong mandirigma. Sa maikling panahon, ipapakita ng mga makabagong dalubhasa ang bilis, talino, lakas, at giting ng mapanganib na sining ng arnis.

Pagkatapos ng maikling demonstrasyon, maiiwan si MAGNO sa gitna ng entablado. Iikot ang malaking karatulang nagtataglay ng pamagat ng dula, sa likod nito ay nakasulat sa malalaking letra: NO DOGS AND FILIPINOS ALLOWED. Mapait ang tawanang sasalubong sa bagong karatula—pagkatapos ay haharapin ng mga tauhan ng dula si MAGNO, upang tudyuhin.

LAHAT: Magno Rubio, Filipino boy
Magno Rubio Fili-Pinoy
Magno Rubio por pit six intses tol,
Kung sa kanya nauukol, tiyak bubukol:
Kahit na maliit at di nakakahirin
Wala ring malaki na nakakapuwing!

Haharapin ng KORO ang mga manonood.

NICK: Kami’y mga pres op da bots, mga bagong salta
Dala-dala’y bayong, tampipi, at maleta

MAGNO: Hinarang ng mga sanamabits, mga anak ng pu—

PRUDENCIO: Tanging pangako’y “magandang trabaho, malaki ang kita?”

ATOY: “Good jobs are yours, wages so fine.
Sign your X’s and O’s on the dotted line.”

CLARO: “We love all Filipinos, especially you.
We treat you with respect and with dignity too.”

PRUDENCIO: Kaya dali-daling lumagda. . .

MAGNO: Ang iba, ekis ang iginuhit

CLARO: Nanginginig pa ang mga lintik, sa sobra-sobrang pananabik...

LAHAT: na para bang matitikman, sarap ng unang halik,

NICK: Sa Amerika, ang bayan ng pukyutan at crema

MAGNO: Nakilala ang bagong amo

PRUDENCIO: Sa pangkat ni Foreman Peña

CLARO: Tumalon sa likod ng isang pik ap trak,
Patungo sa kampo, sa daang lubak-lubak

ATOY: Kaming lahat ay napa-Hesus, sa tirahang dinatnan

NICK: Barong-barong na mapanghi at mukhang gipuspos
MAGNO: Tiyak bahay ng mga manok na napeste, natipos
NICK: At ang higaan namin—kutson na yero,
PRUDENCIO: sahig na kahoy
CLARO: lupa,
MAGNO: at semento—
ATOY: Bagsakan ng butong laging nananakit,
LAHAT: Tambakan ng mga pangkat na kung matulog dikit-dikit
CLARO: Gising na kami sa pagtilaok,
NICK: Dirediretso na sa bukid,
MAGNO: Nakayukong namimitas
PRUDENCIO: Maghapon—walang patid
LAHAT: Matiyaga’t walang reklamo—tila maamong kalabaw
CLARO: Babalik lang sa bahay-manok, kapag lubog na ang araw.
ATOY: Kami ma’y me hinanakit o dalang galit sa dibdib
NICK: May oras pa ring tumawa, sa kalokohang naisisingit.
PRUDENCIO: Nguni’t isa sa pangkat, sa gitna ng pangingitngit,
CLARO: Ang isa sa mga Manong ay walang malay na paslit.
LAHAT: Siya si Magno Rubio,
Magbubukid na walang takot
Inaakyat bawa’t bundok
Nang walang sawa at walang pagod.

Magmamartsa ang KORO at gagawing wari’y Tambol Mayor si MAGNO sa isang paradang pang-nayon.

ATOY: Magno Rubio,
LAHAT: Filipino boy
ATOY: Magno Rubio
LAHAT: Fili-Pinoy
Magno Rubio por pit six intses tol
Kung sa kaniya nauukol, tiyak bubukol
Kahit na maliit at di nakakahirin

MAGNO: Wala ring malaki na nakakapuwing!

Ipiprisinta ng KORO si MAGNO sa mga manonood.

ATOY: Ulo man niya'y maliit,
At mga biyas niya'y bansuswit.

MAGNO: Ako'y batang barako

NICK: na doble ang sipa, sobra ang init

PRUDENCIO: Kumakayod sa San Jose, kinikita'y sentimos

MAGNO: Beinte singko lang 'sang oras,

LAHAT: Kaya palagi nang kapos!

ATOY: Ulanin man o arawin, at palagi mang pagod,

CLARO: Ito'ng si Magnong maliit, hindi palaging malungkot.

NICK: Lihim niya, araw-araw, ang umasa't kumapit,

ATOY: Sa pantasyang may dalaga na sa kaniya ay iibig

PRUDENCIO: Minsan, sa pag-inom niya ng alak at serbesa
Binuklat ang magasin na panay larawan ng dalaga

NICK: Sinipat niya at sinuri, bawa't larawang naka-linya

CLARO: Nang biglang napahiyaw,

MAGNO: Tangina! Eto siya!!!

ATOY: Ayun na nga at nakangiti, sa likod ng magasin

MAGNO: Ang babaeng iibigin, kahit hindi pa nakikita.

PRUDENCIO: Mula sa Arkansas, Little Rock, siyudad ng Munting Bato,

ATOY: Isang babaeng taas at lapad ay doble-doble ng kay Magno.

CLARO: At ang kaniyang Binibining Panaginip?

ATOY: Isang higenteng lintik!

MAGNO: (tulala at nakangisi)
Eto na siya! Eto na siya! Eto na siya!

PRUDENCIO: Mga matang-isda ni Magno'y tila putik na kumislap

ATOY: Pumipintig sa dugo, na wari mo ay bubulwak

CLARO: Bumalikwas siya nang kay liksi,
Parang unggoy na nagnanasa

NICK: Pumangos ng tabako, at naglaway ang bunganga
ATOY: Biglang napaubo, sa paa niya napadura.
